# *Ang Diyos Ng Masamang Kapanahunang Ito*

[Sinasabi ni Kapatid na Ormann Neville, "Ang ulat na ito, pagkatapos ng pinagsamang pagpupulong ng lupon ng mga diyakono at ng mga tagapangasiwa ng tabernakulo nung Biyernes ng gabi, binabasa namin ang mga resolusyong ito na papatungkol sa bawat lalaki, sa bawat babae, na kinikilalang tagasunod ng pagmi-ministeryong ito, na nagnanais makaalam sa saloobin ng lupon, ng pastor at ng katulungang pastor. Akin pong binabasa ang mga resolusyong ito ngayong umaga. Ang bawat isa'y magbigay ng taimtim na pakikinig at pansin dito sa abot ng makakaya n'yo." Binabasa ni Kapatid na Neville ang sumusunod na resolusyon—Pat.]

["Ang mga resolusyong ito ay pinagpasyahan at ipinasa ng lupon ng mga tagapangasiwa, at ng mga diyakono nang may buong pagsang-ayon ng pastor at ng katulungang pastor.]

["Ang lahat ng mga teyp ng pangangaral ni Rev. William Branham ay gagawin ni Fred Sothman lamang, hanggang sa pagpasyahan muli ng lupon. Hindi namin kinikilala sa ngayon ang anumang ibang pagmi-ministeryong nagpapalabas ng teyp. Ang mga teyp na ito ay lisensyado, at hindi maaaring kopyahin at ipamahagi ng sino pa mang iba maliban kay Fred Sothman nang wala siyang kasulatang magpapahintulot.]

["Bilang ikalawa. Walang tao ang maaaring magdaos ng anumang pagtitipon, magbenta ng mga aklat o ng mga teyp, magsulat ng maliliit na babasahin, mamigay ng mga prayer cloth o card na anumang uri, o manghingi ng anumang kaloob, sila'y di kinikilala ng iglesyang ito o ng pastor dito. Ang mga taong ito'y nagpapanggap, at hindi binibigyan ng awtorisasyon na gawin ang gayon.]

["Ikatlo. Hindi nagpapadala ang iglesyang ito ng iba pang ministro maliban sa pastor nito, na si Rev. William Branham, upang magdaos ng mga gawain sa iba't ibang dako.]

["Ang mga kalakip na dahilan para sa mga resolusyong ito ay ang sumusunod:]

["Ipinaabot sa aming pansin na may mga ministrong lumilibot sa bansa't pumapasok sa iba't ibang pagtitipon, na ang pakilala nila'y konektado, at ipinadala raw sila ng iglesya rito para magdaos ng mga pagtitipon doon.]

["Ipinaabot din sa aming pansin na may mga taong nagi-imprinta ng mga card at maliliit na babasahin, nagpapadala

ng mga prayer cloth at iba pa, na mistulang ginawaran sila ng kapahintulutan upang gawin ang mga bagay na ito ng iglesya rito at ng pastor dito, na hindi naman totoo. Makabubuti kung maipagbibigay-alam n'yo sa iglesya ang tungkol sa sinumang makikita n'yong gumagawa nito.]

["Ang mga resolusyong ito ay binasa at inaprubahan ng pastor na si Rev. William Branham, katulungang pastor na si Rev. Orman Neville, at ng lupon ng mga tagapangasiwa at ng mga diyakono."]

[Sinasabi ni Kapatid na Neville, "Pagpalain nawa kayo ng Panginoon." Sa panggabing gawain, 65-0801E, binabanggit ni Kapatid na Branham doon kung papaano pinagpasyahan ng lupon ng iglesya ang mga desisyong ito. Blangkong bahagi sa teyp.]

Things are possible, only believe;
Only believe, only believe,
All things are possible, only . . .

Iyuko natin ang ating mga ulo.

Minamahal naming makalangit na Ama, kami'y lubos na nagpapasalamat ngayong umaga na kami nga'y talaga namang nakaka panampalataya. Naging posible ito sa pamamagitan ng nabubong Dugo ng Iyong Anak, na si Jesus, na kami'y maging kabahagi ng Kanyang biyaya; at naging mga anak na lalaki at mga anak na babae ng Diyos, sa pamamagitan ng Kanyang pagtalima sa kamatayan doon sa krus, kami'y inaring-ganap sa pamamagitan ng pananampalataya sa Kanya at sa Kanyang pagkabuhay na mag-uli, at ngayon nga'y ang Banal na Espiritu ay bumubuhos sa aming mga puso.

2 Nagpapasalamat po kami para sa pagkakataon na ito na makaparito ngayong umaga upang ibahagi ang amin pong mga saloobin at ang aming pagsamba, maihayag ang damdamin sa pamamagitan ng mga awitin, mga patotoo, pagbabasa ng Mga Awit, pagbabasa ng Iyong Salita, at taimtim naming hinihintay ang Espiritu Santo na maghahatid sa amin nitong Mensahe na itinalaga para sa oras na ito. Iyong Ipagkaloob ito, Panginoon. Maging mabunga nawa kami sa pagparito namin ngayon. At sa amin pong paglisan sa gusaling ito, masabi nawa namin kagaya nung mga naglalakad dun sa Emaus, "Hindi baga nag-alab ang ating mga puso sa loob natin habang nangungusap Siya sa atin sa umagang ito?" Iyo pong ipagkaloob ang mga bagay na ito, Walang Hanggang Diyos, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

Makakaupo na kayo.

3 Magandang umaga, mga kaibigan, sa mga, sa mga narito sa tabernakulo at sa mga kaibigan natin diyan sa buong bansa, mula roon sa West Coast, muli ngayong umaga, hanggang dun sa East Coast, at maging sa norte at sa timog, sa mga nakatutok sa telepono.

4 Isang mainam na araw ito rito sa Indiana, medyo, maulap-ulap, malamig, maaliwalas. Puno po ang tabernakulo ngayon, hanggang dun sa bakuran at sa may mga dingding. Tayo nga'y talagang nananabik sa Panginoon na dadalawin tayo ngayong araw na ito. At umaasa kaming pinagkalooban kayo ng Diyos ng isang mainam na araw saan man kayo naroon. At ito nga'y isang mabuting araw, sapagkat ipinagkaloob ito ng Panginoon. Kahit ano man ang panahon, isa pa rin 'yang mainam na araw. Nagagalak tayong makaparito, nagagalak na mayroon pa rin tayong pagkakataon na ipahayag ang pananampalataya natin kay Jesus Cristo sa mundo. At nais nga nating kunin ang bawat pagkakataon na makukuha natin upang ibigay ang ating mga pagpapahayag ng Kanyang pag-ibig at ng mga bagay na Kanya ngang ginawa para sa atin. Ngayon tayo na't . . .

5 Inabutan po ako, kani-kanina, ng isang—isang pabatid para ipaalam sa inyo, at may mga ilan ding mga bagay ako rito na nais kong sabihin. At isa sa mga 'yan, itong pabatid na ibinigay sa akin patungkol dun sa pagpupulong ng lupon noong isang gabi. At may isang diyakono tayo rito sa iglesya na lumipat na ng tirahan sa Arizona, si Kapatid na Collins, ang mabait nating kapatid. At habang wala siya rito, sila, ang lupon, kanila pong itinalaga si Kapatid na Charlie Cox para humalili sa kanya habang wala siya. At si Kapatid na Charlie Cox nga'y pormal nang itinalaga ng mga tagapangasiwa . . . o ng lupon ng mga diyakono ng iglesyang ito, upang humalili sa katungkulan ni Kapatid na Collins, habang wala siya rito.

6 At may isang bagay pa akong nais sabihin, muli, nais ko kayong pasalamatang lahat, 'pagkat baka umuwi na ang ilan sa inyo bago ang gawaing pagpapagaling mamayang gabi, para sa maiinam na munting kaloob, mga regalo. Maraming pagkain ang dinala sa amin magmula nung naparito kami. At sampu ng maybahay ko't ako, at pamilya ko, pinasasalamatan po namin talaga ito nang lubos. Minsan nakakaligtaan kong magsabi ng kahit ano tungkol dito. Abala rin kasi, alam n'yo na. Ang isip ko'y napakaraming inaasikaso palagi. Nakikinita n'yo marahil 'yung ganun, maraming tao, hindi lang 'yung narito sa iglesya, kundi pati 'yung nasa iba't ibang panig ng mundo. Kita n'yo? At tunay ngang napakarami kong inaasikaso.

7 May nagbabanggit tungkol dun sa paghahandog nung mga bata, at 'yung gawaing pagbabautismo, at iba pa. Napakainam po ng mga 'yan. Sana magawa ko ito, ngunit sadyang patong-patong na talaga ang dapat asikasuhin, ako'y—ako'y halos wala ng panahon. Kinakailangan ko ngang panatilihin ang isip ko sa mismong, sa mismong Mensahe rito. Alam n'yo sinabi nga ng Biblia sa mga apostol, o . . . Ng mga apostol, pala, diyan po sa Biblia, ang sabi, "Humayo kayo, magsihanap nga kayo, sa inyo, nung mga lalaki na may mabubuting katunayan, at matapat at

puspos ng Banal na Espiritu, upang sila ang mag-asikaso sa mga gawain." At nabanggit ko 'yun kay Billy. . .

Sabi niya, "Ikaw ang maghahandog sa mga bata ngayon, daddy?"

Sabi ko, "Oh, naku!" Kita n'yo? Kung. . .Napakarami tayo rito na naghihintay na maihandog, at marami po, kaya babalik na lang siguro ako sa susunod at maglalaan ng isang araw na para lang sa paghahandog nung mga bata. At 'yan ang gusto ko sanang gawin, ngayon.

8 Pero nais naming pasalamatan muna ang bawat isa po rito mula sa aming mga puso; sampu ng aking maybahay, ako, at ang aming pamilya. Dinalhan kami ng mga tao ng mga de lata, mga sariwang bitsuwelas, mga pakwan, mga melon, oh, mga istroberi. Anuman ang puwedeng dalhin, dinadala nila ito.

9 May isa nga ritong mabait na kapatid na lalaki at kapatid niyang babae, noong isang araw, kanilang hinatiran kami ng isang napakalaking pabo. Hanggang ngayon kinakain ko pa rin 'yun. At kaya naman. . .Oh, at siguro'y dapat ko ngang ubusin 'yun bago ako umalis, sa palagay ko. Dahil kung hindi ko 'yun maubos, tiyak na ipapabalot niya 'yun para maiuwi namin. At kaya—kaya kami'y. . .Tunay kaming nagpapasalamat sa mga bagay na ito. Marami sa kanila'y kilala ko na; ang ilan naman ay di ko kilala. Nilalagay lang nila dun sa pasukan 'yung bigay nila habang pumapasok kami rito. At tunay ngang ikinasisiya ko 'yan ng loob.

At marami rito ang kakilala ko na. Ako nga'y. . .Marami na akong nakilala, at marami pa rin akong di nakikilala. Tiyak ko—ko namang nauunawaan 'yan ng lahat na nais ko—ko ngang mapuntahan ang bawat isa sa abot ng aking makakaya, pero isa lang ako. Kita n'yo? Kaya. . .hindi ako makapunta sa lahat. Ginagawa ko ang lahat ng nalalaman ko na puwedeng gawin para makapunta sa lahat.

10 Kaya, sumainyo nawa ang Diyos. Sigurado akong may Isa na sasainyo; 'yan nga'y si Jesus Cristo, at magagawa Niya 'yan. Siya lang ang nag-iisang Persona na sumasalahat ng dako. At Siya rin ang pinaka makapangyarihan, kaya nagagawa Niyang ibigay ang lahat ng pangangailangan. At, nakakaalam ng lahat ng bagay, nalalaman din ang pangangailangan n'yo, kung ano ang kailangan n'yo.

11 Sinisiguro ko sa bawat isa na wala akong. . .binibilisan ko po ito sa abot ng makakaya ko, mula pa nung pagdating ko rito kaninang umaga, at personal kong kukumustahin ang lahat sa abot ng makakaya ko. At kung. . .Sa mga di ko makukumusta nang personal, ang Diyos na pinakamakapangyarihan ang—ang siya ngang magpupuno sa bawat pangangailangan n'yo ayon sa Kanyang mga kayamanan sa Kaluwalhatian.

12 [Huminto si Kapatid na Branham, saka nakipag-usap kay Kapatid na Neville—Pat.] Hindi ko gaanong mabasa. Maaari mo bang basahin?

Isa itong bukod na pabatid na parang ganun. At sa palagay ko si Billy Paul marahil ang nagsulat nito. Katulad ko nga siya; hindi ko nga mabasa ang sarili kong sulat. At kaya may sarili akong paraan ng pagsulat. At kung titingnan n'yo ang ilan sa mga teksto ko rito, na isinulat ko rito, sa palagay n'yo kaya'y maiintindihan n'yo 'yan? [Ipinapakita ni Kapatid na Branham ang kanyang isinulat na teksto sa kongregasyon, at tumawa kasama nila—Pat.] May parang bituwin ako rito, tumatawid sa isang tulay, at kung anu-ano pa, hayan nga . . .

[Binabasa ni Kapatid na Neville ang isang pabatid—Pat.]

Kapatid na Adair, Adair ng Arkansas, makipagkita ka raw kay Rev. Pearry Green sa may likod ng simbahan kaagad-agad. Sige.

13 Ngayon, at isa pa palang bagay ang nais kong—nais kong ipabatid dito ito—ito ngang, mamayang gabi ay may gawaing pagpapagaling. Mananalangin po tayo para sa mga maysakit mamayang gabi, at kaya ako'y—ako'y nagtitiwala na paparito kayo.

14 At ipinapaabot namin ang aming pangungumusta sa lahat ng mga tao sa buong lupain, sa Pangalan ng Panginoong Jesus, na pagpalain kayo ng Diyos ngayong umaga. Ang ilan sa inyo ay magtatanghali na riyan. Diyan sa New York, nasa tanghali na. At diyan sa Arizona, sa West Coast, nasa mga alas siyete pa lang. Tapos sa dakong . . . At dito sa dako natin ay nasa gitna tayo. Kaya pagpalain kayo ng Diyos habang nakikinig kayo. Ngayon marahil . . .

Inilagay ko na ito sa puso ko, na sa dakong ito . . .

15 At hindi nga tayo pinahintulutan na gamitin ang bulwagan, at nung huli'y pinayagan naman tayo; maaari tayong magdaos ng isang gawain dun, pero hindi raw tayo makakapanalangin sa sinumang may sakit. Hindi ako—hindi ako . . . May iniatang na pagmi-ministeryo sa akin. Kinakailangan kong gawin kung ano ang sinasabi sa akin ng Espiritu Santo na gawin. Kaya sabi ko—sabi ko hindi puwedeng ganun, dahil gusto kong maging malaya na gawin kung ano ang sinasabi ng Espiritu Santo na gawin. Kita n'yo? Kaya naisip ko magtiis na lang tayo ng isang araw, kahit dito na lang, sa tabernakulo. At malamig naman ngayong umaga. Ginawan tayo ng Panginoon ng isang mainam na araw para sa atin dito, kaya nagpapasalamat tayo.

16 Ngayon, sa pagtupad nito, nagpunta ako rito sa layunin na ituro ang huling mga Mangkok, huling Pitong Mangkok, at ang huling Pitong Trumpeta, at ang huling Pitong Kulog, ng Aklat ng Apocalipsis, pagdudugtungin ang mga ito sa kapanahunang ito na kinabubuhayan natin; tapos susundan ng pagbubukas ng

Pitong Tatak, ng Pitong Kapanahunan ng Iglesya. Kaso, hindi tayo makakuha ng malaki-laking pagdarausan para maisagawa ito. Kaya naman umaasa akong—akong, sa madaling panahon na makakaya ko, tayo'y. . .makakakuha na ng lugar na sasapat para dun, dito man o sa Louisville, New Albany, o kaya naman magtatayo tayo ng tolda, para makapanatili tayo dun hangga't pinangungunahan tayo ng Panginoon na manatili.

17 Pero dito ngayon, kukunin ko ang pagkakataong ito para ipahayag sa mga tao ang aking paniniwala't pananampalataya sa Diyos, at pagkatapos ay dadalhin ko kayo sa oras na ating kinabubuhayan. At tungkol sa bagay na ito, hindi ito galing sa kung sinumang tao, anumang mga kredo, anupaman 'yan; ito'y kung papaano ko lamang nakikita ang Salita ng Diyos. At nung nakaraang Linggo nagkaroon tayo ng napakainam na pagdaloy ng Espiritu sa Salita. Napakahaba nun, at ayaw kong magtagal nang gaya nun sana; pero hindi natin alam kung anong oras tayo magkakatipun-tipon sa huling pagkakataon. At kailangan natin, gaya ng. . .nais natin. Nais ko, pala, gaya ng sinabi ni Pablo nung unang panahon, "Hindi ko ikinait ang pagsasaysay sa inyo ng buong Kapasyahan ng Diyos." Sinabi ni Jesus na wala siyang inilihim sa Kanyang mga alagad.

At ako nga'y, puspusang nakatuon na manatili sa ilalim ng pahid ng Espiritu Santo, upang tuklasin kung ano na ang—ang panahon, ang Mensahe ng kapanahunan, na tuloy nabibigo ako kung minsan na lumabas at gawin ang aking mga tungkulin bilang isang lingkod ni Cristo, bilang isang ministro. Subalit may ilan akong mga kalalakihang nagsusumikap na tulungan ako para maisagawa ito, na akin namang pinasasalamatan, ang lahat ng mga kapatid kong lalaki na mga ministro.

18 Ngayon, hindi ko naman gustong sapilitang patagalin ang mga tao. Kung kayo po, riyan sa buong dako na inaabot ng Mensahe, ay tatayo at titingnan ang paligid ng simbahang ito ngayong umaga, sa mga pasilyo, sa mga silid para sa mga bata, sa labas, sa mga nakatutok sa radyo, dun sa mga bus, sa mga trailer, at sa iba pa, at sa mga sasakyan, makikita n'yo kung anong problema. At sa bawat gawain nga'y, marami, marami ang nagsisipunta; at nagsisitawag, at kung anu-ano pa, hindi sila makapasok o makapunta sa paligid. At kailangan na talaga natin ng mas malaking espasyo para makaupo ang mga tao at maging maayos ang lagay nila.

At ang dalhin nga ang isang—isang Mensahe na sa palagay ko'y napakahalaga, palagay ko'y dapat nga tayo, ang bawat isa, na maging maayos ang lagay at nakaupo dapat, at nang sa gayon maayos na makapakinig; hawak ang ating mga lapis at papel, at mga sulatan at Biblia, at iba pa, upang ilista ang—ang importanteng mga bagay. Kaya naman sa ganyang lagay naisip kong bumalik sa panahon natin, na kinabubuhayan natin, at

sikaping talakayin ang mga bagay na ito na ating kakaharapin. At kakailanganin n'yo nga ang mga ito.

19 Kung paparito nga ako ngayon, o sa iba mang araw, o may sinumang ibang ministro, ang magsisikap na magdala ng isang mensahe para sa bayan, sa naghihingalong bayan kagaya ng estado natin ngayon, at nalalapit na talaga ang panahon, gaya ng paniwala ko para sa araw na ito; magiging mapagkunwari ako kung ang sisikapin kong dalhin dito'y isang bagay na sa tingin ko'y aaliwin lang kayo't laban naman sa Salita ng Diyos, o isang bagay na manghahatak ng marami, o—o parang ganun; Hindi ko—hindi ko nga. . .hindi ko nga matutupad ang bagay na dahilan kung bakit ako—ako naparito, na isang ministro ni Cristo. Ang nais ko nga'y dalhin ang isang bagay na sa palagay ko'y isang kapaki-pakinabang na magagamit n'yo, 'yung hindi lang ba basta matunghayan n'yo; kundi isang bagay na kung mamatay ako ngayon, bukas ay nakaangkla na ito sa puso n'yo upang magpatuloy kayo at maglingkod sa Diyos.

20 Ngayon nais kong sabihin na may isang bagay na handa nang mangyari. Sigurado ako riyan. Marami sa inyo rito ang naaalala marahil 'yung nagpunta sa akin si Kapatid na Junior Jackson nung malapit na kaming pumunta ng Arizona, tungkol dun sa panaginip niya. Kakaibang bagay! Ilan ang naaalala pa 'yun? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] At ibinigay sa atin ng Panginoon ang interpretasyon, at nangyari 'yun nang eksakto sa pagkakasabi nito. Ngayon, nakapanaginip uli siya nito-nito lang ng isa pang, panaginip.

21 At ang nakakapagtaka dun, isang lalaki ang naparito nung isang araw, mula Oregon. Hindi niya ako halos kakilala, at. . . nakapanaginip siya ng tungkol dun sa gayunding panaginip, na napanaginipan ni Junior Jackson, at—at sumadya nga siya para ikuwento sa akin. Hindi ko—hindi ko alam ang interpretasyon; hinihintay ko pa ang Panginoon. Pero alam kong magmumula 'yun sa Diyos. Tandaan n'yo po 'yan. GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Magmumula 'yun sa Diyos. Hindi ko alam kung ano 'yun. Talagang matindi ito, matindi talaga! Ang totoo nga n'yan, ayon sa—sa napanaginipan nung dalawa pong lalaki. . . Yung isa dun sa aking. . .marahil 'yung lalaki'y isang Baptist, Presbyterian. Marahil siya'y—siya'y narito ngayong umagang ito. Hindi ko alam. Narito nga siya nung isang araw. Hindi ko kilala 'yung lalaking 'yun.

22 Pero ikinuwento niya 'yung panaginip, na may mga luha sa kanyang mga mata. At natitigatig siya dahil dun. Sumadya pa siya rito galing Oregon, upang ipahayag 'yun. Dumating din si Kapatid na Jackson na ganoon din, ngayong umaga. Hindi sila magkakilala; ang isa'y, libo-libong milya ang layo sa isa pa, at ang dalawang panaginip ay eksakto talagang pumapatungkol sa iisang bagay. Ngayon nga'y hindi pa ibinibigay ng Espiritu Santo ang interpretasyon nun sa akin. Hindi ko alam kung ano

ang sasabihin ko dun sa lalaki. Subalit alam kong may bagay ang Diyos na handang gawin, at 'yun nga'y magiging napaka dakila sa ating mga mata.

23 Ngayon, sa Mensahe ngayong umaga, nais ko pong bumasa mula sa Aklat ng Mga Taga-Galacia. Hindi ako mangangaral o ano lang. . . Isa itong aralin na Sunday school. At ngayon, sa mga kalalakihan at kababaihan na nakatayo sa may dingding, at may gustong makipagpalitan ng puwesto at pauupuin kayo saglit, o parang ganun, ngayon, hindi n'yo ako magagambala; basta't tahimik lang po tayo. At sa mga nanay naman, kung iiyak ang maliliit nilang anak o parang ganun, siguro'y lalabas muna 'yung isa riyan sa silid ng mga bata para malaanan ng puwesto 'yung munting bata.

24 At ngayon kunin n'yo na po ang inyong lapis, Biblia, at humanda nang ilista ang ilang Kasulatan na ating babasahin. Ayaw kong madama n'yong nalilimitahan kayo. Ang nais ko'y madama n'yong—ang nais ko'y madama n'yong malaya kayong nakakaupo riyan at nakakapag-aral. At marahil ay may mga di kayo sasang-ayunan, at ayos lang 'yan. Subalit sinasalita ko lamang ito sa buong bansa ngayong umaga, upang ang mga tao na nananampalataya sa Mensahe na ipinagkaloob sa akin ng Panginoong Jesus para sa kapanahunang ito, ay malaman nila kung ano na ang nagaganap, at ipoposisyon ito sa Kasulatan.

25 Noong nakaraang Linggo ay nangusap tayo patungkol dun sa *Ang Mga Pinahiran Sa Huling Araw*. At sa mga, sinuman sa inyo, na nakikinig ng mga teyp, tiyakin n'yong makakakuha kayo nung teyp na 'yun. Hindi dahil gusto naming makabenta ng mga teyp; hindi 'yun ang iniisip namin. Ang iniisip namin ay maipamahagi sa labas ang Mensahe. Kita n'yo? Kita n'yo? Kung may player kayo ng teyp, magsama-sama kayo sa isang sulok, at pindutin 'yun, at makinig nang mabuti. "Ang mga pinahiran."

26 May mga naririnig kayong mga tao na titindig at sasabihin, "Oh, sabi ng Biblia, 'Sa huling mga araw, magsisibangon ang bulaang mga propeta at gagawa ng mga bagay na ito.'" Ganoon mismo ang Kasulatan. Kung ganoon ay saan 'yun magagamit? Kailangan kasing magamit 'yun nang tama.

Ngayong gabi nais kong mangusap tungkol, kung loloobin ng Panginoon, tungkol sa: *Ang Diyos Ay Nahayag Sa Kanyang Sariling Salita*, kung papaanong hindi dapat gamitin ang mata kung saan ang tainga dapat ang gamitin. Kita n'yo? Tulad ng paglilimbag ng buong Biblia, at, sa buong Bibliang 'yan, ay inilalarawan si Jesus Cristo. Kaya nais kong mangusap tungkol diyan mamayang gabi, kung loloobin ng Panginoon. At ngayon, kung hindi naman, sa ibang petsa na lang.

27 Ngayon sa Aklat ng Mga Taga-Galacia. At sa Aklat ng Ikalawang Mga Taga-Corinto 4:1 hanggang 6, pagkatapos ay Mga Taga-Galacia 1:1 hanggang 4, nais kong bumasa ng ilang

mga Kasulatan. Ngayon sa Mga Taga-Galacia 1:1 hanggang 4, "Si Pablo, na apostol," pansinin n'yo 'yung biglaang pagtigil diyan. Ang ibig sabihin ng *apostol* ay "isang isinugo," o, "isang misyunero."

> *Si Pablo, na apostol, (hindi mula sa mga tao, ni sa pamamagitan man ng tao, kundi . . . ni Jesucristo, at ng Dios Ama, na siyang sa kaniya'y muling bumuhay;)*
>
> *At ang lahat ng mga kapatid na mga kasama ko, sa mga iglesia ng Galacia:*
>
> Sumainyo *nawa ang biyaya at kapayapaang mula sa Dios* nating *Ama, at sa ating Panginoong Jesus Cristo,*
>
> *Na siyang nagbigay sa kaniyang sarili dahil sa ating mga kasalanan, upang tayo'y mailigtas dito sa kasalukuyang masamang sanglibutan, ayon sa kalooban ng ating Dios . . . Ama:*
>
> *Na sumakaniya ang kaluwalhatian magpakailan man. Siya nawa.*

28 Ngayon sa Aklat ng Ikalawang Mga Taga-Corinto, sa ika-4 na kabanata, at magbabasa tayo mula sa 1 hanggang 6, na mga talata.

> *Kaya nga sa pagkakaroon namin ng ministeriong ito, ayon sa aming tinanggap na kaawaan, ay hindi kami nanghihina;*
>
> *Bagkus tinanggihan namin ang mga kahiyahiyang bagay na nangatatago, na hindi kami nagsisilakad sa katusuhan, ni nagsisigamit man na may daya ng mga salita ng Dios; kundi sa pagpapahayag ng katotohanan ay ipinagtatagubilin ang aming sarili sa bawa't budhi ng mga tao sa harapan ng Dios.*
>
> *At kung ang aming evangelio ay natatalukbungan pa,* ito'y *may talukbong sa mga napapahamak:*

Kung hindi 'yan pumapatungkol sa pagtatalaga, hindi ko alam kung ano pang papatungkol.

> Na *binulag ng dios ng sanglibutang ito ang mga pagiisip ng mga hindi nagsisisampalataya, upang ang kaliwanagan ng evangelio ng kaluwalhatian ni Cristo, na siyang larawan ng Dios, sa kanila'y huwag sumilang.*

Kagaya nga noon sa halamanan ng Eden, "Itataboy sila palayo, baka hipuin pa nila ang Punongkahoy na iyon."

> *Sapagka't hindi namin ipinangangaral ang aming sarili, kundi si Cristo Jesus na Panginoon; . . . kami ay gaya ng inyong mga alipin dahil kay* Cristo.
>
> *Yamang ang Dios, ang nagsabing magniningning ang ilaw sa kadiliman,* na *siyang nagningning sa aming*

*mga puso,* at *magbigay ng liwanag ng pagkakilala sa kaluwalhatian ng Dios sa mukha ni Jesus Cristo.*

29 Amen! Ito ang pagkabasa ng Salita! Ngayon, ang teksto ko ngayong umaga, ay: *Ang Diyos Ng Masamang Kapanahunang Ito*. Gaya ng nabasa natin kanina sa mga Kasulatan, "ang diyos ng sanlibutang ito, ng masamang kapanahunang ito." Ngayon, tinutukoy ng Mensaheng ito ang mga kasamaan ng masamang kapanahunang ito, at ito'y akmang-akma sa propesiya para sa masamang kapanahunang ito.

At naniniwala akong ang bawat . . . na ang Biblia nga'y may katugunan para sa bawat kapanahunan, na nasusulat na rito sa Biblia, para sa mananampalataya ng naturang kapanahunan. Naniniwala akong ang lahat ng kailangan natin ay nasusulat na *Rito* mismo, kinakailangan na lang ipaliwanag ng Espiritu Santo. Hindi ako naniniwalang may karapatan ang sinumang tao sa lupa na maglagay ng sarili niyang pagpapaliwanag sa Salita. Hindi kailangan ng Diyos ng kahit sino para ipaliwanag ang Kanyang Salita. Siya ang Sarili Niyang tagapagpaliwanag. Sinabi Niyang ganoon ang gagawin Niya, at ganoon nga ang ginagawa Niya.

30 Gaya ng makailang ulit ko nang sinasabi. Sabi Niya, "Isang dalaga ang maglilihi," sinalita Niya 'yun sa pamamagitan ng mga labi ng isang propeta, at naglihi nga ang dalaga. Hindi na kailangan ng sinuman para ipaliwanag pa 'yun. Sa pasimula, sinabi Niya, "Magkaroon ng liwanag," at nagkaroon nga. Hindi na kailangan ng sinuman para ipaliwanag pa Ito. Sabi Niya, "Sa huling mga araw, ay ibubuhos Niya ang Kanyang Espiritu sa lahat ng laman," at ginawa nga Niya. Di na kailangan ng kahit ano para ipaliwanag pa Ito. Sabi Niya, "Sa huling mga araw, ang mga bagay na ito" (na nakikita na nating nagaganap ngayon) "ay paririto." Hindi na nito kailangan ng anumang pagpapaliwanag. Naipaliwanag na ito. Kita n'yo?

31 Ngayon, pansinin n'yong mabuti ngayon sa pag-aaral natin dito sa Salita. *Ang Diyos Ng Masamang Kapanahunang Ito*, na kinabubuhayan natin ngayon. Marahil parang kakaiba yata, nakapagtataka nga na, sa panahong ito ng biyaya, kung kailan, "Kumukuha ang Diyos ng isang bayan para sa Kanyang Pangalan," na Kanyang Nobya, ang masamang kapanahunang ito'y tatawaging panahon ng kasamaan. Ang mismong panahon na "tatawag ang Diyos ng bayan para sa Kanyang Pangalan," sa pamamagitan ng biyaya, palabas, ay tatawaging masamang kapanahunan. Ngayon, patutunayan natin sa Biblia na ito na 'yung kapanahunan na tinutukoy Niya. Nakapagtataka ngang isipin, na sa isang masamang kapanahunan na tulad nito, ang Diyos ay tatawag ng Kanyang Nobya.

32 Pansinin n'yo, ang sabi Niya, "isang bayan," hindi "isang iglesya." Bakit? Gayong, ang tawag nga Rito'y Iglesya, subalit

tatawag daw Siya ng "isang bayan." Ngayon, ang iglesya nga'y pagtitipon ng maraming tao na iba't iba ang katangian. Ngunit tatawag ang Diyos ng isa rito . . . Hindi Niya sinabi, "Tatawagin Ko ang mga Methodist, Baptist, Pentecostal." Ang sabi Niya'y tatawag Siya ng isang bayan. Para raw saan? Sa Kanyang Pangalan. Kita n'yo, isang bayan; isa mula sa Methodist, isa mula sa Baptist, isa mula sa Lutheran, isa mula sa Katoliko. Kita n'yo?

Pero Siya'y tatawag, hindi ng isang iglesyang grupo, kundi ng "isang bayan para sa Kanyang Pangalan," na tatanggap sa Kanyang Pangalan, ipagkakasundo sa Kanyang Pangalan, tutuloy sa kasalan upang maikasal sa Kanya, upang maging bahagi Niya, kita n'yo, sa pamamagitan ng isang pagtatalaga. Katulad ng isang lalaking pumipili ng tamang asawa sa buhay, naitalaga na noon pa man upang maging bahagi ng kanyang katawan. Kaya, hayan nga, ang Nobya ni Cristo sa hinaharap, at sa kasalukuyan, mula pa noong una, itinalaga na ng Diyos upang maging bahagi nung Katawan na 'yun. Kita n'yo? Oh, napakayaman nga ng mga Kasulatan, punung-puno ng pulut-pukyutan!

33 Pansinin, di raw 'yung kung anong sinabi ng kung sinong tao, o 'yung tinawag ng kung sinuman; kundi kung anong pinili ng Diyos bago pa man matatag ang sanlibutan, at tinatawag na ang mga taong ito sa huling mga araw; hindi nga organisasyon. "Isang bayan para sa Kanyang Pangalan." At sa masamang kapanahunang ito Niya gagawin ang bagay na ito, sa mismong kapanahunang ito ng pandaraya.

34 Noong nakaraang linggo, sa Mateo 24, ito nga ang pinaka mapanlinlang na panahon sa lahat ng mga kapanahunan. Sa lahat ng kapanahunan ng panlilinlang, mula sa halamanan ng Eden, hanggang sa ngayon, wala nang kapanahunan na mas mapanlinlang pa kaysa sa kapanahunang ito. "Magsisilitaw ang mga bulaang propeta at magpapakita ng mga tanda at mga kababalaghan, anupa't kung maaari'y iligaw pati mga Hirang." Kita n'yo? Ngayon, basta na lang malamig, pormal, matitigas ang mga iglesya, at kung anu-ano pa, dahil sa teolohiyang gawa ng tao, na hindi man lang; hindi paglalaanan ng pansin ng mga Hirang. Pero ito ay halos katulad na katulad ng tunay na bagay. Ang kailangan mo nga lang gawin ay itanggi 'yung isang Salita. Yung ipinangako sa kapanahunang ito; napaka dakilang kapanahunan! Sa mga Cristiano, sa lahat ng dako, magsipag-ingat nga kayo sa oras na kinabubuhayan natin! Lagyan n'yo ng tanda 'yan at basahin, at makinig na mabuti.

35 Ano nga ang dahilan ng pagtawag ng Diyos ng isang bayan mula sa masamang kapanahunang ito, sa Kanyang Pangalan? Ang dahilan ay ito, upang subukin Siya, ang Kanyang Nobya. Ito'y para . . . Mahayag nga ang Nobya, masubok, mapatunayan, mapatunayan kay Satanas. Gaya noong pasimula, ay ganun din ito sa wakas.

36 Gaya nga ng kung papaanong nagsisimula ang isang binhi sa lupa, aakyat 'yun sa pamamagitan ng mga tagapagdala, 'yun ngang buhay nito, pero sa huli'y siya pa ring binhi 'yun dun na ibinaon nung una sa lupa.

At gaya ng pagkahulog sa lupa ng binhi ng panlilinlang, sa Eden, ay ganun din ang magiging kalagayan nito sa huling mga araw.

Kung papaanong ang Ebanghelyo noon ay nahulog nga sa pagiging denominasyon sa Nicaea, Roma, hahantong 'yun sa pagiging napakalaking organisasyon.

Kung papaanong nahulog noon ang Binhi ng Iglesya, na taglay noon ang mga tanda, mga kababalaghan, at ang buhay na Cristo sa gitna nila, hahantong 'yun sa huling mga araw sa ilalim ng pagmi-ministeryo ng Malakias 4, at ipanunumbalik muli 'yun dun sa orihinal na Pananampalataya na noon nga'y ibinigay.

37 Nakikita natin ngayon, na ang masamang kapanahunang ito ay upang patunayan, kay Satanas, na ang Nobya ay hindi tulad ni Eba, na hindi Siya ganoong klase ng babae. At Siya nga'y susubukin sa pamamagitan ng Kanyang Salita, ang Nobya, gaya ng kung papaanong sinubok ang nobya ni Adan sa Salita. At ang nobya nga ni Adan ay sumampalataya naman sa bawat katiting na bahagi nung Salita, lahat, subalit naguluhan sa isang pangako, na, "Siya'y siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman," ngayon, kita n'yo; haya't hindi siya pumasa sa isang pangako, sa ilalim ng panunukso nung kaaway, nang harap-harapan. At ngayon, ang bayang tinawag nga para sa Kanyang Pangalan, ay siyempre pa, ang Kanyang Nobya. Siya nga'y dadaan sa gayunding bagay; hindi sa pinanghahawakang katotohanan ng kung anong denominasyon lang o kung ano, kundi sa bawat Salita!

38 Kaya naman, dun sa pasimula ng Biblia, noong ibigay sa tao ang Salita ng Diyos upang ipamuhay. May isang Salita dun, na nilihis ang interpretasyon ng isang—isang tao na tinawag na Satanas, na nasa isang katauhan ng isang hayop na tinawag na serpiyente. Si Satanas, sa katauhang ito, ay nakausap si Eba, at nilihis ang interpretasyon ng Salita sa kanya, at napahamak. Kita n'yo, kaya naman sa bawat Salita talaga dapat Ito.

39 Dun naman sa kalagitnaan ng Biblia, dumating si Jesus at nagsabi, "Hindi sa tinapay lamang mabubuhay ang tao, kundi sa bawat Salita," nung tinukso Siya nga noon ni Satanas.

Ngayon, sinasabi ng Diyos sa atin dito sa huling mga araw, na, "Ang diyos ng sanlibutang ito ay babangon sa huling mga araw."

"At ang sinumang magdaragdag ng isang salita Rito, o magaalis ng isang Salita mula Rito, ay aalisin ang kanyang bahagi sa Aklat ng Buhay."

Mahabag ang Diyos sa atin! At huwag na huwag tayong lalakad na parang mga hambog, nakaliyad ang mga dibdib, taas-noo, nagmamarunong, sapagkat tayo rin naman minsan ay naging mga suwail. Tayo nga sa ating pagtataglay ng biyaya, at kabutihang loob, at damdamin sa ating puso sa Diyos, tayo'y dumulog na may pagpapakumbaba sa Luklukan ng biyaya.

40 Pambihira na nga ngayon, pagkatapos ng nasa labingsiyam na raang taon ng pangangaral ng Ebanghelyo, at ngayon siya, itong makasanlibutang sistema, ay mas sumama pa kaysa dun sa mga araw nung, narito pa Siya noon. Ang makasanlibutang sistema'y pasama nang pasama. Papunta na ang sanlibutan sa isang matinding sukdulan. Alam n'yo 'yan. Tinutupad na ng Panginoon ang Kanyang Salita sa lahat ng dako.

41 Kahapon, nakatayo. . .Umaasa akong ang butihing lalaki'y hindi. . .Di naman siya. Dumating nga ako roon kasama ang maybahay ko, at si Gng. Wood, si Kapatid na Roy Roberson, sa isang dako, si Kapatid na Wood, huminto muna kami rito sa isang munting Youngstown Shopping Center, para kunin 'yung —'yung padala kay Kapatid na babaing Wood. Tapos nun. . . habang nakatayo kami roon, may isang bata pang lalaki ang lumapit at nagpakilala, at di ko siya kilala. Tapos may isa pa roong lalaki na lumapit at ang sabi'y nanggaling pa raw silang Alabama yata 'yun, Georg-. . .Sa palagay ko'y Georgia, dahil natanong ko sila kung kilala nila ang ating Kapatid na Welch Evans. At nag-usap kami nang ilang minuto. At nung paalis na ako, tiningnan ako nung binatang 'yun. Habang papaalis na rin 'yung isa pang lalaki at 'yung maliit niyang anak na lalaki, tiningnan nga ako nung binatang 'yun. Sabi niya, "May gusto sana akong sabihin na isa pang bagay."

Sabi ko, "Isa—isa ka bang mananampalataya? Isa ka bang Cristiano?"

Sabi, "Hindi, ginoo." Sabi niya, "Ako'y. . . "

42 Hindi ko marahil mababanggit nang eksakto 'yung sinabi niya, pero hayan ngang may kaunting pagdududa sa kanya. Natanong ko siya tungkol dun sa mga bagay ng pagpapakita ng Anghel ng Panginoon. At sabi niya ay narinig na niya 'yung tungkol dun, pero di pa raw siya kailanman nakakapasok ng simbahan, sa simbahan dito. Sabi ko, "Naniniwala ka ba Rito?"

Sabi, "Opo, ginoo." Sabi niya, "May—may inaantabayanan ako nito-nito lang." Sabi, "Sinasabi sa akin ng mga tao 'yung tungkol sa mga hulang ito at mga bagay-bagay, at narinig ko sa teyp na inihula mo dun kung paano mawawasak ang California nang ganoon-ganoon lang." At sabi, "Nung makita ko 'yun sa pahayagan, noon din ay naniwala ako rito." Sabi niya, "Dadalo ako ngayong araw o bukas," ngayon po 'yun, "para sa una kong pagdalo."

Sabi ko, "Pagpalain ka ng Panginoon, iho," at sinimulan kong kamayan siya.

Sabi niya, "Ngunit may nais akong sabihin sa iyo na isang bagay, ginoo." Sabi niya, "Ako'y kung sa isang nawawala ay nawawala talaga." Sabi niya, "Para akong kusing na inilagay sa santambak na buhangin, nawawala!"

43 Sabi ko, "Ngunit hindi mo naman kailangang manatili sa ganyang kalagayan. May Isa ritong nakatayo ngayon na Siyang hahanap sa iyo sa sandaling handa ka nang magpahanap."

Sabi niya, "Handa na ako."

Sabi ko, "Maaari mo bang iyuko ang iyong ulo?"

Sabi niya, "Hindi po ako nahihiya."

At di lang 'yun, lumuhod din siya, doon sa paradahan na 'yun ng mga sasakyan, sa harapan ng lahat ng mga tao roon. Pinagtitinginan siya nung mga tao sa lansangan. Nanalangin kami kasama niya roon, hanggang sa ibigay na niya sa Diyos ang puso niya. Lumapit siya, na isang makasalanan; bumalik siya, na isa nang anak ng Diyos. Lumapit siya sa tabi ng kotse, na isang patay; at bumalik siyang, buhay na.

44 Sabi ko, "Bubuksan ang bautismuhan bukas."

> May isang Bukal na puno ng Dugo,
> Na mula sa mga ugat ni Immanuel tumutulo,
> Mga makasalana'y lumulubog sa agos ng dugo,
> Mga mantsa ng pagkakasala'y lahat naglalaho.

Sabi ko, "Tumayo ka't magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo, habang tumatawag ka sa Pangalan ng Panginoon. Pupuspusin ka ng Diyos ng Espiritu Santo, at pagkakalooban ka ng mga dakilang bagay na ito, at ipangyayari sa iyo na makita mo Ito."

45 Ano 'yun? Papunta na ang sanlibutan sa sukdulan. Bakit? Ang espiritu ng kawalan ng pagkilala sa kautusan, pagkabulok ng moralidad, mala-siyentipikong relihiyon, ay dinala na ito sa "kulungan ng bawat kasuklam-suklam at karumal-dumal na mga ibon," gaya ng sabi ng Biblia. Basahin natin, Apocalipsis 18. Habang sinisimulan natin ang puntong ito, kunin natin ang Apocalipsis 18:1 hanggang 5. Sa palagay ko'y nalagyan ko ito ng tanda.

> *Pagkatapos ng mga bagay na ito ay nakita ko ang ibang anghel na nananaog mula sa langit, na may dakilang kapamahalaan; at ang lupa ay naliwanagan ng kaniyang kaluwalhatian.*
>
> *At siya'y sumigaw ng malakas na tinig,* (ngayon kayo na mga nakapanaginip nung mga panaginip). . . *na nagsasabi, ang dakilang Babilonia ay* gumuguho, gumuguho, *at naging tahanan ng mga demonio,*

*at kulungan ng bawa't espiritung karumaldumal,. . . kulungan ng bawa't karumaldumal at kasuklamsuklam na mga ibon.*

*Sapagka't* nagsiinom *ang mga bansa ng alak ng galit ng kanyang* (ang iglesya) *ng kanyang* mga pakikiapid*; at ang mga hari sa lupa ay* nangakiapid *sa kaniya, at ang mga mangangalakal sa lupa* ay *nagsiyaman dahil sa kapangyarihan ng kaniyang kalayawan.*

*At narinig ko ang ibang tinig na mula sa langit, na nagsasabi, Mangagsilabas kayo sa kaniya, bayan ko, upang huwag* kayong *mangaramay sa kaniyang mga kasalanan,. . .huwag* kayong *magsitanggap ng kaniyang mga salot.*

*Sapagka't ang kaniyang* kasalanan ay *umabot hanggang sa langit, at naalaala ng Dios ang kaniyang* katampalasanan.

46 Napakatinding babala! Dinadala nito ang iglesya pabalik dun sa Apocalipsis 3:14, sa kapanahunan ng Laodicea, walang pagkilala sa kautusan; oo't relihiyoso, pero walang pagkilala sa kautusan. "Ikaw, sapagkat sinasabi mo, 'Ako'y mayaman, hindi ako nangangailangan ng anuman,' hindi mo nalalamang ikaw ay hubad, maralita, bulag, at hindi mo nalalaman 'yun." Saktong-sakto sa Kasulatan ng kapanahunang ito, hindi dun sa Kasulatan ng panahon ni Daniel, hindi dun sa kanila roon sa pangalan ni. . .sa panahon ni Noe, kundi rito sa pinaka huli't, masamang kapanahunan.

47 Pansinin rito, "Ikaw ay hubad." Hayaan n'yong tumimo 'yan sa inyo nang talagang malalim. Alam kong may makukuha akong malaking di pagsang-ayon sa kaisipang ito, pero narito na talaga't humantong na sa isang kalagayan na halos hindi na makapaglalakad ang isang Cristiano sa labas ng bahay niya't di siya malalagay sa kalagitnaan ng masamang kapanahunang ito, dahil sa mga kababaihan na di man lang nadaramtan nang sapat.

48 Kababaihan, sasabihin ko ito, at nais kong makinig kayo. At, kalalakihan at kababaihan, maaaring hindi kayo sumang-ayon dito, subalit nadarama kong may pangunguna sa loob ko na kailangan ko talagang sabihin ito. Alam n'yo ba, na ang babaing katulad nun na nagtatanggal ng kanyang pananamit ay wala sa tama niyang pag-iisip? Alam n'yo ba, na siya nga'y, paniwalaan man niya ito o hindi, o isipin man niyang hindi, siya nga'y isang patutot? Bagama't ang babaing ito'y tatayo na ang kamay ay nasa harapan ng Diyos at susumpang hindi siya kailanman nahipo ng kahit sino pa mang ibang lalaki kundi ng kanyang asawa lamang, at maaaring 'yun naman talaga ang totoo, subalit isa pa rin siyang patutot. Sinabi ni Jesus, "Ang sinumang tumingin sa isang babae na taglay ang pagnanasa ay

nagkasala na ng pangangalunya kasama niya." At 'yung babae nga'y marahil . . .

49 Kita n'yo, siya nga'y "hubad," sabi ng Biblia, "at hindi nalalaman ito." Ang espiritung pumahid sa kanya para gawin ang gayong mga bagay ay isang masamang, espiritu ng patutot. Ang panlabas niyang katauhan, ang pisikal niyang katawan, ang kanyang laman, siguro'y malinis nga siya. Maaaring hindi siya talaga nakagawa ng pangangalunya, at makakapanumpa pa sa Diyos na totoo talaga 'yun, na hindi nga siya kailanman gumawa ng ganun, ngunit ang espiritu niya'y isang espiritu ng patutot. Binulag siya nang husto ng diyos ng sanlibutang ito ng modernong pananamit; napaka hayag niyang manamit at tapos lalantad sa labas.

50 Nung isang araw, inilalagay namin ni Kapatid na Wood 'yung bangka namin dun sa ilog. Papaalis na ako ng bahay noon nang ilang minuto, para magpunta sa ilog. At kahit saan ka magpunta, ang mga babae'y nakasuot nitong napaka liliit na . . . ang tawag nila 'kinis o kung anuman 'yun, na nakasaplot sa kanila. Isa 'yung kahihiyan. Hindi maaaring nasa tamang kaisipan ang isang babae at pagkatapos magsusuot ng katulad nun. Inaalihan nga siya ng espiritu ng patutot. Ngayon, ayusin mo 'yan sa Diyos, binibini, 'pagkat matutuklasan mo balang araw na 'yan nga ang Katotohanan.

51 Papaano mo magagawa, na isa kang binibini, samantalang batid mo naman kung gaanong kasagrado ang katawan mo, at lalantad ka rito sa labas sa mga mapagnasa't, makasalanang mga diyablo na naglalakad sa mga lansangan ng panahong ito? Kung ang mga anak na lalaki ng Diyos ay mga anak na lalaki pa rin ng Diyos, ang asawa mo'y isa talagang anak ng Diyos, kanyang pagsusuutin ka nang maayos o iiwan ka niya. Kung ang isang lalaki'y anak talaga ng Diyos, hinding-hindi siya magpapakasal sa ganun. Kita n'yo?

Sasabihin n'yo, "Ika'y guma- . . . " Hindi.

Katotohanan nga itong sinasabi ko sa inyo, at balang araw ay kakaharapin n'yo Ito. "Hubad, mangangalunya; hindi ito nalalaman."

52 "Oh, isinusumpa ko na hindi ko nilabag kahit kailan ang panata ko sa asawa ko." Hahatulan ka ng asawa mo sa bagay na 'yan kung nilabag mo 'yun. Ngunit hahatulan ka ng Diyos sa kung anong uri ng espiritu ang mayroon ka sa loob mo; hindi ka hahatulan sa pamamagitan ng iyong katawan, kundi sa pamamagitan ng iyong espiritu, ang panloob na tao na 'yan.

53 Ang panlabas na tao'y isang katauhang pisikal na kinukuntrol ng anim na pandama . . . o limang pandama, pala. Ang panloob na tao'y isang espiritung tao na kinukuntrol ng limang pandama; budhi, at pag-ibig, at iba pa. Ang panlabas na tao naman; paningin, panlasa, pandama, pang-amoy, pandinig.

Ngunit sa loob ng espiritung ’yan ay isang kaluluwa, at kinukuntrol ito ng isang bagay, ng malaya mong pagpapasya. Maaari n’yo ngang tanggapin kung anong sinasabi ng diyablo o tanggapin kung anong sinasabi ng Diyos. At ’yun ang magiging palatandaan kung anong espiritu ang naroon sa loob. Kung Espiritu ito ng Diyos, manginginain Ito sa mga bagay ng Diyos, at hindi Ito kakain ng anuman sa sanlibutan. Sinabi ni Jesus, “Kung iniibig ninyo ang sanlibutan o ang mga bagay ng sanlibutan, ito’y dahil ang pag-ibig ng Diyos ay ni hindi man lang nakapasok sa kaloob-looban.” Nilinlang kayo ni Satanas. “Hindi sa tinapay lamang mabubuhay ang tao, kundi sa bawat Salitang lumalabas sa bibig ng Diyos.”

Pansinin n’yo ngayon, nalaman na nating siya’y “hubad,” mahalay at di nadaramtan.

54 At ang sanlibutan nga’y tila nasa pinakamasama na nitong panahon mula pa nung una. Hindi kailanman kumilos nang ganoon ang mga kababaihan sa alinmang kapanahunan, hindi nangyari ’yun kailanman maliban noong bago lamang wasakin ang mundo bago ang malawakang paglipol sa baha. At tinukoy ’yun ni Jesus. Tutungo tayo riyan maya-maya.

55 Nawalan nga ba ng kuntrol ang Diyos, o pinahihintulutan lang Niya ang ibang puwersa na kumuntrol? Napapaisip ako. Ang tunay na sagot sa tanong na ’yan ay, sa pananaw ko, may dalawang magkasalungat na espiritu sa sanlibutan ngayon, na kumikilos. Ngayon, hindi maaaring magkaroon ng higit pa sa dalawa, dalawang ulo. Ang Isa rito’y ang Espiritu Santo na kumikilos; at ang isa pa’y ang espiritu ng diyablo, at, sa huling mga araw na ito, ay nasa panlilinlang.

Ngayon ibabase ko ang mga kaisipan ko sa bagay na ’yan para sa nalalabing teksto, sa nalalabing bahagi. . .ng Mensahe natin.

56 Ang dalawang Espiritu. Ang Isa rito, ang Espiritu Santo ng Diyos; ’yung isa naman, ang espiritu ng diyablo, na kumikilos para manlinlang. Ang mga tao naman sa lupa’y gumagawa na ngayon ng kanilang pasya.

Narito nga ang Espiritu Santo na tumatawag ng Nobya para kay Cristo. Ginagawa Niya ito sa pamamagitan ng pagpapatibay ng Kanyang Sinalitang pangako sa Kanya, para sa kapanahunang ito, ipinapakitang Ito nga si Cristo.

Kung ang daliri ang dapat kumilos sa panahong ito, kikilos ang daliri. Kung ang paa ang dapat kumilos sa panahong ito, kikilos ang paa. Kung ang mata’y dapat makakita sa panahong ito, makakakita ang mata. Kita n’yo?

Ang Espiritu ng Diyos, na sa panahong ito’y yumabong na Ito sa kapuspusan ng sukat ng Diyos, ay ang kapanahunan na kinabubuhayan na natin ngayon. Narito ang Espiritu Santo na pinagtitibay ang Mensahe ng oras na ito. At ginagawa nga ito

ng Espiritu Santo, upang ang mga tao na nananampalataya'y tawagin nang palabas sa kaguluhang ito.

Ang masamang espiritu naman ng diyablo'y narito rin na tumatawag ng kanyang iglesya sa pamamagitan ng kamalian, gaya ng inaasahan, sa pamamagitan ng pagbabaluktot sa Salita ng Diyos, gaya ng ginawa niya noong pasimula. Masdan n'yo nga itong bumabalik muli sa panahong 'yun ng binhi uli, dun sa Eden? Heto nga itong muli.

57 Ngayon, pabalik doon, kayo'y kabilang-. . . dun sa ibang kapanahunan, kayo'y kabilang sa mga denominasyon, kabilang kayo sa *ganito*, *ganoon*, o sa *iba pa*. Ano na ngang nangyari dun sa denominasyonal na tangkay? Natuyo ito. Ang Espiritu nga'y patuloy na lumilisan at may paggalaw, at Ito'y patungo na dun sa Binhi. Nakita n'yo na?

58 At 'yung panunukso, sa dalawang ito'y, matutugaygay pabalik sa kung papaano ito noon dun sa pasimula. Pansinin. Huwag—huwag, huwag, huwag n'yong kalilimutan ito ngayon.

Gaya nung kay Juan, Unang Juan 4:5 at 6, kung gusto n'yo pong isulat 'yan, ang pagkakasabi niya dun, "ang espiritu ng kamalian."

Hindi lang basta lumabas dun si Eba, nang buong-buo, niyang sinabi, "Hindi ako naniniwala sa Diyos." Hindi. Isang kamalian lang ang pinaniwalaan niya.

59 Hindi lumitaw dun si Satanas at nagsabi, "Oh, buweno, ni hindi nga 'yan ang Salita ng Diyos." Aminado nga siyang Ito'y Salita nga ng Diyos, 'yun nga lang naglagay siya Roon ng sarili niyang interpretasyon. Na, malinaw namang sinabi ng Diyos sa kanila na huwag na huwag gagawin 'yun.

Ano bang idinudulot kasi nun? "Nagdudulot ng matinding panlilinlang, upang maniwala ang mga tao sa kasinungalingan, at mangahatulan dahil dito." Ngayon kung gusto n'yo pong basahin 'yun, Ikalawang Mga Taga-Tesalonica 2:11.

60 May ilan ako ritong, medyo marami-raming mga Kasulatan dito, at hindi natin mababasang lahat ang mga ito. Siguro'y paisa-isa lang, ibibigay ko ang mga ito sa inyo. Dahil baka may pag-aagam kayo, may tanong kayo rito o kung ano, at marahil mas mainam na banggitin natin ito at basahin para sa inyong—inyong ikabubuti.

61 "Nagdudulot ng matinding panlilinlang," gaya ng sinasabi ng Biblia na idudulot nito, Ikalawang Mga Taga-Tesalonica. "Anupa't, lilitaw ang taong makasalanan na ito, at mauupo sa templo, nagtatanyag sa kanyang sarili na tulad sa Diyos, at magdudulot sa mga tao na mapunta sa matinding panlilinlang, upang magsipaniwala sa kasinungalingan; at, sa paniniwala rito, ay mangahahatulan dahil dito."

Ganoon na ganoon din ang ginawa niya kay Eba. Binigyan siya . . . Hindi—hindi naman niya sinabi sa kanyang hindi tama ang Salita, kundi binigyan siya ng matinding panlilinlang, na naniwala tuloy ang babae sa kasinungalingan.

62 Ang espiritu ng panlilinlang ay sa diyablo. "Ang mga diyablo ngayon ay gumagawa sa mga anak ng pagsuway." Masuwayin sa ano? Ano nga ba ang sinusuway ng mga anak ng panahong ito? Gaya ni Eba, sa pasimula, ang tunay na Salita ng Diyos. Siyanga. Ngayon kung gusto n'yong ilista 'yan . . .

Buklatin natin dito, Mga Taga-Efeso 2, sandali lamang po ito, dahil mainam sigurong ating . . . Hihinto muna ako rito nang kaunti, kung di naman kayo masyadong nagmamadali, at babasahin lang ang ilan nito. Mga Taga-Efeso 2:1 hanggang 2.

> *At kayo'y binuhay niya, nang kayo'y* minsang *mga patay dahil sa inyong mga pagsalangsang at* kasalanan:
>
> *Na* inyong *nilakaran noong unang* mga panahon *ayon sa lakad ng sanglibutang ito, ayon sa pangulo ng mga kapangyarihan ng hangin, ng espiritu na ngayon ay gumagawa sa mga anak ng pagsuway:*

63 "Mga anak ng pagsuway." At kung ang anticristo, noong pasimula na 'yan ay musmos na pagsuway pa lang, sa ano kaya hahantong kapag dumating na dun sa katauhan ng anticristo? Magiging sukdulan na nga talaga ang panlilinlang! Higit ang kapangyarihan na makapanlinlang sa sanlibutan ng isang—isang matanda na, kaysa sa isang batang musmos! At sabi niya, "Ang espiritu ng—ng panlilinlang ay gumagawa na ngayon sa mga anak ng pagsuway," mga masuwayin sa Salita. Pansinin. Ngayon nais kong manatili rito pansumandali, "mga anak ng pagsuway," isang anak.

64 Alam n'yo ba, kayo, ang inyong pasimula, mapapatunayan ko sa pamamagitan ng Salita ng Diyos na kayo, ang sinuman dito, ay buhay na sa inyong lolo sa tuhod. At mula sa lolo n'yo sa tuhod, naisalin ka sa inyong lolo, pagkatapos sa inyong ama, at pagkatapos 'yung kayo na. Alam n'yo ba 'yun?

Sabi ng Biblia, naniniwala akong nasa Mga Hebreo 7 'yun, na, si Melquisedec, nung nagbalik si Abraham mula sa paglipol sa mga hari, "Ibinigay ni Abraham kay Melquisedec ang ikasampung bahagi ng lahat ng mga samsam." At hayan nga si Pablo na nagsasabi ngayon, na, "Si Levi, na tumanggap ng mga ikasampung bahagi, ay nasa ano pa lang . . . Nagbigay na siya ng ikasampung bahagi, sapagkat siya'y nasa mga balakang na ni Abraham noong salubungin niya si Melquisedec." Kaya ano man 'yang ginawa ni Abraham, ay gayundin si Levi na nakay Abraham na noon pa man, na kanyang lolo sa tuhod. Naging anak nga ni Abraham si Isaac; naging anak ni Isaac si Jacob; naging anak naman ni Jacob ang mga patriyarka, si Levi.

Ngayon, hayan nga't, makikita n'yo, malinaw na malinaw talaga riyan, ang paunang pagtatalaga.

65 Ngayon, sa mga Mensahe pong ito, nais ko nga na—na—na bigyan ng diin ang mga bagay na sinabi ko sa inyo sa Mensahe, patungkol dito sa Liwanag sa gabi na sinabi ng Diyos na darating sa lupa.

66 At pansinin n'yo, pagkatapos, "At ang hayop na darating sa lupa, kanyang dadayain ang lahat niyaong ang mga pangalan ay hindi nakalagay sa Aklat ng Buhay ng Cordero, na pinatay bago pa naitatag ang sanlibutan."

67 Sa sariling kaisipan ng Diyos; ang Diyos, ang dakilang Espiritu. Sa pasimula, bago pa magkaroon ng pasimula, ay Diyos na Siya, at alam n'yo bang kayo'y nasa Kanya na noon pa man? Kung kayo'y Cristiano ngayon, nasa Kanya na kayo noon pa man.

At pagkatapos, kung magkagayon nga, ang buong pagka-Diyos sa kahayagan ayon sa laman ay naanyuan sa Katauhan ni Jesus Cristo. At pagkatapos nung mamatay si Jesus sa krus, namatay nga akong kasama Niya, sapagkat nasa Kanya na ako noon pa man; sapagkat Siya ang buong kapuspusan ng Salita, na nahayag, na may kabatiran na tayo'y mahahayag pagkaraan ng ilang panahon. At nasa Kalbaryo tayo noon kasama Niya. Pumasok tayo sa libingan kasama Niya. At bumangon tayong kasama Niya at nasa Kanyang muling pagkabuhay. At ngayon tayo'y pumaitaas, sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu, doon sa Luklukan ng biyaya, na nangakaupo na sa mga Makalangit na dako kay Cristo Jesus. Magpakailanman!

68 Sapagkat gaya na lang nung binhi sa natural na buhay na babagsak sa lupa, sumisibol mula sa isang magulang patungo sa isang magulang, sa isang magulang, sa isang magulang, ay gayunding sisibol ang Buhay ni Cristo.

Iyon nga ang dahilan kung bakit ginagamit ng Diyos ang Espiritu ni Elias nang limang magkakaibang beses. Ano 'yun? Isa 'yung pagsasalin-salin.

69 Gaya na lang ng kung papaanong ang natural n'yong buhay at mga katangian ay nagpasalin-salin diyan sa natural na pagpaparami ng inyong tatay, ay gayundin 'yun sa Espiritu ng Diyos, na itinalaga na bago pa maitatag ang sanlibutan.

At noong ang buong Salita ng Diyos, sa buong kabuoan nito, ay naroon na sa isang katawang-tao na tinawag na Jesus Cristo, doon nga'y pinagbayad ako ng Diyos para sa aking mga kasalanan, sa Kanya roon. Pagkatapos ay Kanyang ibinangon ako, binuhay akong kasama Niya, sa muling pagkabuhay. At ngayon nauupo na tayong kasama Niya, taglay na ang lakas at kapangyarihan sa ibabaw ng bawat diyablo. Oh, kung maka sasampalataya lamang kayo sa ipinagkaloob na 'yan ng Diyos! Subalit kung hindi kayo nakaupo roon, wala talaga kayo nito.

At kung nakaupo kayo roon, at hindi ito sinasampalatayanan, at natatakot namang kumilos, hindi n'yo magagamit ito kahit kailan. Subalit kung nakaupo talaga kayo roon, gagamitin n'yo ito, dahil itinalaga na kayo para gawin ang dapat n'yo ngang gawin.

70 "Si Faraon," na naroon sa kabilang panig, "ay isinilang para sa layuning ito," sabi ng Biblia, upang maging Faraon. "Si Judas Iscariote ay isinilang na maging anak ng kapahamakan."

Ngayon pansinin n'yo po itong mga dakilang Katotohanang ito na ating malapit nang talakayin.

71 Ngayon nakita nating tinanggihan ng iglesyang tanggapin ang Salita ng Diyos na maghari sa kanila, at sa halip kanilang tinanggap si Barrabas. Ngayon, kung gusto n'yo ng Kasulatan para riyan, sa Mateo 27:15 hanggang 23. Anong idinulot nito? Anong idinulot ng kalagayang 'yan dito? Ngayon isipin n'yo ito. Noong ang pansimbahang daigdig, sa organisadong buhay nito ng mga matutuwid, banal na mga tao, gaya ng inaakala nila sa sarili nila, at sa mata ng mga tao, kanilang ipinako sa krus si Jesus, at nagsabi, "Hindi kami papayag na ang Tao na 'yan ay maghahari sa amin." At si Jesus nga ang buong kapuspusan ng Salita ng Diyos. Sa Unang Juan 1, sinasabi nga 'yan diyan. At sinasabi nga nila, "Hindi kami papayag na pagharian kami ng Salita ng Diyos." Gayong, Siya ang Salita, subalit bulag ang kanilang mga mata sa kung ano ba Siya talaga. Samantalang Siya ang direktang tugon sa bawat propesiya na magaganap sa Kanya.

Ngayon, lahat tayo'y naniniwala riyan, dahil binabalikan lang natin ito para makita kung ano 'yung nangyari noon. Pero kung ang sanlibutan, 'yung ngayon, ito ngang kasalukuyang masamang kapanahunan, ang siyang naroon nung panahon na 'yun, gagawin rin nila roon ang siya ring bagay na ginagawa nila ngayon, dahil ito'y ang siya ring Salita, na narito ngayon sa kapanahunang ito, na nahahayag. Gagawin niya talaga 'yun. Hindi puwedeng iba ang gagawin nila. "Sila'y mga anak ng pagsuway." "Binigyan ng isang matinding panlilinlang, upang magsipaniwala sa isang kasinungalingan, at mangapahamak dahil dito."

72 Pansinin n'yo nung ayaw tanggapin ng pansimbahang daigdig si Jesus, na Salitang, nahayag nung panahon na 'yun, dahil (bakit?) ibang paraan kasi ang pagpapaliwanag nila Rito. Gayong ang dapat sana'y makikilala nilang Siya ang Salitang 'yun, dahil ang lahat ng sinabi ng Diyos na gagawin Niya, ay ginawa nga Niya. At sinabi Niya sa kanila, "Saliksikin ninyo ang mga Kasulatan para sa oras na ito; at kung hindi ako umaakma sa itinakdang pamantayan na sinalita para gawin Ko, kung gayon ay huwag ninyo Akong paniniwalaan."

Sabi nila, "Kay Moises kami sumasampalataya."

73 Sabi niya, "Kung kayo'y nagsisisampalataya kay Moises, ay magsisisampalataya sana kayo sa Akin, sapagkat tungkol sa Akin ay nangusap si Moises." At di pa rin nila 'yun nakita. Ang mismong Diyos ng Langit ay naghihingalo na dun sa krus, at sinasalita pa ang siya ring mga salitang sinabi ng propeta na sasalitain Niya, at di pa rin nila nakita 'yun. Kita n'yo?

Hindi kasi sila kauri Niya. Hindi sila ang Salita, hindi ang Salita; at sila, gayong, sila ay—ay napaka relihiyoso. Pero hindi sila ang Salita, dahil makikilala dapat Nito—Nito ang posisyon Nito para sa oras na 'yun.

74 Pansinin n'yo ang napakagandang paglalapat-lapat ng mga Kasulatan sa bawat kapanahunan. Pansinin n'yo ngayon.

At nung tanggihan ng pansimbahang daigdig ang Salita ng Diyos na maghari sa kanila, tinanggap nila 'yung mamamatay-tao, si Barrabas. Anong idinulot nito? Itinaas nito si Satanas, ang diyos ng masamang panahong ito, sa dako na noon pa ma'y pinaka aasam-asam na niya.

Ngayon makinig. Hayan nga't, si Satanas ay hindi sinabing diyos ng anumang ibang kapanahunan liban sa kapanahunang ito. Hindi sinabing siya'y diyos ng panahon noon ni Noe. Hindi sinabi na—na siya'y diyos ng panahon noon ni Moises, diyos ng panahon noon ni Elias. Kundi, ng masamang kapanahunang ito, siya'y . . . Oh, huwag n'yong palampasin ito! Siya ang diyos ng masamang kapanahunang ito, sinasamba ng milyun-milyon at bilyun-bilyong mga tao, at wala silang kamalay-malay dun. Subalit hayaan nga nating ilantad siya ng Kasulatan ngayong umagang ito, at tingnan natin, nang sa gayon malaman n'yo. Hayaan nating ang Kasulatan . . .

75 Gaya sa mga pagtitipon ng espirituwal na pagkilala, kapag ang Espiritu Santo'y lulukob na sa Kanyang Salita at tatawag Siya ng isang lalaki't sasabihin, "Wala kang karapatan para mamuhay kasama ang babaing ito na asawa na ng iba. Para sa anong dahila't nagawa mo ang bagay na 'yan, sampung taon na ang nakararaan, nung pumuslit ka noon kasama 'yung asawa ng lalaking ito?" Ano itong ginagawa Niya? Inilalantad 'yung lalaki, ibinubunyag si Satanas, na gumapos sa lalaking 'yun, o 'yung babae na sumama sa asawa ng ibang babae, o 'yung mga kasalanang ginawa nila, mga bagay na nagawa nila. Ano itong ginagawa nito? Ibinubunyag siya.

76 Kung anu-anong aparato na ang ilalabas ng mga doktor at sisikapin nilang hanapin kung anong dipirensya. Hindi nila kayang gawin 'yun. Hindi natin masasabi kung ano ba. Subalit ito ngang Espiritu Santo'y darating at ihahayag kung ano siya, at ilalantad siya. Kita n'yo? Ganoon ang Salita ng Diyos. Isa itong Ilaw na nagniningning sa kadiliman.

At kung kayo'y may mapapansin na kung anong ingay sa isang silid, na para bang kung anong hiwaga; kung anu-ano

ang gumagalaw-galaw dun, at hindi mo alam kung ano 'yun. Buksan mo 'yung ilaw, agad-agad. . . Yung mga kuliglig, ipis, sila'y—sila'y mga anak ng kadiliman. At pagkislap nung ilaw, sila'y magpupulasan kung saan-saan.

"Sila'y nagsilabas sa atin sapagkat sila'y hindi sa atin," 'yan ang sabi ng Biblia. Kita n'yo? Hindi nila kayang mabuhay sa Liwanag ng sanlibutan. . . Sapagkat, ipinadala ng Diyos ng Langit ang Kanyang Liwanag sa huling panahong ito, upang Kanyang tanglawan ang daan ng Kanyang mga anak, upang hindi sila magsilakad sa kadiliman at matalisod, bagkus sila'y magsilakad sa Liwanag ng kaliwanagan ni Jesus Cristo, na siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Amen!

77 Pansinin n'yo, si Satanas nga'y hindi tinawag na diyos ng anumang ibang kapanahunan kundi ng kapanahunan lang na ito. Talagang inaasam-asam na niyang maging tulad ng Diyos, noong una pa lang.

Basahin nga natin 'yan. Maglaan lang tayo ng kaunting panahon. Balikan natin. . . Kita n'yo, nailista ko 'yun dito, Isaias 14. Balikan natin itong Isaias 14, nang kaunting sandali, at tingnan natin kung anong sinabi rito ng Diyos. "Ang diyos," kung anong ginawa ni Satanas. Isaias 14:12 at 14. Pansinin.

> *Ano't nahulog ka mula sa langit, O Lucifer, anak ng umaga! paanong ikaw ay* lumagpak *sa lupa, ikaw* na *siyang nagpahina sa mga bansa!*
>
> *At sinabi mo sa iyong sarili, Ako'y sasampa sa langit, aking itataas ang aking luklukan sa itaas ng mga bituin ng Dios* (mga anak ng Diyos, ngayon): at *ako'y uupo sa bundok ng kapisanan, sa mga kaduluduluhang bahagi ng hilagaan:*

78 Talagang inaasam-asam na ni Satanas na masamba siyang tulad ng Diyos. Kinuha niya ang dalawang-katlo, dalawang-katlo ng mga bituwin sa Langit. Itinaas niya ang kanyang sarili sa itaas ng mga bituwing 'yun, at nangaral sa kanila, at dinaya ang dalawang-katlo sa kanila. Nakita n'yo na? Sige. Pansinin n'yo, 'yun nga ang pinaka aasam-asam niya.

At ngayon ay handa na siya, kasama ng kanyang masusing pinili, na edukadang nobya ng kanyang sariling kaalaman, kita n'yo, pinturadang-pinturada ng kanyang pandaraya, may mga naglalakihang gusali't naglalakihang denominasyon, at mga pintura ng kaalaman at teolohiya, at matatalino't intelektuwal, at edukado, upang dayain ang buong mundo, at upang maging isang "diyos." Ganoon nga ang ginawa niya. Patungo na talaga sa katauhan ng pagiging anticristo, na napuputungan na bilang "bikaryo ng Diyos," pinutungan ng kanyang nobya na maibigin sa sanlibutan, mala-siyentipiko, na nabibihisan nang husto ng karangyaang intelektuwal, at relihiyosong edukasyon. Ginawa ang nobyang ito na relihiyoso gaya niya, at sa pamamagitan ng

sarili niyang pagpapaliwanag sa Salita ng Diyos kagaya nung ginawa niya noon kay Eba, at kagaya nung ginawa ng anak niyang si Cain.

Ngayon sasabihin n'yo, "Anak ni Satanas?"

79 Pakitaan n'yo nga ako ng isang dako sa Biblia na tinawag si Cain na anak ni Adan. Sinabi ng Biblia na siya'y "ang anak nitong masama," binhi ng serpiyente. Hindi, wala na ngayon 'yung pinaka takip, kapatid. Bukas na ang piramide, gaya ng ipinapakita ng kapahayagan.

80 Pansinin n'yo 'yung mga ginagawa niya, 'yung kaisipan niya. Ang akala niya'y nananahan ang Diyos sa makamundong kagandahan. Pinairal niya tuloy 'yun sa Langit. Ang kasalanan nga'y hindi dun nagsimula sa halamanan ng Eden; nagsimula 'yun sa Langit, nung si Lucifer, ang anak ng umaga, ay itinaas niya ang kanyang sarili sa kagandahan, at naghangad ng mas magandang kaharian kaysa dun kay Miguel. At inakala niyang nananahan ang Diyos sa kagandahan.

81 At pansinin n'yo si Cain. Hindi niya gusto 'yung pahain-hain ng dugo. Pumunta siya roon at naghandog ng bunga, o—o ng mga pataniman ng kagandahan sa kanyang altar. Napaka relihiyoso, ginawa ang lahat, na, sadyang katulad na katulad sa ginawa ni Abel; naghandog ng hain, nagpatirapa sa Diyos para sumamba, masunurin saanman silipin, subalit wala sa kanya ang kapahayagan ng Salita.

At ang Salita nga, buhat sa pasimula, ay plano ng Diyos. Pero ihahayag ng Diyos, sa pamamagitan ng kapahayagan, na ang mismong bagay na pinatototohanan Niya't pinagtitibay ay 'yun ang nararapat. Hindi relihiyon, hindi 'yung kung anong altar, hindi 'yung pag-anib sa iglesya, hindi 'yung pag-aalay, hindi 'yung pagiging sinsiro; kundi 'yung sa pamamagitan ng kapahayagan ng Salita ng Diyos. Ang Diyos ang maghahayag nun sa kanya kung ano bang . . .

Yung nanay nga niya'y di naman mansanas 'yung kinuha't ibinigay nung ahas sa kanya, kundi ang nangyari'y nagkaroon siya ng seksuwal na paniniig sa katauhan ni Satanas, sa anyo ng hayop; hindi reptilya, kundi sa pinakamatalino, pinakatuso sa buong kaparangan, na nasa wangis ng tao, ang nag-iisang nilalang na maihahalo 'yung binhi. Ngayon sinisikap nga ng siyensiya na hanapin siya. At di nila siya mahahanap kahit kailan, dahil ang bawat buto sa katawan niya'y nagbago lahat. Pero isinasaad talaga ng Biblia na ganoon nga ang nangyari.

82 Pansinin n'yo kung anong gagawin ng taong ito ngayon. Ang taong ito, "Mauupo siya sa templo ng Diyos," dito nga, sa iglesya, "na itatanyag ang kanyang sarili na tulad sa Diyos." Ngayon kung gusto n'yong basahin 'yun, Ikalawang Mga Taga-Tesalonica 2:3 at 4, at Apocalipsis 13:4, 11 at 12; kung saan sinabi, ng dalawang propeta, kapwa si Juan at Pablo, kung ano

ang gagawin ng taong ito sa huling mga araw. Ngayon basahin n'yo po 'yan, dahil marami pa akong nailista rito. Pero aking ano na lang . . . para makatipid ng oras ngayon.

83 Ang araw na kinabubuhayan natin ay tinatawag, sa Biblia na, "ang araw ng tao," araw ng tao. Hindi ito araw ng Diyos. Ang Diyos ay hindi ang diyos ng lupang ito; sinasabi nga ng Biblia na hindi Siya. Siya ang Diyos ng Langit. Anupa't hindi ito ang araw ng Diyos.

Ito ang araw ng pagpili. Alinman sa, mabuhay ka ngayon, at pagkatapos mamamatay; piliin ang Diyos, at mabubuhay. At ang Diyos ang Salita, at ang Salita ang Salitang nahayag para sa oras at sa araw.

84 Pansinin n'yo, "ang araw ng tao." Kung nais n'yong ilista 'yun, babasahin ko sana. Pero Unang Mga Taga-Corinto 5:1-5 . . . Unang Mga Taga-Corinto 4:1-5, pasensya na po, Unang Mga Taga-Corinto 4:1 at 5, nangungusap si Pablo patungkol sa pagsisiyasat ng tao, sa araw ng tao.

85 "Yung araw, ano nga ang dahila't ang tawag mo rito'y araw ng tao?" sasabihin n'yo. Ito kasi ang araw na naluluwalhati ang mga gawa ng kaalaman ng tao.

Masdan n'yo na lamang, ang lahat ng mga pagyayabang ng mga komunista, may mga iba naman diyang nagsusumikap na maipunta ang tao sa buwan. Ang Diyos nama'y nagsusumikap na maipunta ang tao sa Langit. Kita n'yo? Pero tingnan n'yo ang milyun-milyon at bilyun-bilyon at trilyun-trilyong pera na sinasayang nila, sa isang bagay na wala namang patutunguhan. Pagpunta nila dun, wala naman silang makikita roong kahit na ano. Ano bang nangyayari sa kanila?

Wala akong pakialam sa buwan. Ang nais ko'y lumampas sa buwan sa sobrang bilis na di ko man lang mapapansin 'yun; sige lang ako sa pagtaas. Ang nais ko'y lampasan 'yung Milky White Way, tuluy-tuloy, tuluy-tuloy lang. Oo!

86 At ang sanlibutan nga ngayon ay nag-uukol na ng kanilang mga sarili sa kaalamang nagmumula kay Satanas. At ang araw ng tao'y naluluwalhati, hindi nga sa pamamagitan ng Salita ng Diyos, kundi sa pamamagitan ng kaalaman ng kaaway.

Ngayon isipin n'yo po 'yan. Patimuin n'yo 'yan nang maigi. At kung papakinggan n'yo uli itong teyp na ito, sa puntong ito rito, ihinto n'yo muna pansumandali at magbulay-bulay.

Ang mga gawa nga niya'y naitatanyag pa nang mas mataas kaysa dun sa Salita ng Diyos at sa mga gawang ipinamamalas; ito ngang karunungan ni Satanas, na ibinigay niya kay Eba nung pasimula. Ngayon pakinggan n'yo ito; huwag n'yo itong palalampasin. Ang karunungan ni Satanas ay mas lalo pang itinaas sa luklukan ng pagsamba, sa tao, kaysa dun sa Salita ng Diyos na pinagtibay para sa pahanong ito. Kitang-kita 'yan sa

mga iglesya natin diyan sa kanilang—kanilang mga seminaryo, mga paaralan ng kaalaman, na ang matututunan daw ay higit kaysa sa nalalaman ng Salita ng Diyos tungkol Dito, sa pag-aakala nila. At diyan nga, si Doktor *Ganito-at-ganoon*, Maestro *Ganito-at-ganoon*, at Propesor *Ganito-at-ganoon* ay tinatanyag ang sariling kaalaman, na sila lang ang may sabi (galing nga kay Satanas) na katotohanan daw, nang higit sa pinagtibay na pangako ng Diyos, na ang liwa-liwanag naman sa harap nila. At nahuhulog pa rin sa ganun ang tao. Kita n'yo?

87 Ang mga siyentipikong naabot niya, ay pilit pinamamalian ang Salita ng Diyos. Isipin n'yo nga 'yan. Siya, ang kanyang, 'yun ngang, teolohiya ng tao, ipinapaliwanag nun ang Salita ng Diyos sa mga tao, at ginagawa Itong walang saysay, gaya ng ginawa niya sa panahon ng denominasyon noong nagpakita si Jesus sa lupa. Sabi ni Jesus, "Kayong mga mapagpaimbabaw! Kayo, diyan sa inyong mga sali't saling sabi," 'yung kanilang pagpapaliwanag nga, "ay kinuha ang Salita ng Diyos at ginawa Itong walang kabuluhan sa mga tao." At ganyan na ganyan ang ginagawa nila ngayon. Nawawalan tuloy Ito ng kabuluhan.

88 Pansinin, "Sila," ang mga tao, "na itinataas siya laban sa lahat na tinatawag na Diyos." Hindi ba't ganyan ang sinasabi ng Ikalawang Mga Taga-Tesalonica na gagawin nila? At ang kapangyarihan ng iglesyang makadenominasyon, ang mga tao tuloy ay mas naniniwala na sa naturang denominasyon kaysa naniniwala sila sa Diyos. At samantalang ang Diyos ang Salita. Mas pinaniniwalaan nila ang kredo nilang makadenominasyon nang higit sa Salita, na "itataas siya sa lahat na tinatawag na Diyos." At samantalang iisa lang ang Diyos, at 'yun ang Salita.

"Sa lahat na tinatawag na Diyos; anupa't siya'y tulad sa Diyos na nauupo sa iglesya ng Diyos, na sinasabing siya ang Diyos," dahil naakit niya ang mga tao na sambahin siya. Ang Diyos nga ang Salita. At siya'y nagmamataas laban sa lahat na tinatawag na Diyos. At samantalang iisa lang ang Diyos, at ang Diyos na 'yun ay ang Salita. Kita n'yo? "At sa lahat na tinatawag na Diyos," hayan nga't, ang diyos ng kapanahunang ito ay nagmamataas laban sa tunay, pinagtibay na Salita ng Diyos. Nasa San Juan 1 'yan. Kita n'yo? "Laban sa lahat na tinatawag na Diyos, anupa't siya'y tulad sa Diyos na nauupo sa templo ng Diyos," na may taglay na kapangyarihan.

Tingnan n'yo, at pinupuri pa siya sa kalagayang 'yun! Oh, nawa'y ang mga tao, Diyos, makita nila ang panlilinlang na 'yan! Pinupuri siya sa kalagayang ganun, at pinaniniwalaan nang may kataimtiman ng mga tao ng masamang kapanahunan na ito. Ngayon nakikita n'yo na ba itong diyos at mga lingkod niya ng masamang kapanahunang ito?

89 Ngayon masdan natin ito habang nahahayag ito. Sinasabi niya na may ginagawa siyang mas mainam na sanlibutan

para panahanan nila, sa pamamagitan ng kanyang kaalamang labas sa di-nabibigong Salita ng Diyos. Kundi ganang kanya lang, sa pamamagitan ng mga denominasyon, at mga kredo, at pagiging intelektuwal, at pagka-siyentipiko, at kung anu-ano pa, na siya nga'y gumagawa ng mas mainam na sanlibutang papanahanan ng tao, at babalewalain ang pangako ng Diyos, gayong ang tanging panahon na magiging husto ang sanlibutan para mapanahanan ay dun sa Milenyum. Alam n'yo, sa pananaw ko, ang ginagawa niyang sanlibutan ay 'yung mas magkakasala ka kaysa makakapanahan ka.

90 Pansinin. Ginawa na ba niya ito? Ginawa na niyang legal ang kasalanan. Ginawa na niyang legal ang pag-inom ng alak, paninigarilyo. At sa mga simbahan, ginawa na nilang legal na ang isang babae'y maaari nang maging miyembro ng simbahan, kahit maiksi ang buhok. Ngayon nawa'y huminto muna kayo rito pansumandali.

91 Maaari na raw siyang magsuot ng mga shorts, magkolorete sa mukha, at kaanib pa rin sa kanyang panrelihiyong grupo, na ganap namang salungat sa Salita ng Diyos. Sinasabi ng kaaway na ayos lang daw 'yun. Nakita n'yo na ang katalinuhan niya? "Ano bang dipirensya dun kung ganun 'yung babae?" Aba'y katulad na lang ng tatanggapin mo ba ang ipinagbabawal na bunga, o hindi mo tatanggapin ang ipinagbabawal na bunga, ganun 'yun. Sinabi ng Diyos na huwag gagawin 'yun, subalit ginagawa pa rin niya.

92 At pinaniwalaan nga siya nung babae, at mahal siya nung babae dahil dun. Kinamumuhian nung babae ang Diyos. Yung mismong ikinikilos niya ang magpapatunay. Sinasabi ng babae na iniibig daw niya Siya, subalit si Satanas ang iniibig niya. Sinasamba niya ang diyos ng modernong pananamit, ang diyos ng sanlibutan, ang mga diyosa ng Hollywood. Iniibig siya nung babae, subalit kinamumuhian nung babae ang tunay na Salita ng Diyos, na siyang nag-iisang tunay na Diyos na mayroon.

Legal na raw 'yun sa mga kaiglesyahan. "Walang masama. Maaaring gawin ng mga kababaihan namin ang *ganito*, *ganoon*, o ang *iba pa*." Subalit sa Presensya ng buhay na Diyos, ni hindi siya pinahihintulutang lumapit, 'liban na siya'y magsisi muna.

93 Nakikita, siya ang diyos ng makamundong kagandahan, siya nga. Nais nung babaing maging maganda siya sa paningin. At siya nga ang diyos ng kagandahan, buhat sa pasimula. May kakayahan siya, at nagawa niya sa pamamagitan ng kanyang katalinuhan sa siyensiya at mga materyales, na gumawa ng kagandahan para sa sarili, dito sa modelong kapanahunan . . . o sa modernong kapanahunan, pala, ng kasamaan. Ginawa 'yung maganda.

94 Pansinin. Kapansin-pansin ito. Dun sa pasimula, si Set at ang kanyang mga anak ay di napagawi sa siyentipikong daan kahit kailan.

Ngayon pag-usapan natin ang tungkol sa siyensiya sa loob ng ilang minuto. Kung sasabihin ko man ito, hindi ko alintana ang kakulangan ko ng pinag-aralan; ngunit, sila'y grupo nga ng mga mangmang, na kahit ano'y tatanggihan nila ang Salita ng Diyos. Kita n'yo? Ganoon nga.

Kapansin-pansin ito. Pansinin n'yo. Yung mga anak ni Set ay di kailanman napagawi sa siyentipikong daan. Sila'y mga hamak na tagapastol, mga magsasaka, at iba pa.

Subalit 'yung mga anak ni Cain ay gumawi roon. Bakit? Kinasihan kasi sila ng kanilang tatay, ang diyablo. Si Cain, kinasihan ng kanyang tatay, ang diyablo, at sila'y kinasihan ng binhing 'yun hanggang maglaon ang panahon.

95 Masdan n'yo ang binhi ng Diyos sa lahat ng kapanahunan, at masdan kung saan 'yun papunta ngayon. Mga Cristiano, mga tunay na Cristiano, hindi sila gumagawi sa mga siyentipikong pagsisiyasat at mga bagay-bagay. Hindi. Sa ilan pong sandali, dadako tayo riyan.

Subalit si Cain nga'y gumawi dun, ayon sa kalikasan ng kanilang ama, ang diyablo, puno ng makamundong kaalaman, kagandahan, at siyensiya, kung anu-ano pa. Makasiyensiya ang mga anak ni Cain. Mga edukado sila. Sila 'yung tumutugtog ng pangmusikang—pangmusikang instrumento; isang modernong Elvis Presley, gaya nung pinapayagan ng lupon ng paaralan na ganapin nila rito sa lansangan tuwing Sabado ng gabi. Mga tagapagtayo ng lungsod, pinagaganda ang mga kababaihan para sa sarili nilang pagnanasa, gaya nitong pagbibigay ng diyablo sa mga kababaihan ng mga kolorete, at pinagugupitan ang kanilang buhok, at pinagsusuot sila ng mga shorts, at mga bagay na katulad nun. Sila'y, para sa sarili niyang pagnanasa. Masyadong diretsahan 'yan, pero wala na akong alam na ibang paraan para sabihin ito.

96 Ngayon, nalaman na natin na ang ebanghelyo ni Satanas ay ebanghelyo ng siyensiya't progreso. Siya ang nagpangaral nun sa Eden; hindi ang Diyos; si Satanas nga, nung siyensiya ng progreso. Ebanghelyo nga ni Satanas ang siyensiya't progreso. Tingnan n'yo na lang kung saan tayo dinala nun ngayon, nung bagay na 'yun. Kita n'yo?

97 Pansinin n'yo, ipinangaral niya 'yun sa Eden, kanino? Sa nobya ni Adan. At nahulog dun 'yung babae. Dinaya niya 'yung babae sa pagkukuwestyon dun sa isa sa Mga Salita ng Diyos. Tingnan natin kung ano 'yung maaaring sinabi niya. Siguro nga'y sinabi niya, "Hindi siyentipiko ang mamatay, sa banal na iglesyang ito." O, "Dapat ka ngang maturuan at maaralan, na huwag maniwala sa ganyang mga bagay na hindi makatwiran gaya na lang ng kamatayan. Wala akong pakialam kung sinabi man 'yan ng Salita ng Diyos; hindi 'yan makatwiran."

98 Oh, tingnan n'yo siya ngayon. "Mabuting Diyos ang Diyos. Narito kayo sa banal Niyang iglesya; aba, hindi kayo maaaring mamatay." Subalit sinabi ng Diyos na mamamatay nga kayo, at 'yun na 'yun. Nakikita n'yo ba siya ngayon? "Oh, makianib lang kayo rito sa iglesya. Wala 'yan sa ginagawa n'yo, o *ganito*, *ganoon*, o ang *iba pa*. Magsimba lang kayo at maging mabuting miyembro. Yung paggugupit sa buhok n'yo, walang kaso 'yun. At 'yung pagsusuot ng shorts, at paglalagay ng kolorete sa mukha, at pagdayo sa sayawan, at kaunting serbesa paminsan-minsan, hindi n'yo naman ikakasama 'yun, basta't hindi kayo masobrahan dun. Sa totoo lang, sana nga'y umiinom kayong mga kabataan nito, para malaman nila kung magugustuhan ba nila ito o hindi." Hayan nga siya, ang diyos ng kapanahunang ito, ng masamang kapanahunang ito.

99 "Mabuting Diyos ang Diyos." Sa dami-raming beses ko nang narinig 'yan ay nabubuwal tuloy ako. Diyos din kasi ng pagtutuwid ang Diyos. Hindi Siya isang matandang lolo na madaling naloloko't basta-basta mo na lamang maitutulak sa gilid, at walang anumang kasalanan ang mga apo Niya. Siya'y Diyos ng pagtutuwid at kabanalan. Pinatunayan Niya 'yan sa halamanan ng Eden, dun sa mga una Niyang anak. Lumampas ka sa hangganan, ng isa sa mga Salita Niya, patay ka. Umiiral pa rin 'yan mapasa hanggang ngayon.

100 At pansinin, ipinangaral niya 'yung ganung uri ng maka-siyensiya't, panlipunang, edukadong, progresibong ebanghelyo kay Eba, at pinaniwalaan 'yun ng nobya ni Adan. At siya nga'y nagtagumpay sa pag-uudyok sa nataguriang nobya ni Cristo, itong iglesya ng Ikalawang Adan, ng siya ring mga katwiran gaya dati. Ganoon nga.

101 "Oh, hindi—hindi ganun ang Diyos; napakabuti ng Diyos para gawin ang ganun. Aba, basta nagsisimba lang kayo. 'Basta nananampalataya ka.'" Nananampalataya ang diyablo; di lang basta't kunwaring nananampalataya, kundi nananampalataya siya talaga. Hindi naman siya ligtas. "'Basta nananampalataya ka.'" Huh!

102 Sinabi niya sa ikalawang nobya, o sa Nobya ng Ikalawang Adan, ang siya ring sinabi niya dun sa una. Gaya ng, "Ngayon, itong Makalangit na kagalingan, wala namang ganyan. Kaya naming patunayan 'yan. Wala namang pangyayaring ganyan na napatunayang totoo talaga." "At itong bautismo sa Pangalan ni Jesus, ngayon hindi mo ba napagkikilalang ako ang nasusunod dito sa iglesya?" sabi niya. "Napagpasyahan na namin noon ang tungkol diyan dun sa Nicaea, Roma," noong 'yung tatlong espiritung karumal-dumal ay lumabas sa dragon, mga bulaang propeta, at kung anu-ano pa. "Naniniwala kami sa trinidad ng mga Diyos." Oh, naku naman! Napaka pagano naman n'yan kung ganun. Huwag na huwag kayong haharap sa Diyos dala-dala ang ganyang bagay, na pipiliting makatayo sa Presensya

Niya. "Oh, walang kaibhan kung mabautismuhan man kayo sa mga titulo ng 'Ama, Anak, Espiritu Santo.' Anong magiging kaibhan nun?"

103 Malaki ang naging kaibhan nun, na hayan nga't inutusan ni Pablo noon ang isang grupo ng mga Baptist na kinakailangan nilang mabautismuhan uli sa Pangalan ni Jesus Cristo bago dumating sa kanila ang Espiritu Santo. At nagbunsod nga rin ang bagay na 'yun sa apostol na ito na mapasigaw, at magsabi, "Kung ang isang anghel ay dumating mula sa Langit at mangangaral ng anumang iba, ay matakuwil." Totoo nga, may kaibhan talaga. Oh, grabe!

104 "Walang ganyang bagay gaya n'yang bautismo ng Espiritu Santo sa mga araw na ito. Para lang kasi 'yan sa mga apostol. Lumipas na 'yan. At 'yang bagay na 'yan tungkol diyan sa mga propeta? Ni wala ka ngang makikilalang ganyan ngayon. Mga himala? Di man lang 'yan nakabatay sa siyensiya. Malakias 4? Para sa ibang panahon nga 'yan. Juan 14:12? Oh, hindi naman talaga ganun ang ibig sabihin ni Jesus dun. Lucas 17:30? Oh, kathang-isip lang 'yun. Kita n'yo, mali—mali ang paliwanag diyan; wala 'yan sa orihinal." Grabeng kabulukan naman 'yan!

Gayong bumaba naman ang Diyos na Makapangyarihan sa lahat sa kalagitnaan natin at pinatuyan 'yan. Nung sabihin nga Niya, na, "Si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman," Kanyang pinatunayan talaga na ganun nga 'yun. Wala akong pakialam kung may sino riyan na magsasabi na hindi raw ganun 'yun; ang Diyos ang nagpapaliwanag ng Sarili Niyang Salita. Sinabi Niyang gagawin Niya ang ganun sa huling mga araw. "Magkakaroon ng Liwanag sa gabi." At nagkaroon nga ng Liwanag, para mahayag ang Anak ng Diyos.

105 Ang siya ring araw na sumisikat sa silangan ay ang siya ring araw na lumulubog sa kanluran. Sabi ng propeta, "May magiging isang araw na hindi matatawag na araw o gabi man." Magiging makulimlim, na ang mga ulap, ay tatakip sa mukha ng araw. Ngunit sabi, "Sa oras ng gabi ay Magliliwanag muli." Ang siya ring Anak! Siya ang Alpha at Omega. Ang siya ring Anak na sumikat sa silangan ay inihula nang sisikat muli sa kanluran, sa huling mga araw, bago mismo matapos ang araw. Hindi ko alam kung papaano nila ipapaliwanag Ito; ang Diyos ang nagpapaliwanag ng Sarili Niyang Salita. Pinatutunayan Niya Ito. Ito na ang oras ng gabi.

106 Nakakalungkot, pero nahulog siya uli dun. Nahulog ang nobya ni Cristo sa bagay na 'yun, at tinanggap ang kaalamang intelektuwal ng kung sinong mangangaral ng seminaryo imbis na sampalatayanan ang puro, at pinagtibay na Salita ng Diyos.

107 Ngayon sa mga ministro sa iba't ibang dako riyan sa buong bansa kung saanman kayo naroon ngayon, maaaring di kayo sang-ayon Dito. Hindi ko kayo sinasaktan. Sinisikap ko lang

na ano-. . . Sa sarili kong grupo ako nangungusap. Sinisikap ko lang na . . . Kung gusto n'yong maupo rito sa loob, tunay ngang ikagagalak kong marinig n'yo Ito. At pakinggan n'yo nga Ito. Kita n'yo? Pero ang sinasabi ko lang dito sa kanila ay kung ano 'yung kanilang—kung ano 'yung kanilang nakita, at inihahayag 'yun sa kanila; pinatutunayan ng Diyos, na tama nga 'yun. Kita n'yo?

Ito na talaga ang oras. Hindi na kailangan pa ng sinuman para ipaliwanag Ito. Yang makamundong katalinuhan n'yo ay wala ritong anumang . . . Kayo man ay may B.A., D.D., A.D., o anuman 'yan; wala 'yang kabuluhan dito. Ang Diyos ang siyang nagpapaliwanag ng Kanyang Salita, Siya Mismo. Ipinangako Niya ito, at heto na nga ito.

108 Pero sa pamamagitan ng kaalamang seminaryo, mga maka-denominasyong pangangaral, "idinulot nito ang buong mundo na manggilalas sa hayop na ang kanyang sugat na ikamamatay ay gumaling," mula sa pagiging pagano patungo sa pagiging papa. Kita n'yo ba kung saan na ito patungo? Pinaniniwalaan niya 'yun. Pinaniniwalaan niya ang kaalamang sinasabi nung kaaway sa kanya.

109 Ang nangyari nga'y, ngayon masdan n'yo po, ang nangyari nga'y ang dalawang nobya na 'yan na ipinagkasundo na sanang ikasal ay naniwala sa kaalaman ni Satanas na laban sa Salita ng Diyos. Pinaniwalaan ng nobya ni Adan ang kaalaman ni Satanas na laban sa Salita ng Diyos, at pinaniniwalaan din ng nobya ni Cristo ang kaalaman ni Satanas, sa intelektuwal at masamang kapanahunan na ito, na laban sa Salita ng Diyos.

At pansinin po. Si Eba, sa natural, na naniwala dun, aba'y isinadlak niya ang buong lahi ng sankatauhan sa kamatayan. Ang nobya sa natural! Si Adan, ang lalaking natural ng lupa; ang nobya niya, bago niya napuntahan, bago niya nagawang maging asawa 'yung babae, ay isinadlak nung babae ang buong sankatauhan sa kamatayan. Nakabatay man 'yan sa siyensiya o hindi, mamamatay at mamamatay nga tayo, 'pagkat sinabi ng Diyos na mamamatay talaga tayo.

Kahit na kayo man ay naroon sa banal na Eden, o sa banal na kaiglesyahan, o sa banal na denominasyon, o saanman 'yan, mamamatay at mamamatay talaga kayo sa araw na hindi n'yo sampalatayanan ang kahit isang Salitang 'yan ng Diyos na Katotohanan talaga, gayong pinagtibay na Ito at pinatunayan na sa inyo. Ang araw na 'yan ang araw na inihihiwalay n'yo ang inyong sarili sa Diyos. Hindi nga buong pangungusap; isang Salita nga lang. "Ang sinumang magdagdag ng isang salita, o mag-alis ng Isa," 'yun na nga ang araw na mamamatay kayo.

110 Pansinin n'yo, nagdulot ang nobya ni Adan ng natural na kamatayan sa kanyang lahi, sa lahi ng tao.

At ang nobya naman ng Ikalawang Adan, ang nobya ni Cristo na ipinagkasundo na sanang ikasal, kanyang isinadlak ang buong iglesya sa isang denominasyonal na kamatayan, na tatanggap ng tatak ng hayop, sa pamamagitan ng siyentipiko't, intelektuwal, na naglalakihang denominasyon. "Mga Baptist kami. Presbyterian kami. Mga Pentecostal kami," at kung anu-ano pa. "May *ganito* kami, at mas marami kaming ari-arian. Kami, kami'y kinikilala ng gobyerno. Nasa kung saan-saang panig kami ng mundo," at lahat ng ganung mga bagay. "At ang mga pinaka magagaling, at pati alkalde ng lungsod, at iba pa, nagsisidalo sila sa amin. Maging ang Pangulo'y dumadalo para makimisa sa amin, at nakakaabot kami sa *ganito*, *ganoon*, o sa *kung saan-saan*." Ang buong sanlibutan ay naisadlak na nga sa espirituwal, na denominasyong kamatayan; ang buong iglesya nga. Patay na siya!

Sasabihin n'yo, "Marami ka nang tinatapakang teritoryo."

111 Sinabi ni Jesus, "Kung paano ang nangyari sa araw ni Noe, na walong kaluluwa ang nangaligtas, ay gayundin naman ang mangyayari sa pagparito ng Anak ng tao." "Nung mga araw ni Lot, kung saan tatlo ang nailabas mula sa Sodoma, nung araw na iyon. . . " Ngayon may isang grupo nang nakalabas, tandaan n'yo. "Datapwat, gayundin naman ang mangyayari, kapag ang Anak ng tao ay mahayag." Tingnan n'yo nga kung anong araw na, tingnan n'yo kung saan na tayo nabubuhay!

112 Ngayon ang nobyang ito ang nagdulot upang tanggapin ng buong sanlibutan ang siyentipikong pangunguna ng edukadong programang ibinigay ni Satanas sa kanya sa ilalim ng pangalan ng isang iglesya, ang pangunguna ng isang edukado't, maka-siyentipikong programa. Isinasalarawan ko lang sa inyo itong diyos ng sanlibutang ito.

Gayong ang nobyang ito, gaya ni Eba, ay nasa kanyang kamay na mismo ang pagpupuno ng Salita ng Diyos, puwede naman niya sanang tanggapin ang Salita ng Diyos. Pero anong ginawa niya Roon? Sa halip na hintayin 'yung bautismo ng Banal na Espiritu, ay hinayaan niyang patunayan sa kanya ng siyensiya na ang Banal na Espiritu'y para lang daw sa mga alagad noon.

Sa halip na ipagpatuloy ang Makalangit na pagpapagaling, na dapat sana'y nakabubuhay na siya ngayon ng mga patay at nakapagpapamalas ng mga dakilang himala; hinayaan niya si Satanas, sa ilalim ng kanyang pangunguna ng relihiyosong tao, na kunin ang Salita ng Diyos at pilit sasabihing Ito'y para raw sa ibang kapanahunan. At pinaniwalaan nga 'yun ng naturang nobya.

113 Gayong, sinabi naman ng Biblia, "Ang mga bagay na Aking ginagawa ay gagawin din naman ninyo." Sinabi 'yun ni Jesus. "Magsiyaon kayo sa buong sanlibutan at inyong ipangaral ang Ebanghelyo sa lahat ng mga kinapal." Saklaw pa rin tayo ng

kinapal na sinasabi riyan. "Lalakip ang mga tandang ito sa bawat magsisisampalataya." Itinatanggi niya Ito hanggang sa pinaka katiting.

114 Itinatanggi niya ang lahat ng sobrenatural, at ipinalit Dito ang intelektuwal na pananaw ng kaaway tungkol sa Biblia; na nariyan nga't ang mga pari, at kabanal-banalang mga padre, kuno, nariyan nga ang mga obispo, mga arsobispo, nariyan ang mga presbiter ng distrito, mga pangkalahatang tagapangasiwa, at kung sinu-sino pa, na inilalagay ang sarili nilang paliwanag Dito. At iniwan na sila ng Diyos, sa ganyang kalagayan, na puntong patay gaya ng alas dose en punto.

Ang tanging naiwan na lang sa huling mga araw ay grupo ng mga Pentecostal na ang lalakas magsitugtog, nagtatakbu-takbuhan nang pabalik-balik sa pinagdadausan, nagsasalita sa iba't ibang wika at nagsisisigaw, "at may anyo ng kabanalan, datapwat tinanggihan ang Salita nito." Sabihan mo man silang magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo; pagtatawanan ka lang nang harap-harapan. Pero, sa kabila n'yan, tuloy pa rin ang Diyos na ganun pa rin ang ginagawa, pinatutunayang ang Salita Niya'y di nagbabago.

115 Pansinin n'yo, 'yung punongkahoy na ginamit ni Satanas para makibahagi si Eba, ay 'yung "punongkahoy ng mabuti at masama." Isang pinaghalong punongkahoy.

Ngayon tingnan n'yo naman ang araw na kinabubuhayan natin, ang panahong tumatawag Siya palabas ng isang Nobya. May iglesya nga Siya na nag-aangking gumagawa ng mabuti, gayong masama naman talaga, dahil sa itinatanggi nito ang Salita. Isang pinaghalo ngang punongkahoy. Oh, sasabihin, "Sila'y—sila'y malalawak ang samahan. Sila'y—sila'y—sila'y—sila'y tumutulong sa *ganito*. At kinikilala 'yun ng Red Cross. At ang lahat ng mga paaralan, kanilang . . . Tingnan n'yo nga!"

Oh, pero isang Salita lang ang tanggihan mo, ganoon lang at ikamamatay mo na; kahit gaano pang kaintelektuwal, gaano pa 'yang kabuti. Sinabi ni Jesus, "Ang kaunting lebadura ay nagpapakumbo sa buong limpak." Isang katiting na lebadura lang at sira na ang kabuoan. Isang Salita ng Diyos, na mali ang pagkakaposisyon, aba'y sira na ang buong Kabuoan. Papaano na lang kaya kung ang braso ko'y nakalagay rito sa dapat na paglagyan ng paa ko? Kita n'yo? Papaano kaya kung ang tainga ko'y narito sa ibaba na dapat sana'y dun nakalagay ang kamay ko? "Ang kaunting lebadura nga'y nagpapakumbo sa buong limpak."

May magsasabi, "Papaano mo naman nalamang tama Ito?" Diyos ang nagpapatunay na tama Ito. Pinatototohanan Niya Ito. Sinabi Niya Ito rito sa Salita, pagkatapos ay pinatutunayan Niya Ito. Sa ganoon natin malalaman kung tama ba Ito o hindi.

Tanggihan mo lang ang isang Salita't sa ganoon lang ay mamamatay ka na agad. Ganoon na ganoon ang idinulot nito sa masamang kapanahunan na ito, espirituwal na kamatayan, gaya ng idinulot nito na pisikal na kamatayan noon sa buong sankatauhan.

116 Pansinin n'yo kung papaanong si Satanas nung panahon na 'yun na maka-siyentipiko, nung panahon na 'yun ni Noe, kung paanong nakuha niya ang mga tao na manalig sa sarili nilang kaunawaan. Huh! Ang sinasabi sa atin ng Biblia, dun sa Mga Kawikaan, "Huwag manalig sa sarili ninyong kaunawaan." At, "Ang salita ng bawat tao'y sinungaling, at ang sa Diyos ang tapat." Subalit si Satanas, sa pamamagitan nung sarili niyang kaalaman, mula pa dun sa pasimula dun sa halamanan noon ng Eden, ay nakuha niya ang mga tao na manalig sa sarili nilang kaunawaan. At, alam n'yo 'yan, sa pamamagitan nung kaaya-aya niyang mga produkto ng Max Factor na taglay niya roon, nagawa niyang mapaganda nang husto ang mga kababaihan na naging sanhi para ang anak ng mga tao . . . anak ng Diyos, ang ibig kong sabihin, na mahulog sa kasalanan at pakasalan ang mga babaing 'yun. Ganoon nga. Siya . . . Talagang kaakit-akit 'yung mga babae, nagsisigandahan.

117 Ngayon ipagpahalimbawa na lang n'yo 'yung karaniwang babae sa lansangan ngayon. Marami sa inyo ang nakabasa na siguro nung kuwento; hindi pa n'yo siguro narinig ito, dahil nung araw pa ito bago ang kapanahunan ko. Si Pearl O'Brien, ilan po rito ang nakarinig na ng tungkol sa kanya? Oo naman. Siya ang pinakamagandang babae sa buong mundo noon sabi nila. Aba, wala nang nagi-eskuwelang dalaginding ngayon na pumapasok sa paaralan ngayon na di hamak na dobleng mas maganda pa sa kanya noon. Bakit ganoon? Ang pagganda ng kababaihan ay magaganap nga sa huling mga araw.

Pinuputulan nila ng buhok ang mga babae. Pinagsusuot nila ang mga babae ng mga hapit na hapit na damit na kasya lang sa batang babae. Nagsisisuot sila ng shorts, at mga bikini, at kung ano man ang tawag n'yo dun, na ipinasusuot sa kanila. Naglalagay ng mga kolorete, at kung anu-anong pampapula, at lahat ng klase ng mga bagay na 'yan, para gawin silang hindi naman sila 'yun. Kita n'yo? Pero dahil sa maka-siyensiyang kaalaman ay naabot nila 'yun. Alam n'yo ba na mas marami pang ginugugol na pera para sa kosmetiko ng mga kababaihan, kaysa dun sa, dito nga sa Estados Unidos, doble o tripleng beses na mas marami nga, kaysa sa ginugugol na pera para sa pagkain para mabuhay? Napatunayang, ganun nga, ginugugol lang sa kosmetiko.

118 Pansinin, "Nakita ng mga anak ng Diyos ang mga anak na babae ng mga tao," hindi mga anak na babae ng Diyos, "mga anak na babae ng mga tao, na sila'y magaganda," at nagdulot 'yun upang ang mga anak ng Diyos ay mahulog sa panlilinlang

na ’yun. “At nangagsikuha ng ganoong uri ng mga babae’t inasawa sila,” at nagdulot ’yun ng prostitusyong kapanahunan, na gaya nga sa panahon ngayon; gaya noon sa Sodoma, gaya ng inihula na mangyayari ngayon.

Na, sa panahon ngayon ang mga kalalakiha’t kababaihan ng panahong ito’y magpapalitan ng asawa. Kung di nila gusto ’yung isang asawang babae, sila’y—sila’y dadayo dun sa Reno, Nevada, at magpapakasal; at, o makikipaghiwalay muna, dun sa isa, at magpapakasal uli sa loob lang ng labinlimang minuto. At ’yung mga kababaihan nga’y dahil sa magaganda’y halos di sila makahindi. At ano ’yun? Ang diyablo! Nakikita n’yo ba si Satanas na lumalagi riyan sa kagandahan? Pansinin.

119 Pansinin n’yo, talagang hindi sila napatawad sa kasalanang ’yan. Yang maganda’t, siyentipikong kapanahunan na ’yan ang ’yun ding napakasamang kapanahunan na winasak ng Diyos sa ibabaw ng lupa; ’yang maganda’t, siyentipikong kapanahunan na ’yan. Sinabi ni Jesus na mangyayari uli ’yun bago mismo ang pagparito ng Anak ng tao. Tama ba? Pansinin, sinabi ni Jesus, “Kung paano ang nangyari sa mga araw ni Noe, ay gayundin naman ang mangyayari sa pagparito ng Anak ng tao,” nung panahong ’yun na sinikap nilang lahat na magsi-asawa . . . Ngayon masdan, “Inasawa ng mga anak ng Diyos ang mga magagandang anak na babae ng mga tao,” at hindi nga sila kailanman napatawad ng Diyos dahil dun.

120 Kagaya na lang nung turo ni Balaam, na nagawa niya na ’yung mga naggagandaha’t, intelektuwal, na maka-siyensiyang kababaihan ng Moab ay . . . dahil sa kanilang mapang-akit na mga mata, mga kolorete’t pulbos nila, mahahalimuyak nilang pabango, ay nahalina nila ang mga anak na lalaki ng Diyos; palayo sa sarili nilang kababaihan na sa pagtratrabaho’y may mga kalyo tuloy sa kanilang mga kamay, at walang kapahid-pahid na kolorete sa mukha. Hinalina sila, at, “Mag-asawahan tayo sa isa’t isa, tutal iisang bayan lang naman tayo.” Isang kasinungalingan ’yun! Isa ’yung—isa ’yung kasinungalingan, at kagagawan ng diyablo, para papag-asawahin ang mga anak ng Diyos sa—sa mga anak na babae ng mga tao.

Isa ’yung kasinungalingan ng diyablo, na si Balaam, ’yung bulaang propeta na ’yun, ay nangahas na magpropesiya laban kay Moises na nagsusumikap lamang na mapanatili niyang buo ang bayan; at nagsabing, “Buweno, nagsisisampalataya naman tayo sa iisang Diyos. Naghahandog tayo ng siya ring parehong mga handog. Pareho ang ating mga hain. Parehong-pareho ang lahat ng ginagawa natin.”

“Magkatulad na magkatulad na ililigaw ang Mga Hirang kung maaari.” Kita n’yo na? [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] Magsilayo kayo sa kanya, bayan! Wala kayong anumang dapat na kaugnayan sa kanya!

121 Pansinin n’yo, hinding-hindi mangyayari na ipaliliwanag ng Diyos ang Kanyang Salita sa masamang lahi ni Cain. Hindi. Hinding-hindi nga ipaliliwanag ng Diyos ang Kanyang Salita sa kanila. Pansinin . . . [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]

Ang Diyos ba, dahil sa kaalamang nagdudulot sa mundo na maging kaakit-akit at makasiyensiya at makasalanan, Kanya bang kailangang wasakin ito? Gagawin ba kasi ’yun ng Diyos, gagawing kaakit-akit ang mundo; tingnan n’yo nga ito, Diyos tapos gagawing kaakit-akit ang mga anak Niyang babae, at pagsusuutin sila ng kahali-halina, para ang mga anak Niyang lalaki’y magsipagnasa sa kanila’t mangalunya? Ano? Gagawin ba ng Diyos ang ganun?

Diyan nga sa hubad, at di nadaramtang grupo ng mga taga-Laodicea, na nagsisisamba sa diyos ng sanlibutang ito, sa pamamagitan ng kanilang mga etika’t, edukasyon, at pagiging tuso, at kaakit-akit! “Mangagsilabas kayo sa kanya,” sabi ng Biblia, “huwag kayong makibahagi sa kanyang mga kasalanan, at huwag kayong magsitanggap ng kanyang mga salot.” Ang Diyos nga’y magpapaulan ng graniso mula sa kalangitan isang araw, na sinlaki ng sandaang libra bawat piraso, at wawasakin siya sa pamamagitan ng pambabato sa kanya; gaya ng sinasabi ng Salita Niya na Kanyang ginagawa, na mga kautusan Niya.

Buweno, kung gagawin nga ng Diyos ang ganoong bagay, na ihahayag ang Salita Niya sa mga tao na katulad nun, Kanya nga—nga namang sasalungatin ang Sarili Niyang layon. Hindi mangmang ang Diyos. Siya ang pinagmumulan ng lahat ng karunungan.

Kaya nakikita n’yo na ba kung saan nagmumula ang bagay na ’yun? Nagmumula ’yun kay Satanas, at ’yun nga’y nakalagi kay Satanas mapasa hanggang ngayon. At pinaniniwalaan ’yun ng iglesya.

122 Ngayon nakita n’yo na, mga kababaihan, sinisikap ko nga sa abot ng makakaya ko na ipakita sa inyo ang Salita ng Diyos. Sabi ng Biblia, “Kung ang babae’y pagupit naman ng kanyang buhok, niwawalan niya ng puri ang kanyang ulo,” ’yung asawa niyang lalaki. At ang asawa niyang lalaki ang ulo, kasama na ang Diyos, kaya ibig sabihin niwawalan niya ng puri ang Diyos at ang asawa niyang lalaki.

123 Ngayon ipinapakita nito kung sino ang ulo ng sistemang kaiglesyahan ng mundong ito. Ipinapakita nga nun kung sino ang ulo nito. Si Satanas nga, sa anyo ng isang taong superyor, taong may kaalaman, superyor na kaalaman. Higit nga ang nalalaman niya kaysa sa lahat ng iba pa sa kanila. Kahit ano pa ang sabihin ng Salita, siya’y—siya’y may sariling paliwanag Dito, kita n’yo, ang paliwanag para sa masamang panahong ito.

124 Pansinin n’yo ang mga plano niya na makapagtayo ng isang superyor na iglesyang pang-denominasyon, ang Pandaigdigang

Konseho ng Mga Iglesya, kita n'yo, isang denominang superyor, upang sambahin siya ng buong daigdig, ang hayop, sa ilalim ng pangalan ng pinagkaisang Cristianismo. Nais n'yo po ba 'yung basahin sa Biblia? Apocalipsis 13:6 hanggang 8. Isa nga itong modernong tore ng Babel.

125 Hindi ba't naaalala n'yo kung papaanong si Nimrod, ang mapagpaimbabaw na 'yun, ay nagtayo nitong malaking tore at pinagbayad ang lahat ng iba pang maliliit na mga bayan ng buwis doon? Ang Babble ["Pagsasalita nang walang saysay," sa Tagalog—Tag.] at Babel ay iisang bagay. Pinapalitan lang nito ang pangalan nito, habang, umuusad ito sa mga panahon. Ito'y, ang Roma na ngayon itong Babilonia. At ang buong mundo'y dinadala na sa Babilonia, at dinadala nga ito sa pamamagitan ng Pandaigdigang Konseho ng Mga Iglesya na siyang sa bawat isa sa kanila'y magpapayuko sa harap niya. At natanggap n'yo tuloy ang tatak ng hayop, nang di n'yo namamalayan kung ano ang ginagawa n'yo. Dahil . . .

Subalit yaong mga hirang ay makikinig sa Salita at lalabas dun.

126 Salungat na salungat talaga ang denominasyon sa Salita ng Diyos! Siya'y di nagkaroon nun, hinding-hindi nakipag-ugnay sa ganun, at hinding-hindi makikipag-ugnay sa ganun. Nais ko ngang pakitaan ako ng isang mananalaysay ng kasaysayan kung may iglesya nga na nilitawan ng isang propeta. Ipakita n'yo sa akin kung may pinagpala ang Diyos na isang iglesya kahit kailan . . . pagkatapos maorganisa. Nasadlak na lang siya sa istante't namatay, taglay ang intelektuwal na karunungan mula sa diyablo, sa pamamagitan nung mga namumuno sa kanila, at tinanggihan ang Salita ng Diyos sa pagyabong Nito sa sakdal na sukat ni Cristo. Ngayon nasa ulo na ito. Salungat na salungat nga!

Humiwalay kayo riyan sa hindi sumasampalatayang Eba, kayong mga anak ng panggabing Liwanag!

127 Si Satanas, na diyos ng kapanahunang ito, sa pamamagitan ng katalinuhan niya, nahikayat niya ang mga tao na kumain mula sa pinaghalong punongkahoy niya ng mabuti't masama. Pansinin n'yo, si Satanas, sa pamamagitan nung katalinuhan niya, nahikayat niya ang mga tao ng masamang kapanahunang ito na kumain mula sa punongkahoy niya ng mabuti't masama. Sinasabi-sabi niyang nagtatayo raw siya ng isang mas dakilang sibilisasyong Cristiano, sa pamamagitan ng kanyang kaalaman ng mabuti't masama, mas dakilang sibilisasyong Cristiano raw.

128 Pero ang munting Birhen ni Cristo, Salita, Kawan, Nobya, ay walang pakialam sa kaalaman ng kaaway. Siya'y sa tuwina, sa kaaway, ay nananatiling malaya. Ano 'yung . . . ngayon pag-usapan muna natin ang tungkol sa Kanya, nang ilang saglit. Siya'y naghihintay nga sa Kanyang Panginoon at sa Kanyang

pulot-gata sa Milenyum, mismo, kasama ang Salitang Nobyo, dahil Siya ang Salitang Nobya.

129 Ang kaalaman at sibilisasyon, at ang Cristianismong tunay, ay walang kahit anong pagkakatulad. Ang sibilisasyon, at ang Cristianismong tunay, ay walang kahit anong pagkakatulad.

Ang sibilisasyon ay sa pamamagitan ng kaalaman. Alam nating lahat 'yan. At ang kaalaman nga'y nagbuhat sa Eden, napatunayan 'yan, sa pamamagitan ng ipinangaral ng kaaway kay Eba. At nagdudulot ng kamatayan ang kaalaman. Tama po ba? Ano ang nagdulot ng kamatayan sa halamanan ng Eden? Kaalaman. Pero hindi 'yun maaaring sa Diyos, kaya sa diyablo 'yun. Whew, ang ganda nga nun! Ang kaalaman, siyensiya, edukasyon, ang pinakamalaking hadlang ng Diyos kailanman. Sa diyablo 'yun.

Ngayon makakatanggap nga ako ng ilang mga liham dahil diyan, alam ko. Inaasahan ko na ang mga 'yun.

130 Tingnan n'yo nga kung saan tayo dinala ng kultura ngayon. Kita n'yo? Tingnan n'yo kung anong ginawa nito. Kung saan na tayo naroon? Nananalig na tuloy tayo sa ganung mga bagay, sa pamamagitan ng sarili nating kaunawaan sa pamamagitan ng ating siyensiya.

Sasabihin n'yo, “Papaano naman ang Diyos, sa tingin mo ba'y sa kamangmangan Siya?” Oh, hindi.

Magtatayo ang Diyos ng Sarili Niyang sibilisasyon sa lupa, kapag Siya na ang maghahari. Mundo kasi ito ni Satanas; siya ngayon ang diyos sa makamundo niyang maka-siyentipikong kaalaman. Pero magtatatag ang Diyos ang Sarili Niyang uri ng sibilisasyon. Hindi 'yun magiging sibilisasyon kagaya ngayon. Tandaan n'yo 'yan. Hindi 'yun magiging sibilisasyon na gaya ng kung anong mayroon tayo ngayon. Hindi, hindi. Yun ay magiging ayon sa Kanyang Salita at sa Kanyang layon. Dahil, ang diyos nga ng kasalukuyang masamang kapanahunang ito'y wawasakin, at ang kanyang kaharian kasama niya.

131 Ang modernong panahong ito na maibigin sa kaalaman ay hindi maaaring magkaroon ng mas magaling na pinuno kaysa sa mayroon na sila, si Satanas, isang tagabaluktot ng Salita ng Diyos, gaya ng sinimulan niya sa halamanan ng Eden, pero isang relihiyoso na nananalig sa sarili niyang kaunawaan.

Gaya ng sinabi ko kanina, Mga Kawikaan 3:5, na “Huwag na huwag tayong mananalig sa sarili nating kaunawaan.”

May dinidiyos nga sila, dahil mga tao sila. Pero, ang diyos na ito'y hinahayaan lang sila na gawin ang gusto nilang gawin. Bilang tao, sa tuwina, ang lahat nga ng tao . . . Noong dumating tayo rito, nadatnan natin ang mga Indian na sumasamba sa mga diyus-diyosan, at sa araw, at sa lahat na. Bilang tao, may dinidiyos sila. Kaya ang dakila't intelektuwal na panahon na

ito'y may dinidiyos, kaya ang nangyari'y. . . Ang dinidiyos na ng sanlibutang ito'y ito ng kaalaman, denominasyon, siyensiya, "may anyo ng kabanalan, datapwat tinatanggihan naman ang Kapangyarihan nito."

132 Pansinin n'yo, itinulot ng diyos nila na gawin lang nila kung anong gusto nila. Sila'y nagnanasa sa laman, at 'yun nga ang ibinigay ng diyos nila sa kanila. "Gusto nilang magsuot ng mga bikini. Sige lang pagsuutin lang sila nito. Kita n'yo? Kung gusto nilang gawin 'yung *ganito* o *ganoon*, sige lang gawin lang nila. Wala namang masama dun; nagsisimba naman sila. Ang nanay nila'y Methodist, Baptist, Pentecostal, Presbyterian. Sige lang hayaan sila."

Ganyan nga ang diyos ng kapanahunang ito; makatwiran, marunong, siyentipiko. Di nito kailangan ng pananampalataya. Di nito kailangang patunayan ang anuman. Napatunayan na nito, sa pamamagitan ng kanilang kaalaman. "Buweno, kami ang pinakamalaking iglesya sa bayan," kanilang kaalaman. "Ang pastor namin ay may D.D., Ph.D." Kita n'yo, hindi nangangailangan ng pananampalataya; nakasandig kasi dun sa kaalaman. Hinahayaan ang mga taong mabuhay sa kung anu-ano na lang, basta't dumadalo raw sila upang sumamba sa kanya sa pamamagitan ng kanilang denominasyon at kredo. Isang malaki't nadidilimang mata nga 'yan diyan, hayan nga't tingnan n'yo.

Pinagtatawanan ang Salita ng Diyos, nagsasalita ng mga bagay-bagay na laban sa Salita; at pinipilit, sa pamamagitan ng kanilang kaalaman, na patunayan batay sa siyensiya na hindi totoo ang Salita. Oh, grabeng kapanahunan na talaga ang kinabubuhayan natin! Nakikita n'yo na ba ang diyos na 'yan ng kapanahunang ito?

133 Pansinin, nariyang hinihintay na lang ng Diyos na malubos ang katampalasanan nila na mga modernong Amorrheong ito. Huwag kayong mag-alala, Kanyang naihanda na ang Kanyang Moises pagdating ng panahon na 'yan. Magkakaroon nga ng exodo, balang araw, patungo sa lupang pangako. May isang Moises na darating, tatawag para lumabas, "papagbabaliking-loob ang Pananampalataya ng mga anak sa mga magulang." Darating nga 'yan, isa sa mga araw na ito. Mangyayaring . . .

Sasabihin n'yo, "Buweno, tingnan mo't kami nga'y patuloy sa pag-unlad."

Totoo naman, ang katampalasanan ng mga Amorrheo ay hindi pa nalulubos. Darating nga ito, isa sa mga araw na ito. Hayaan n'yo silang wasakin nila ang kanilang mga sarili.

134 Ang sibilisasyon, kaalaman, binabaluktot nito ang Salita ng Diyos para umayon sa sarili nilang panlasa. Ang bawat denominasyon nga'y 'yun at 'yun ang ginagawa pare-pareho.

Nakakapangaral tuloy si Satanas ng sarili niyang ebanghelyo ng kaalaman sa sarili niyang iglesya.

135 May dalawang klase lang ng tao ang binabanggit sa Bagong Tipan. "Ang mga anak ng Diyos, at ang mga anak ng diyablo." Alam n'yo po ba 'yun? Gusto n'yo bang ilista 'yung Kasulatan para dun? Unang Juan 3:10, kung gusto n'yo nung Kasulatan na 'yun. Binabasa ko ito rito mismo, naisulat ko 'yun dito. Sige. Sige.

136 Dun sa Mga Taga-Efeso 2:2, tinawag silang, "Mga anak ng pagsuway." Gaya ni Eba, masuwayin sa Salita ng Diyos. Ang mga anak ng pagsunod, at ng pagsuway, ay walang kahit anong pagkakatulad.

Kaya kung ganoon naman pala'y papaano makikiisa ang Nobya ni Cristo sa isang denominasyon, gayong masuwayin ang isa at ang isa nama'y masunurin? Papaano nga gayong ang isa nga'y, ang Salita; at ang isa nama'y, binaluktot na salita? Papaanong mangyayari na lalakad na nagkakaintindihan ang isang patutot at isang babaing malinis? Hindi nila magagawa 'yun. Wala silang puwedeng pagkaisahan na kahit anupaman. "Magsilalis kayo sa kanila!" Sa diyablo nga 'yan. Tatak 'yan ng hayop. Tumutumbok silang lahat dun ngayon; ang lahat nga ng mga denominasyon. Wala akong pakialam kung kanino man sila.

Ang kukunin nga ng Diyos, ay hindi isang denominasyon, "isang bayan para sa Kanyang Pangalan." Hindi naman kasi tatanggapin ng denominasyon ang ganitong mga Katotohanan. Mangyari ngang indibiduwal ang makakakita sa Diyos, titingin sa Kanyang Salita at sasampalataya Rito, at hindi kasapi ng anumang organisasyon; kundi nabubuhay para sa Diyos, hindi para sa sariling organisasyon, ang intelektuwal na karunungan ng kung sinong obispo o sinumang nagtuturo nun. Siyanga.

137 Ang mga anak ng pagsuway, at ang mga anak ng pagsunod, ay walang pagkakatulad. Ang isa . . . ay sa araw ng Liwanag; ang isa naman, sa gabi't kadiliman, masamang kapanahunan, sa masamang kapanahunang ito ng kadiliman, mga nightclub, mga sayawan, pero kaanib sa iglesya. Ayos lang 'yun sa diyos nila. Walang anumang bumabagabag sa kanila tungkol dun; hindi sila nababagabag ng ganun.

"Aba, hindi ako nababagabag na gupitan ang buhok ko," sasabihin ng isang babae. "Hindi nasasaktan ang aking budhi." Aba'y mas may balakang pa ang ahas kaysa mayroon siyang budhi. Siyanga. Talagang wala. Ni di niya alam kung ano ba ang budhi. Naiga na ito nang husto na hindi na niya tuloy alam kung ano pa ito. Siyanga.

138 Palakad-lakad sa palibot, tapos tungkol sa Salita ng Diyos, sasabihin, "Aba, pinaglumaan na 'yan at lipas na. Huwag mong puntahan 'yan; kung anu-anong basurang ingay at kung anu-

anong pinaggagagawa, lang naman diyan." Huh! Mas walang kaalam-alam tungkol sa Diyos kaysa sa isang Hottentot na may alam tungkol sa isang mandirigmang Egipcio. Siyanga. Totoo 'yun.

"May anyo ng kabanalan, datapwat tinatanggihan naman ang Kapangyarihan nito; lumayo kayo sa mga ito. Sapagkat sila 'yung tipong magbabahay-bahay, at binibihag ang mga babaing haling."

"Oh, iha, ika'y, dapat mong gawin *ito*. Oh, iha, sa palagay ko 'yang makaluma't lipas nang mangangaral n'yo riyan, kung maaari nga. . . Oh, gaganda ka pa rito sa 'kini," o anuman ang tawag n'yo diyan. "Ikaw, puwede mo namang gawin ang lahat ng *ito*, *iyon*, at *iba pa*. Aba, wala namang naaagrabyado ng kaunting paninigarilyo. Kabilang ako sa iglesya, at alam mong ang denominasyon namin ay mas tinitingala kaysa kani-kanino riyan." Huwag n'yong paniwalaan ang matanda't de koloreteng sinungaling na 'yan. Nagsisinungaling siya sa inyo. Ganoon nga. Siyanga, po.

139 Ayos lang 'yun sa diyos nila. Oh, sa tingin niya mainam daw 'yun, at talagang mahal na mahal nila siya dahil dun.

Naku, makikipagtalo pa sila sa inyo. Paninindigan nila 'yun at makikipagbangayan pa sa inyo tungkol dun. Aba, siyanga naman, tumayo rin mismo si Satanas sa harap ni Jesus Cristo, ang Salita, at nangahas pang magsabi, "Nasusulat."

At naroon naman Siya, ang pinagtibay na Salita ng Diyos. Sinabi Niya, "Lumagay ka sa likuran Ko, Satanas!" Humayo lang kayo't ganoon din ang gawin.

Gaya na lang nung may isang lalaki minsan na ang sabi sa akin, sabi, "Ngayon, kung naniniwala kang totoo ang bautismo ng Espiritu Santo, at naniniwala kang taglay mo na Ito," sabi, "ngayon bulagin mo nga ako." Mangangaral po ito. Sabi, "Bulagin mo nga ako!" Sabi niya, "Si Pablo nga'y nambulag ng—ng isang lalaki noong araw."

140 Sabi ko, "Ginoo, papaano pa kita bubulagin gayong bulag ka na? Papaano pa kitang papatayin kung patay ka na?" Uh-huh.

Sabi niya, "Ako, twenty-twenty ang mga mata ko!"

Sabi ko, "Sa pisikal mo; pero bulag ka nga."

"Imposible 'yan! Hindi nagbigay ng paliwanag ang Biblia sa bagay na 'yan. Sasalitain lang natin kung ano ang sinalita ng Biblia, at mananahimik kung saan Ito nanahimik."

141 Sabi ko, "Sige, nung naroon noon si Elias sa—sa Dothan, kita mo, pumosisyon sa palibot ang buong hukbo ng Siria. At kumakaripas noon 'yung alipin, sabi, 'Oh, ama ko!' Sabi, 'Ama ko,' sabi, 'napapaligiran na tayo ng mga taga-Siria.'"

"Kinuskos ni Elias ang mga mata niya, kagigising lang at nagsabi, 'Mas marami ang sumasaatin kaysa dun sa kanila.'"

"Sabi nito, 'Wala naman akong nakikitang kahit sino.'"

"Sabi, 'Diyos, buksan Mo ang kanyang mga mata.' Ngayon, bulag nga siya. At tumingin siya sa paligid nung matandang propeta roon, at dun sa kabundukan; punung-puno nga ng mga Anghel, at mga karwahe ng Apoy, at mga kabayo ng Apoy."

"At naparoon 'yung propeta, at sinabi ng Biblia, 'Binulag niya sila.' Binulag sa ano? Sa kanya. Lumabas nga siya, sabi, 'Hinahanap n'yo ba si Elias?'"

"'Oo, hinahanap namin siya.'"

"Sabi, 'Halikayo, ipapakita ko sa inyo kung nasaan siya.' Si Elias tapos ituturo sila kay Elias. Mga bulag!"

Sabi ko, "Alam mo ba kung anong masasabi ko sa iyo? Kung ano ang sinabi ng Panginoon ko sa iyong ama, 'lumagay ka sa likuran ko.'" Uh-huh. Uh-huh.

142 Pansinin, ang mga anak ng pagsunod, at ng pagsuway, ay walang pagkakatulad. Yung mga mapagsuway ay sariling diyos ang sinasamba. "Oh," sasabihin nga nila, "sinasampalatayanan namin ang Biblia." Oo, pinaghalong punongkahoy kasi. Kita n'yo, idinaragdag nila 'yung sanlibutan at kaalaman Dito. Ang puno nga ni Satanas, pinaghalo; kita n'yo, kumuha 'yung babae mula sa punongkahoy na 'yun ni Satanas, mabuti't masama. "Oh, sinasampalatayanan namin ang Salita." Tama naman, pero hindi ang lahat Nito. Si Eba ay sumampalataya rin naman sa Salita, ganoon nga, pero hinayaan—hinayaan niya si Satanas na ipresenta 'yung punongkahoy niyang 'yun at baluktutin Ito nang kaunti. Ganoon nga ang nangyari.

"Ang sinumang magdagdag ng isang salita, o mag-alis ng isang Salita mula Rito." Siya ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman! Pansinin. Sige.

143 Ang masamang kapanahunang ito'y sa kadiliman, subalit bahagi nga ng iglesya. Yung diyos nila, mahal na mahal nila siya dahil dun, dun sa pagkunsinte niya na gawin lang nila ang ginagawa nila. Wala man lang pambabagabag sa kanila. Wala ngang bumabagabag sa kanila basta't kaanib sila sa iglesya.

Ganoon na ganoon ang itinuro noon ni Balaam sa iglesya. "Magkaisa tayo; magkakatulad naman tayo." Yun ang kahuli-hulihang pandaraya. Hindi sila pinatawad ng Diyos sa nagawa nilang paniniwala sa ganoong kasinungalingan.

144 Tandaan n'yo, isa 'yung kasalanang walang kapatawaran, tatlong beses sa Biblia, para sa sinuman na magdagdag ng isa mang salita ng sarili nilang interpretasyon sa Salita ng Diyos matapos na pagtibayin Nito ang Katotohanan.

Dun sa halamanan ng Eden, mismo, sa halamanan ng Eden, isang salita lang ang idinagdag at nagdulot 'yun ng kamatayan.

Noong idagdag ni Balaam ang salita, na, "Iisa lang naman tayong lahat," sila'y, di pinatawad ng Diyos ang Israel dahil dun. Nangamatay ang bawat isa sa kanila sa ilang, maliban sa tatlong inilabas ng Diyos.

Sabi ni Jesus, "Sila'y, bawat isa, patay," Walang Hanggang kahiwalayan ang ibig sabihin nun. Lahat sila'y napahamak; hindi napatawad. Isa 'yung kasalanang walang kapatawaran; hindi sila pinatawad kailanman. Oh, grabe!

Hiwalayan n'yo ito, mga anak ng panggabing Liwanag!

145 Nakikita n'yo na ba ngayon kung sino itong pinuno ng moderno't, relihiyosong, masamang kapanahunang ito? Aba'y ang diyablo nga, kinukuha niya ang punongkahoy ng mabuti't masama, at ilalabas 'yun dun, pansinin n'yo, inihahatid ang kaakit-akit niyang iglesyang nobya sa konsehong ekumenikal para sa isang pagkakasal. Magaling. Ang kanyang maganda't siyentipikong iglesya, taglay ang lahat nitong—nitong—nitong mga digri na maaaring makuha; Ph.D mula sa church of Christ, Ph.D mula sa Baptist, Presbyterian, mga Pentecostal, at lahat. Inihahatid silang lahat, taglay ang kanilang napapalamutiang kakinisan at naglalakihang mga simbahan, patungo lahat sa konsehong ekumenikal, "Iisa tayo." Hinding-hindi 'yun kahit kailan maipapatawad sa kanila. Ang pagiging denominasyon, ang pagtataglay ng hero ng pagiging denominasyon, ay tatak ng hayop. Tapos na nating tugaygayin 'yan dito; anupa't hahalo pa kayo roon. Hiwalayan n'yo ito, mga anak, hiwalayan n'yo ito! Kita n'yo? Dakila't, kaakit-akit na iglesya na nasusuutan ng ekumenikal na damit, taglay-taglay ang kanyang marka!

Shorts, oo naman, makamundong damit, kahali-halina, de kolorete, talagang matitinik na mga alagad ng diyablo, para mabitag ang mga anak na lalaki ng Diyos; na maikasal ang isang mabuting binata na pinalaki sa tama sa kung sino riyan na katakuwil-takuwil gaya nun. Siyanga. Grabeng . . .

146 Sasabihin n'yo, "Pagpuputol ng buhok, anong kaugnayan nun?"

Kapatid, huminto muna tayo rito pansumandali. Nadama kong may nagdaramdam dahil diyan. Maaaring nandun siya sa kabilang panig ng telepono kung saan.

Makinig kayo. Ang buhok sa isang babae'y isang panata ng Nazareo. Yung buhok para kay Samson ay isang panata ng Nazareo. At kapag ginugupitan ng isang babae ang buhok niya, ganap niyang—niyang ipinagsasawalang-bahala 'yung panata niyang Nazareo na siya'y Nobya para kay Cristo. Dahil, dun pa lang, sa isang bagay na 'yan, ginugulo na niya ang buong Kabuoan. Tama! Ang isang *Nazareo* ay "isang inihiwalay para sa isang layunin." Tama po ba? Si Samson ay inihiwalay para

sa isang kapanahunan at para sa isang layunin, kaya nga may mahabang buhok siya. Kaya ang isang anak na babae ng Diyos, pinahahaba nga niya ang kanyang buhok, upang ipakitang isa siyang inihiwalay para sa bawat Salita ng Diyos.

147 Kung gugupitan niya 'yun, wala akong pakialam kahit na sige man siya sa pagsayaw, pag-awit, nakakaawit sa simbahan, nakakapagsalita ng iba't ibang wika, nakakatakbo ng paroo't parito, o kasali man sa lahat na ng samahang nagkakawang-gawa, siya'y patay. GANITO ANG SABI NG PANGINOON, 'yan nga ang Salita ng Diyos. Unang Mga Taga-Corinto 14. Oo. Tinanggihan niya ang kanyang panata ng Nazareo at lubos nang napahinuhod sa diyos ng modernong panahong ito. Siya nga. Ngayon, mahiya ka, binibini, o babae!

148 Talagang nakakapambitag ng mga anak na lalaki ng Diyos, gaya noong araw. Tulad ng sinabi ni Jesus, "Kung paano ang nangyari sa mga araw ni Noe, ang kababaihan ay magaganda, at ang mga anak na lalaki ng Diyos ay nagsisipakuha ng asawa sa kanila, ay gayundin naman ang mangyayari sa pagbabalik ng Anak ng tao." At sa tingin ng diyos nila'y magaling 'yun, at maganda, at siyentipiko, kaalaman; ang modernong pananamit ng Hollywood, na idinisenyo sa sarili niyang pagawaan, ganoon nga, lahat nitong putik at kung anu-ano, alam n'yo na.

149 At siya, ang kanyang iglesya, ay talaga namang gustong-gusto 'yung ganun! Oh, naku! "Ipaiintindi ko sa iyo, isa akong Methodist. Isa akong Presbyterian. Matalino ang pastor namin para magsabi ng ganyang bagay." Ibig sabihin pala'y di sapat ang talino niya para sabihin ang mga bagay na sinasabi ng Diyos. Kita n'yo?

150 Siya, ang iglesya, di nga maikakailang sinasamba niya ito. Gustong-gusto niya ito. Akmang-akma kasi ito sa gusto niya! Hindi siya mapapaanib sa anuman, kapatid, o mapapapunta sa kung anuman diyan na kikilos siya na parang iba sa kung ano ang ikinikilos ng mga modernong Jezebel na ito, dahil 'yun ang kalikasan na nasa kanya.

Papaano kayong magiging ibang kalikasan . . . "Sino nga sa inyo ang sa pagkabalisa ay makapagdaragdag ng isang siko sa sukat ng kanyang buhay?" Kung isinilang kang maging limang talampakan ang taas, hindi ka magiging anim na talampakan. Oh, siyanga, kahit 'yung "makinang pampatangkad" ni Booth-Clibborn.

151 Kung ganoon makinig ka, lalaki, kayong mga Ricky! Kung isinilang nga kayong maging lalaki, kung ganoon ay kumilos kayong gaya ng isang lalaki. Yang mga buhok n'yo sa harapan na halos takpan ang mukha n'yo, at kukulutin pa na akala mo naman kahali-halina, aba, mga binaluktot na lahi nga kayo ng mga ahas! Ano nga bang nangyayari sa inyo, ano nga ba?

Hahatulan ng aking Diyos ang bansang ito balang araw sa pamamagitan ng apoy. Palulubugin Niya ito sa ilalim ng dagat. Malapit na ang oras ng Kanyang paghatol. Ang buong mundo ay hahatulan.

152 Pagbabaluktot sa relihiyon! Pagbabaluktot sa mga tao; ni hindi na alam ng mga kalalakihan kung sa anong kasarian sila nabibilang, ganoon din ang kababaihan. Tatayo dun suot-suot ang isang pares ng overall na panlalaki, o pares ng kung anong maiksing shorts, mga damit na tuloy. . . sa bawat galaw niya'y kita ang hubog ng kanyang katawan, tapos tatawagin ang sarili na isang Cristiano. Ni hindi nga siya isang binibini sa ganung lagay, Cristiano pa kaya. Isa nga siyang patutot sa kalsada na ginagamit ni Satanas, kinasihan ni Satanas, upang dalhin ang mga anak na lalaki ng Diyos sa impiyerno, upang isakatuparan ang Salita na sinabi ni Jesus Cristo na magaganap. Hindi ko sana gustong sabihin 'yan, pero 'yan nga ang sinasabi Niya, hayan nga. Nakita n'yo na kung saan galing ang relihiyosong espiritu na ito? Sa pinaghalong punongkahoy.

153 Sasabihin, "Ano namang mali sa pagpapantalon," o kung ano 'yang tawag nila dun, "puruntong-siklista?" o anuman.

Sinabi ng Biblia, na, "Ang sinumang babaing nananamit ng nauukol sa lalaki, ay karumal-dumal sa paningin ng Diyos." Talagang GANITO ANG SABI NG BIBLIA.

At ang isang babaing magpuputol ng kanyang buhok, ay niwawalan niya ng puri ang kanyang ulo. At hindi nga puwede kahit. . . Isa kasing makasalanang bagay para sa isang babae na maghandog ng panalangin nang may maiksing buhok, 'yan ang sinasabi ng Biblia, nananalangin sa publiko na walang lambong ang kanyang ulo. At ang kanyang. . .

Oh, sasabihin n'yo, "Nagsusumbrero naman ako."

154 Ikaw na mapagpaimbabaw, tuturuan mo ng ganun ang mga kababaihan! Gayong, sinabi na nga ng Biblia, "Ang buhok sa kaniya'y ibinigay na pantakip," hindi 'yang kung anu-anong sumbrero na gawa ng tao. Yun nga ang sinabi ng Biblia. Hindi na po ako 'yan; ang sa akin lang ay sabihin ang Totoo. Huwag kayong madaya, gaya ng sabi ng Biblia, "Nagsisigamit na may daya ng mga Salita ng Diyos," upang—upang iangkop o—o pagbigyan ang gusto ng mga rickettang 'yan.

155 Narito nga ang salitang *evil* ["*Masama*" sa Tagalog—Tag.]. "Elvis" ang naisulat ko sa halip na *evil*. Yun din naman kasi 'yun. Ang ibig sabihin ng salitang *Elvis* ay "pusa," at ang ibig sabihin naman ng salitang *Ricky* ay "daga." Kapag sinasabi mong "munting Ricky," ibig sabihin mo nga, "munting daga." Kung anong tawag mo sa kanya, 'yun nga siya. Kung 'yan ang naipangalan mo sa anak mo, palitan mo na agad, alang-alang sa Ebanghelyo. Huwag mong papangalanan ang isang bata. . .

Wala ka ngang maririnig na ganoong mga pangalan doon sa Biblia noon, o sa iba pang mga kapanahunan. Yan kasi ang kapanahunan, pangalan para sa kapanahunang ito. Kung may baluktot man na mga daga at mga pusa, narito na nga.

156 Ang lahat nitong. . .?. . .milyong dolyar na pampatugtog ng plaka, at itong mga batang naglalakad dun sa labas, ni hindi sila makapunta sa—sa paaralan nang hindi 'yun inilalapat nang husto sa kanilang tainga, at bulsa-bulsa ang maliit na radyong transistor na 'yan, tapos sige sa, "pagboom-de-boom."

Oh, may nagpunta sa bahay, at aming. . .Pinapipinturahan 'yung bahay ko noon sa mga lalaking ito. Sabi namin, "Huwag n'yong gamitin 'yan dito. Kung hindi kayo makapagtrabaho nang walang ganyan, sige na huwag n'yo na lang trabahuhin. Talagang pinanenerbiyos ako n'yan na hindi ko kayang tiisin 'yan. Inihandog namin ang lugar na ito sa Diyos. Hindi namin mapapayagan ang ganyang uri ng walang katuturang boogie-woogie ng mga huling araw na ito sa lugar na ito." Sabi ko, "Patayin n'yo 'yan o huwag na lang kayong magtrabaho!"

157 Pansinin, relihiyoso, raw, oh, siyanga, dadalo sa simbahan at tatayo sa pasilyo, tapos nakikinig sa boogie-woogie.

158 Gayundin, pansinin, ang Nobyang-Salita ni Cristo'y pataas na, rin. Kasabay ng nakikita nating pag-usad nitong anticristo, mula noong simula at ngayon ay papunta na sa ulo; konsehong ekumenikal ang maghahatid dito sa isang eklesiyastikal na ulo. At ang munting Iglesya na kasabay, din naman, ang Nobyang-Salita ni Cristo sa pagdaan ng mga kapanahunan, ay patungo na rin sa isang Ulo, 'pagkat makikipagkaisa na Siya sa Kanya ngang Kabiyak. Sa tuwina 'yan, kagaya na lang ng iglesya't ng lahat ng iba pa, kinakailangan Nitong makipagkaisa. Yaong Trigo nga, gaya ng lahat ng iba pa, ay bumabalik mismo sa ulo nito kung saan ito nagpasimula; gaya nina Cain at Abel. Ang Nobyang-Salita ay patungo na sa Persona ng Salita ng Diyos na nahayag sa masamang kapanahunang ito na kinabubuhayan natin. Kita n'yo na kung saan na ito patungo?

159 At hindi magtatagal ay kukunin na ni Satanas ang kanyang intelektuwal na nobya at itataas itong isang dakila rito, itong anticristo, ang herarkiyang pansimbahan, at iluluklok siya sa isang trono, "at ang buong mundo ay manggigilalas sa kanya."

At pagkatapos ay darating na si Cristo. At hindi maaaring umiral nang sabay ang dalawang 'yun. At kaya ang kaharian ng kaaway ay babawiin; ang kaaway ay wawasakin.

At si Cristo, ang Salita ng Diyos. . .Mangyaring, ang babae ay bahagi ng katawan ng lalaki. Hindi sila dalawa; sila'y isa. At ang Nobya, Iglesya, Salita, "isang bayan na tinawag palabas mula *rito* at *doon*, para sa Kanyang Pangalan," ay makikipag-isa sa Katawan ni Jesus Cristo.

At ang kaharian ng anticristo ay babawiin at wawasakin. At si Cristo na ang luluklok, at mauupo dun sa luklukan ng Kanyang amang si David, at maghahari sa lupa sa loob ng isang libong taon; at pagkatapos ihaharap ang Iglesya sa Diyos, “na walang bahid at dungis.” Oo!

160 Ngayon pansinin n’yo itong mahaba niyang buhok, isang panata ng Nazareo sa Salita. Ilalarawan ko nga ang Nobya ni Cristo ngayon. Inilarawan na natin ang anticristo, na nariyan nga’t siya’y, relihiyoso at lahat na, maka-siyensiya. Ngayon ang mapagpakumbaba’t munting Nobya naman ni Cristo’y sadyang sa Salita lamang sumasampalataya, maraming iba-iba po Siya. Mga indibiduwal po ang mga ito. Umaasa ako’t naniniwalang marami sa kanila ang nakaupo rito, marami sa mga nakikinig ngayon. At umaasa ako na ang sarili ko, at ang bawat isa sa inyong lahat, ay bahagi nung Nobyang ’yun. Umaasa po akong marami. At, magkakagayon nga, ang lahat ng itinalaga para sa bagay na ’yun ay magkakagayon nga, ’pagkat ito ang kanilang kalikasan. Mamumulat sila. Kikilalanin lamang kasi ng Salita ang Salita. Hindi Nito kikilalanin ang isang denominasyon o anumang pagbabaluktot. Higit ang nalalaman Nito; ang Salita kasi Ito. Kita n’yo? Hindi Nito kikilalanin ang anumang . . .

Ang trigo nga’y hindi maaaring maging anumang iba kundi trigo lang talaga. Nagsimula itong, isang trigo; hahantong ito na, isang trigo. At hindi kailanman magiging trigo ang isang damo, kahit pa dilig-diligan ito ng siya ring pagpahid. Kita n’yo? Hayan nga’t di naman kasi ’yun isang trigo. Gaya nga ng nabanggit ko nung isang araw, patungkol sa punongkahoy na may iba’t ibang sanga.

161 Ang mahaba nga Niyang buhok, isang panata ng Nazareo, ay nagpapakita na Siya’y may panata sa Diyos. Ang Kanyang maganda’t mahabang damit ng pangako Niyang Salita para sa kapanahunang Kanyang kinabubuhayan, ay nakabalot nga sa Kanya, na pinagtitibay Siya sa pamamagitan nitong Siya, na binabanggit dito sa Mga Hebreo 13:8, “si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.” Dahil, bahagi nga Siya ng Nobyong Salita, tapat sa Kanya hanggang sa pinaka maliit na detalye.

162 Ngayon masdan n’yo. Kung lalabas dito ang isang babae at tapos kasal nga siya sa isang lalaki, at lalabas siya at sisiping sa ibang lalaki’t makikipag-relasyon sa lalaking ’yun at tapos babalik sa kanyang asawang lalaki, dapat nga siyang palayasin nung asawa niyang lalaki. Tama po ba? Ang dapat kasi’y tapat ang babaing ’yun sa asawa niya, ’pagkat may panata siya roon sa asawa niya.

At may panata nga ang Nobya ni Cristo kay Cristo; at Siya nga ang Salita.

Ni pagkindat nga nang patago, di nga dapat kumindat ang isang babae sa ibang lalaki. Hindi talaga siya dapat magbigay ng anumang senyales, kahit anong pagpapakita ng motibo man sa ibang lalaki, sapagkat ganap siyang nobya sa isang nobyo.

163 Di namin gusto itong mga pinaghalong punongkahoy n'yo, itong mga denominasyon n'yo. Maging tapat kayo kay Cristo, ang Salita. Pagtitibayin Niyang katotohanan Ito. Kahit pa, po, kahit anumang pagpapakita ng motibo 'yan na hahantong para makisiping ka sa lalaking 'yan, kahit pa 'yang pasasamahin ka sa piling niya o kung anu-ano pa, o kaya naman pababayaan mo lang siya na kupkupin ka niya sa kanyang mga bisig o sa kanyang pangangalaga, o—o kahit pa 'yang magpapakumbinse ka na papayag na sa *ganito*, o *ganoon*.

Makinig kayo sa iisang Tinig lamang. "Nakikilala ng Aking mga tupa ang Aking Tinig. Ang sa iba'y hindi sila . . . " Ano ang Kanyang Tinig? Kapag sinabing tinig ng tao ay 'yung salita ng taong 'yun ang tinutukoy. At ito na nga Ito, ang Biblia, walang kahit anong salita ang dapat idagdag Dito o alisin man mula Rito. Manatili lang kayo mismo sa Tinig na 'yun. "Ang sa iba'y hindi sila magsisisunod," sa denominasyon nga.

164 Mangyaring, Siya'y bahagi ng Nobyo, tapat sa Kanya maski sa pinaka maliit na detalye, naghihintay sa Pagkakasal. Pag-iisa, pero hindi sa konsehong ekumenikal; kundi sa alapaap, sa Hapunan sa Kasalan. Ang Nobyang ito'y pinagkalooban ng . . . Para nga po ito sa sarili nating iglesya. Haya't . . . Ipinagkaloob sa Nobya, at inihayag sa Nobya, itong Pitong-Tatak na mga hiwaga ng Biblia. Kita n'yo? Nakikita ng Nobya ang pandaraya ng manlilinlang, na sa sobrang napakalapit sa Katotohanan, ay halos mailigaw ang mga Hirang. Kanyang nakikita nga 'yun. Kanyang . . .

165 Nakikita n'yo ba ang dalawang espiritung magkasalungat na kumikilos sa masamang kapanahunang ito? Nakikita n'yo na ba? Bawat isa'y relihiyosong-relihiyoso talaga, sina Cain at Abel, mga espiritung humahantong na muli na kanilang pinaka ulo, ganun na ganun pa rin kung papaano sila nagsimula. Ang isa, sumasamba sa pamamagitan ng kagandahan, ng kaalaman, ng edukasyon, ng siyensiya, ng mga etika. At ang Isa naman, sa pamamagitan ng pananampalataya ng kapahayagan ng Salita ng Diyos. Silang dalawa'y kapwa nakatayo rito sa mismong gusaling ito ngayong umaga. Siyanga.

166 Kapahayagan, o pananampalataya, sa Kanyang Salita, ay di iniyayabang ang sarili niyang kaalaman; ganyan nga itong tunay, na totoong Cristiano.

Sasabihin nila, "Mayroon ka bang—mayroon ka bang digri ng pagiging doktor?"

Di iniyayabang ang sarili. "Ako'y—ako'y sumasampalataya sa Kanyang Salita." Kita n'yo? Hindi iniyayabang ang kung

anu-ano. Hindi iniyayabang na mataas ang pinag-aralan niya. Hindi kabilang sa anumang denominasyon, anumang pangkat, anumang sekta. Kabilang kasi Ito kay Cristo. Ito ang Kanyang Asawa; hindi nga 'yung iglesyang asawa.

Patutot kasi 'yung ganun. Ang sabi ng Biblia ay isa siyang "patutot," at, "INA NG MGA PATUTOT," at sa pagsasama-sama nilang lahat ay naging siya ring patutot. At ang ganoong uri ng babae ay isang babaing di tapat sa kanyang Asawa; at tapos sasabi-sabihing asawa raw niya si Cristo, tapos kabilang naman sa isang denominasyon. Anong kalokohan 'yun! Tayo nga'y dapat maibilang kay Cristo.

167 Pero, sa pagsunod nga, ang mumunting Babaing ito ng pananampalataya, na nabubuhay gamit ang pananampalataya, itong Nobya; maaaring 'yung indibiduwal na 'yun *dito*, *doon*; dito, o kaya sa ibang dako kung saan, sa kung saang iglesya, sa kung saang denominasyon, anupaman 'yan, kahit wala dun. . . ay nananampalataya sa Salita ng Diyos, na may pagsunod, may pag-ibig habang naghihintay, sa pangako ng kapanahunan na mapatunayan. Inaantabayanan niya ito. Bahagi kasi siya nung Salitang 'yun, at inaantabayanan Niya ang Kanyang buhay na maihayag na ang Salitang 'yun.

Mga kapatid, hindi pa ba n'yo nakikita ito? Umaasa akong hindi ito lampas-lampasan sa inyo.

Naghihintay ang Katawan (ang Salita), naghihintay dun sa Buhay (yaong Espiritu nga) na patunayan o buhayin Ito. Yun ang hinihintay ng Nobya. Wala nang iba pang buhay ang uubra sa Kanya. Hindi Siya mabubuhay sa anumang iba pang paraan. Mangyaring, nadarama na Niya ito roon, at sigurado Siyang mangyayari talaga ito; pagkatapos ay mangyayari nga, tapos ay magigising Siya. Sinabi na ng Diyos, "Magkaroon," at lumitaw ang Nobya na gaya nung una na lumitaw rin.

168 "Mga anak ng pagsuway" ang ibig sabihin ng pagsunod. . . Ang ibig sabihin ng *pagsuway* ay "paghihimagsik." Tiningnan ko 'yun sa diksyunaryo, para makasigurado. Paghihimagsik, naghihimagsik laban sa (ano?) sa nahayag na Salita ng Diyos. Kagaya nga ni Cain na naghayag. . . naghimagsik laban dun sa nahayag na kapahayagan ni Abel, na pinatotohanan ng Diyos na matuwid nga 'yun. At si Cain nga'y naghimagsik laban dun, at pinatay ang kapatid niya.

Ang mga Fariseo, sa kanilang sariling makadenominasyong kaalaman sa kung ano ang Salita ng Diyos, na kinabibilangan ng piling-piling mga kalalakihan, naghimagsik sila laban sa pinatotohanang Salita ng Diyos na 'yun na nahayag para sa kapanahunang 'yun, si Jesus Cristo, at pinatay Siya. Tama po ba?

Ganoon nga ang ibig sabihin ng "mga anak ng pagsuway," isang paghihimagsik laban sa Salita ng Diyos.

Ngayon nakikita n'yo na ba kung nasaan na sila ngayon? "Oh, lumipas na ang araw ng mga himala. Si Jesus Cristo ay hindi na ganun. Walang ganyan na bautismo ng Espiritu Santo. Walang kabuluhan ang lahat ng mga bagay na 'yan!" Kita n'yo, paghihimagsik! Hindi nila kailangang magsabi ng dalawang bagay; isa nga lang, tapos na agad. Paghihimagsik na 'yun, dun pa lang. Hindi nila puwedeng sabihin 'yung wala kayong mga mata, wala kayong mga tainga; kailangan n'yo kasing tingnan 'yung kabuoan nung katawan, ang buong Salita. Kita n'yo?

Tumatawag nga ang Espiritu Santo, "Magsilabas kayo sa kanya, huwag kayong makibahagi sa kanyang denominasyonal na mga dogma," habang tinatawanan lang niya at nililibak ang Salita ng Diyos ng panahong ito.

"Ang Diyos ay hindi napabibiro," tandaan n'yo 'yan. May paglalagyan ang iglesya. Huwag kayong mag-alala. Mayroon siyang paglalagyan. Sabi ng Biblia, sa Mga Taga-Efeso 4:30, kung nais n'yong ilista 'yan, Mga Taga-Efeso 4:30, sabi dun. "Ang Diyos ay hindi napabibiro. Anuman ang ihasik ng tao, ay siya namang aanihin niya." Hindi nga sila maaaring manlibak at manlait, at sasabihin ang mga bagay-bagay na ito, at tapos di sila mananagot. "Gaya ng tinapay sa tubigan, babalik ito."

169 Siya nga'y nobya ng diyablo, na nababalutan ng kanyang relihiyosong, kaalaman na nagtataguyod na maging maibigin sa kasalanan para sa kasalukuyang masamang panahon na ito, upang dayain kayo. Oh, naku! Isang pangkat o denominasyon ng mga mapang-akit na mga espiritu, gamit ang siyentipikong kaalaman at modernong sibilisasyon! Niyayabang . . .

Magtatapos na tayo sa ilang mga minuto na lang. Ihihinto ko na rito, dahil hindi ko na matatapos itong lahat, kita n'yo.

Niyayabang na nagtatayo raw siya ng isang napakainam na mundo na mapapamuhayan n'yo. Sinasabi nga niya, na dun, sa sibilisasyon niya, nagtayo na raw siya dun ng naggagandahang mga simbahan, mga kolehiyo, mga paaralan, mga ospital, mga aklatan, at pansamantalang tulong para sa tao, na wala ang Salita ng Diyos. Nagawa nga niya ito. Napatunayan niyang may kakayahan siyang gawin 'yun. At nahulog dun ang mga tao; ganoon, nga; mga paaralan, mga denominasyon, kultura, mga taong magaganda magsipagdala ng damit, mga taong mas masasarap ang kinakain.

Mas nanaisin ko pang nasa pila ako ng libreng tinapay, at tama sa harapan ng Diyos; kaysa kumain ng pritong manok tatlong beses sa isang araw, at pagkatapos kabilang naman sa patutot na gaya nun.

170 Tandaan n'yo, malapit na ang oras kung kailan darating na ang pagtatatak. Kayo'y maaari ngang makabilang dun o hindi kabilang dun. Darating 'yun na gaya ng isang magnanakaw sa gabi. Maaabutan nun kayo sa ganung kalagayan, at nandun nga

kayo. Wala nang pagkakataon pang makalabas mula roon sa panahong 'yan; tinanggap n'yo na kasi. Magsilabas na kayo!

Isang Anghel ang nanaog mula sa Langit, na may dakilang nagniningning na mukha, at sumigaw sa mga tao. Niyanig nito ang lupa. "Mangagsilabas kayo sa Babilonia, sapagkat siya ay nangaguho. Huwag kayong mangaramay sa kanyang mga salot, bayan Ko!" Mangagsilabas kayo sa kanya. Mangagsilabas na kayo! Hindi ba't kababasa lamang natin dito sa Salita, kani-kanina? Ang isang *anghel* ay isang "mensahero," kita n'yo, na nanaog. Pansinin ang Espiritu Santo, "Mangagsilabas kayo sa kanya, upang huwag kayong mangaramay."

171 Ngayon nagtayo nga siya ng lahat ng mga bagay na ito. Nagtayo siya ng naglalakihang mga simbahan. Nagtayo siya ng kolehiyo, mga paaralan, dinadala ang mga tao at inaaralan sila para dun sa isang—isang mas maganda, raw na, sibilisasyon. At inaralan nila ang mga tao gamit ang modernong sibilisasyon na nagdala sa kanila sa hukay ng kamatayan, sa pamamagitan ng kaalaman, palayo sa Diyos at sa Kanyang Salita.

Hindi pa ba n'yo nakikita ang buong panlilinlang na ito? Nakikita n'yo na ba ito, iglesya? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Diyan sa naaabot ng pagsasahimpapawid, kung nakikita n'yo na ito riyan sa inyong sariling mga kongregasyon, sabihin n'yo po "amen," upang malaman ng iba riyan kung saan kayo naninindigan. Kita n'yo?

Nagawa nga niya ito. Siya'y. . .isang diyos ng lupang ito, at nakapagtayo nga siya ng mga kolehiyo. Nakapagtayo siya ng mga pamantasan. Nakapagtayo ng mga ospital. Nakapagtayo ng mga aklatan. Naitayo niya ang lahat ng mga bagay na ito bilang pansamantalang tulong sa tao, sapat lang para madaya sila, para malihis sa Salitang 'yun. At saan niya sila dinadala? Ang pansimbahang daigdig ay isinadlak sa kamatayan, dahil sinabi ng Diyos na Kanyang susunugin ang patutot, at ang mga anak nito, sa isang walang katapusang apoy.

Mangagsilabas na kayo riyan, bayan! Huwag na kayong magpaabot na nariyan pa kayo. Lumayo na kayo mula sa bagay na 'yan nang simbilis na makakaya n'yo!

Sa pamamagitan ng kaalaman niya sa siyensiya, ay nagawa niya ito, ngayon pansinin, na wala ang Salita ng Diyos.

172 Hindi tayo itinalaga ng Diyos kahit kailan na humayo at magkaroon ng mga paaralan. Hindi Niya ginawa 'yun. Hindi Niya sa atin sinabi na magtayo ng mga ospital. Oo't mabuti ang mga 'yun. Hindi Niya tayo sinabihan na magtayo tayo ng mga aklatan. Hindi, po. Hindi Niya ginawa 'yun kahit kailan.

Ang sabi Niya, "Ipangaral ninyo ang Ebanghelyo." At, ang Ebanghelyo, ay pagpapakita, pagpapatotoo sa kapangyarihan ng Espiritu Santo.

Sabi ni Pablo, "Ang Ebanghelyo ay dumating sa atin, hindi sa salita lamang, kundi sa pagpapakita at mga pagpapatotoo ng Espiritu Santo." Sinabi nga ni Pablo, "Hindi ako naparito sa inyo na may mga dakilang salita ng karunungan ng kung sinong doktor o ng kung sino pa, kundi naparito ako sa inyo sa kapangyarihan at patotoo ng Espiritu Santo; upang ang inyong pananampalataya ay hindi masalig sa karunungan o kaalaman ng mga tao ng sanlibutang ito, kundi roon sa kapangyarihan ng pagkabuhay na mag-uli ni Jesus Cristo; sapagkat Siya nga'y nabubuhay, siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman." Tulungan nawa tayo ng Diyos na sampalatayanan din naman ang gayon, at pagtibayin nawa ng Diyos ang siya ring bagay na 'yun gaya ng ginagawa na Niya noon pa man.

173 Hinahadlangan nga kayo ng kaaway na makita ang tunay na kapahayagan at pananampalataya ng Salita ng Diyos na inihahayag at pinagtitibay ngayon, gamit 'yung kanyang mga paaralan, mga aklatan, mga panitikan, mga ospital, at iba pa. Kita n'yo? Hinahadlangan niya kayo. Mayroon nga siyang pagpapaliwanag ngayon, gaya ng ginawa niya dun kay Faraon noon, sinisikap niya kayong mahadlangan na makita ang ibig sabihin nung pinagtibay na Salita ng Kanyang ipinangakong kapanahunan sa panggabing Liwanag, na pinagtibay na nga't pinatunayan pa. Sinisikap niya, sa pamamagitan ng kanyang kaalaman, at mga paaralan, at mga taong matataas ang pinag-aralan, mga etika, at kung anu-ano pa, na mahadlangan kayo na makita Iyon.

Gagamit ng kahit ano, upang hindi kayo tumingin Doon at makitang si Jesus Cristo pala 'yun! Papaano n'yo malalamang si Jesus Cristo na pala 'yun? Siya ang Salita, at Siya ang Salita ng kapanahunang ito. At sa kapanahunang ito, sinabi nga na magaganap ito sa kapanahunang ito, at heto na't nagaganap na. Kita n'yo? Kita n'yo? Sinisikap nung kaaway sa abot ng kanyang makakaya na hadlangan kayo na makita Iyon.

Kakabitan niya Ito ang kung anu-anong makadudungis na pangalan sa abot ng makakaya niya. Kita n'yo? Tatawagin niya itong "mga holy-roller" at kung anu-ano pa. Tinawag niyang "Beelzebub" si Jesus. "At kung pinangalanan nilang Beelzebub ang Panginoon ng sambahayan, gaano pa kaya ang itatawag nila sa mga alagad?" Kita n'yo?

174 Kita n'yo, sinisikap kayong hadlangan na makita ang tunay na kahulugan nung Salita. Hindi 'yung kung ano ba talaga . . . Kita n'yo, may pagpapaliwanag siya Rito, sinasabing *ganito* raw ang ibig sabihin talaga Nito.

Ang sabi ng Diyos, "Ipinangako ko sa huling mga araw na isusugo ko sa inyo ang Malakias 4." Di na Ito kailangan pang bigyan ng interpretasyon; Siya mismo ang gumawa nun. Sabi niya, "At kung papaano ang nangyari sa mga araw ni Lot, ang

sanlibutan ay mapapasa kalagayang Sodoma; at sa panahong 'yan, ay ihahayag ko ang Anak ng tao sa pamamagitan nito, mismo." Nariyan na nga sa paligid natin ang lahat na ng uri ng panggagaya at lahat na, rito, subalit narito rin sa atin Yaong totoo, rin naman. Kita n'yo? Sinabi Niyang gagawin Niya ito.

Sinabi Niyang lilitaw ang anticristo at halos ililigaw ang mga Hirang kung maaari. Ngunit sabi, "Hayaan n'yo lang sila. Hayaan n'yo lang sila sa ginagawa nila. Mahahayag din ang kamangmangan nila." Bakit? Ang pagsubok sa pamamagitan ng Salita ang magpapatunay rito. Kita n'yo?

Pagdating na sa Salitang 'yun, "Dapat kasi *paganito 'yan*, *paganoon*? Oh, di ako naniniwala sa binhi ng serpiyente. Hindi ako naniniwala sa *ganito*, *ganoon*, at sa *iba pa*." Hindi pa nga talaga nahayag kung ganun, kita n'yo, hindi pa, hindi talaga. Oh, kapatid, tingnan n'yo nga kung saan . . .

Malapit na po tayong magtapos, dahil alas dose na.

175 Pansinin po, sinisikap kayong mahadlangan na makita ang kahulugan ng Salita sa panahong ito, ng panggabing Liwanag na maipaliwanag. Ano ngang . . . Anong ibig sabihin nito? Nasa panahon na kung saan ang exodo ay nalalapit na, darating na ang Diyos para sa Nobya, na tiyak na tiyak talaga. Kita n'yo?

176 Ngayon nais ko po kayong tanungin. Mangyaring, alas dose na ngayon, limang minuto na lang; at itutuloy na lang natin ito, mamayang gabi. Nakikita n'yo ba ang diyos ng kapanahunang ito? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Naniniwala ba kayo riyan? ["Amen."] Nakikita n'yo na ba kung papaano ito kumikilos, isang simbahan, intelektuwal, mala-siyentipiko?

Ang buong mundo nga'y pagmamay-ari na nito, nitong mga denominasyon. At, kapag sasabihin mong, "Cristiano ako." "Sa anong denominasyon ka kabilang?" Aba'y, kung kabilang nga ako sa isang denominasyon, talagang hindi ako naniniwalang Cristiano pa rin ako sa ganung kalagayan. Ngayon, mabigat na pananalita po 'yan, pero totoo 'yan.

Katatapos ko lang sabihin na ang kaalaman at siyensiya, at Cristianismo, ay walang maaaring pagkaisahan na kahit ano. Ang isa'y sa diyablo, at ang isa naman ay sa Diyos. Anumang bagay na itinatanggi ang Salita ng Diyos, layuan n'yo ito. Kita n'yo? Hindi nga, maaari. Tumatawag ang Biblia, sa huling mga araw na ito, na ang mga Cristiano'y magsilabas na sa patutot na 'yun, na siyang punongkahoy ng mabuti't masama.

177 Oo nga't, totoo namang may kabutihan din siya. Mayroon bang makapagsasabi ng masama patungkol sa isang ospital? Wala, po. Aklatan? Wala, po. Edukasyon? Wala, po. Pero, kita n'yo, naglalaan sila ng ganun sa mga tao na wala naman ang Salita. Nakita n'yo na kung gaanong napaka mapanlinlang ito? Ang mga tao'y lalaanan ng isang simbahan para madaluhan,

isang pagsamba para makasamba, "isang diyos na mauupo sa isang luklukan." Sinabi na ito ng Biblia nung una pa lang.

178 Ngayon kayo nga'y maibibilang sa isa sa mga katawang 'yun. May dalawa lang kasi ngayon sa lupa, kahit noon pa man, at mananatiling ganun hanggang sa pagparito ni Jesus, at ang isa dun ay wawasakin nga. Ngayon kabilang kayo sa isa sa mga katawang 'yun. Ang isa dun, inaaniban n'yo; at ang isa naman, ipinanganak kayo Rito. Kita n'yo?

Ang isa dun, bahagi nga kayo dahil ipinanganak kayo Rito. Tunay ngang bahagi kayo Rito. Maitatanggi ko bang may braso ako? Ganun din 'yun na di ko maitatanggi ang anumang Salita ng Diyos, kung bahagi talaga ako ng Diyos. Gaya na lang na ako'y binubuo ng baha-bahagi ni William Branham; baha-bahagi ako, at bawat bahagi ay bahagi ko nga. At kaya naman ang bawat Salita ng Diyos ay dapat lang na lumapat sa espiritu ko, nararapat lang na lumapat sa kaluluwa ko, nararapat lang na lumapat sa pamumuhay ko, nararapat lang na lumapat sa mga pag-iisip ko. Kung taliwas Doon ang mga pag-iisip ko, ang ibig sabihin nga'y hindi nananahan ang Espiritu ng Diyos sa akin. Siyanga. Hindi kasi puwedeng tanggihan ang kahit isang Salita Nito.

179 Nabibilang kayo sa isa sa mga katawan na 'yan. Ganoon 'yun, talagang ganoon. Alinman 'yan sa dun ka sa Katawan ni Cristo, sa pamamagitan ng Salita; o sa katawan ni Satanas, sa pamamagitan ng kaiglesyahan. At ang buong mundo nga'y may iglesya ngang kinabibilangan talaga; kung saan may diyos sila dun na sinasamba. Alinman kasi 'yan sa sasamba ka sa diyos ng kaalaman, kung saan babatay kayo sa kung anong naririnig n'yo sa pamamagitan ng kaalaman, babatay kayo sa *ganito*, sa *ganoon*, o sa *iba pa*; o kaya naman babatay kayo sa Salita ng Diyos, sa pamamagitan ng pananampalataya, naghihintay sa Kanya na patunayan Ito at gawin Itong totoo.

Ang tunay na Iglesya ng Diyos ay hinihintay ang mabunying kaarawan ng Milenyum na parating,
Kung kailan ang banal nating Panginoon ay darating at ang Nobya Niyang naghihintay palayong aagawin;
Oh, ang puso ko'y mapupuno ng tuwa habang nagbabantay, nagdarasal gumagawa,
Sapagkat ang Panginoon natin ay magbabalik darating dito sa lupa muli.

Oh, ang Panginoon nati'y magbabalik darating dito sa lupa muli,
Gagapusin si Satanas nang isang libong taon, kaya manunukso sa atin ay wala na roon,
Pagkatapos na si Jesus ay bumalik dumating dito sa lupa muli.

180 Oh, mga mamamayan ng Estados Unidos na ito, kung saan napapakinggan na ngayon ang Mensaheng ito, humiwalay na kayo nang simbilis na makakaya n'yo mula sa kaalamang ito, ng siyentipikong kapanahunang kinabubuhayan natin. Kayo'y magsilikas na patungo sa Salita ng Diyos!

Kayo, ako, wala—wala ngang may kaya, may kaya Rito. Walang makapagpapatunay Rito. Ang Diyos lang ang Siyang makapagpapatunay. Walang sinuman ang may karapatan na lagyan Ito ng interpretasyon; ako man, ibang tao ma'y walang karapatang gawin 'yun. Ang Diyos Mismo ang gumagawa ng Sarili Niyang pagpapaliwanag. Nangako Siya. Siya mismo ang nagsabing gagawin Niya ito sa huling mga araw.

At sa huling mga araw nga'y bubulagin nitong diyos ng masamang kapanahunang ito ang mga mata ng mga tao, gamit ang kanyang intelektuwal na kaalaman, na isang punongkahoy na pinaghalong mabuti't masama, na patuloy pa ring inaalok sa mga tao. At heto na nga siya, ang bagay na ito ay hahantong na, ang denominasyong ito'y nagbuhat pa sa mga Panahon ng Kadiliman, at maski bago pa ang mga Panahon ng Kadiliman, nariya't hahantong na ang lahat sa isang superyor na tao, si Satanas, na nagsabi, "Aking itataas ang aking sarili sa itaas ng mga anak ng Diyos, at magsisipakinig sila sa akin." "At siya na nagtatanyag sa kanyang sarili na tulad sa Diyos anupa't siya'y nauupo sa templo ng Diyos, at diyan mahuhulog ang mga anak ng Diyos."

181 Aba, anak ng Diyos, sasabihin, "Buweno, ang maybahay ko, hindi siya ganun; isa siyang disenteng . . . " Sige, sige lang. Kita n'yo?

Sasabihin n'yo, "Buweno, 'mga anak ng Diyos' nga ang sabi Niya." Ganoon, nga.

Ang lalaki, kahit sino pa siya, ay nilalang sa larawan ng Diyos, para sa ikaluluwalhati ng Diyos. At ang babae nama'y isang kakambal na likha mula sa orihinal na produkto para sa lalaki, hindi sa Diyos. Tama. "Nang makita ng mga anak ng Diyos na magaganda ang mga anak na babae ng mga tao, sila'y nagsikuha ng mga babae."

"Kung paano ang nangyari sa mga araw ni Noe, gayundin ang mangyayari sa pagparito ng Anak ng tao."

Ngayon tingnan n'yo po, kung nais n'yong malaman kung nasaan nang yugto ang iglesya, masdan n'yo kung saang yugto na ang kababaihan, kita n'yo, 'pagkat siya ang iglesya. Masdan n'yo nga kung anong ginagawa na niya, kita n'yo, at narito na talaga sa masamang kapanahunan ng patutot.

182 Tingnan n'yo, wala nang mas babaluktot, mas sasama, mas bababa, na siyudad ng pagkapatutot sa mundo, kaysa Nazaret, at mula roon ay pumili ang Diyos ng isang birhen. "Mangyari bagang lumitaw ang anumang magaling na bagay sa Nazaret?"

At mula rito sa masamang kapanahunang ito, kung saan binulag ng diyos ng kapanahunang ito ang mga mata ng mga tao, dahil sa kanilang mga dogma't mga denominasyon; mula nga mismo sa kapanahunang ito, pumipili ang Diyos ng bayan para sa Kanyang Pangalan.

Bagama't dito'y kinukutya at di pinapansin, panahon ay darating Panginoon Kanyang dadalhin
Ang Kanyang mga hirang sa may pintuan, at di mahihigitan ganitong kalagayan.
At tayo'y mag-aawitan magsisigawan, at mag-iindakan,
Cordero'y papawiin itong mga luha natin;
Magbubunyi tayo sa buong sanlinggo,
Na katumbas sa dakong 'yun unang sampung libong taon. (Siyanga.)

Kamangha-manghang bayan para sa Kanyang Pangalan at sila'y tatawaging Nobya Niyang Kasintahan. (Tama po ba?)
Bagama't kinukutya't di pinapansin, panahon ay darating Panginoon Kanyang dadalhin
Yaong Kanyang hirang doon sa may pintuan, (sa exodo po ito) at sa aki'y di mahihigitan ganitong kalagayan.

183 Tumatanda na ako. At nagsisimula nang kumupas ang mga araw ko; at nagsisimula nang lumabo maging paningin ko; at nagsisimula nang maupos ang apoy ng ningas ng buhay ko. Hindi ako natatakot sa kadiliman. Heto nga't nais kong sabihin ito, kasama ni Pablo, "Kilala ko Siya sa kapangyarihan ng Kanyang pagkabuhay na mag-uli." Kahit saan pa nila ako ilibing, malunod man ako sa dagat, o matupok sa isang hurno, o makain ng leon, tatawagin Niya ang aking pangalan, at ako'y tutugon. Amen!

Manalangin tayo.

184 Kung mayroon po rito, o diyan sa malalayong dako sa labas na naaabot ng Mensaheng ito sa buong bansa, diyan sa mga maliliit n'yong mga simbahan at mga grupo at mga bulwagan, at saan man kayo nakaupo ngayon, kahit isa lang, oh, tulutan n'yo akong himukin kayo; tulutan n'yong magsumamo ako sa inyo, bilang isang ministro ng Ebanghelyo; tulutan n'yo akong magsumamo sa inyo, sa Pangalan ni Jesus Cristo; tumakas kayo palayo sa galit ng masamang kapanahunang ito! Huwag n'yong paglingkuran ang diyos ng masamang kapanahunang ito.

Oh, alam kong sasabihin n'yo, "Mabuti naman ito. Mainam naman ang mga ito." Ganoon nga, isa kasi itong pinaghalong punongkahoy. Hindi n'yo puwedeng paghaluin ang kaalaman sa Salita ng Diyos.

Salita kasi Ito na dapat paniwalaan sa pamamagitan ng pananampalataya, at hindi ng kaalaman. Hindi n'yo Ito dapat kailangan unawain; tanggapin n'yo lang Ito. Sabihin n'yong tama Ito, at pagkatapos mamuhay kayo sa pamamagitan Nito. Ganoon lang ang hinihiling Niya sa inyo na gawin.

Kung may sinuman dito sa mga kasama natin dito, hindi ko na kayo siguro tatawagin dito sa harap ng altar para dumulog, dahil wala na ring sapat na lugar dito; o diyan sa abot ng pagsasahimpapawid, diyan sa mga linya ng telepono, kung may sinuman diyan na hindi pa nakakikilala sa Kanya. Huwag . . .

185 Oh, mga kababaihan, napagsabihan ko nga kayo ngayong umaga, pero di ito sa ganang akin, ang Salita ito na sinasabi ko lang ang nakasaad. Maiiksing buhok, pagsusuot ng maiiksing damit, binibihisan ang inyong mga sarili para magmukhang kahali-halina, hindi n'yo ba nalalaman na ang espiritung. . . Siguro'y malinis ka nga namang talaga, kapatid na babae, iha, pagdating sa katawan mo, subalit sa kaluluwa mo'y hindi mo ba nakikita kung ano 'yang kumukuntrol sa iyo?

Magagawa nga ba ng Diyos na pagmukhaing kahali-halina ang anak Niyang babae para dayain ang sarili Niyang anak na lalaki, para magkaroon ng masamang pagnanasa sa kanya, at tapos nun papapanagutin sila kapwa dahil sa pangangalunya? Magagawa ba Niya ang ganun, kapatid na babae? Itanong n'yo ang tanong na 'yan sa mga sarili n'yo. Hindi, kahit na sampung milyong milya pa. Huwag n'yong ibunton 'yan sa Diyos.

186 Kapatid na lalaki, ganoon na bang katindi ang ibinigay na espiritu sa iyo ng diyos na 'yan na di mo makita-kita na mali na pala 'yan? Ganoon na bang katindi ang pagkabulag niya sa mga mata mo, nang pansimbahang mga etika, denominasyon, kredo, at iba pa, na hindi mo makita-kita na pinatototohanan ng Diyos ang Kanyang Salita at ipinangyayari Ito? Yan bang trabaho mo, amo mo, asawa mo, mga anak mo, iglesya mo, o iba pang mga bagay, ang naghihiwalay sa iyo mula sa Salita ng Diyos, na siyang nag-iisang pinagkukunan ng Buhay? Lumikas ka na riyan, kapatid kong lalaki! Minamahal kita, sa banal na pag-ibig. Hindi ko kinikilingan ang sinuman sa mga kapatid kong lalaki nang higit sa iyo, hindi po. Kung gagawin ko 'yun, ipinapakita lang nito na may pagkiling ako sa isang tao. Hindi ko sinasabi ang bagay na ito para galitin kayo. Ipinapakita ko, sinasabi ko ang mga bagay na ito, dahil ang mga ito'y nandun sa Salita ng Diyos. At dahil isa akong lingkod ng Diyos at nasa puso ko ang pag-ibig ng Diyos, sinasabi ko nga sa inyo ang mga bagay na ito upang makita n'yo at maunawaan. Marahil hindi n'yo malalaman ang mga ito kung di ko sinabi sa inyo. Maaari n'yo na bang layuan na ito ngayon?

Ngayon, sama-sama tayo saanmang panig kayo ng bansa, iyuko po natin ang ating mga ulo.

187 Minamahal naming Diyos, nakalapag sa harap ko ang mga panyo. May sakit ang mga tao; ipinapatong ko ang mga kamay ko sa kanila, upang Iyong pagalingin sila.

188 At umaasa ako Panginoon, ngayong gabi, na magkakaroon ng isang dakilang gawain, na paparito ang Kapangyarihan ng Diyos, ng mga dakilang tanda't kababalaghan. Gaya ng narinig namin na kinalabasan nitong mga huling ilang pagtitipon, na kahanga-hanga talaga, ang nasaksihan dun na mga nangyari! Dumadalangin po ako, minamahal na Diyos, na pagkalooban Mo kami ng ibayong bisa pa ngayong gabi. Idinadalangin ko ito nang may wagas na puso, Panginoon, sapagkat ito'y pag-ibig ko para sa Iyo at sa Iyong Salita, at para sa mga taong narito. Iyong ipagkaloob po ito, minamahal naming Diyos.

189 At kung mayroon man sa buong panig ng bansa, o maging dito man sa dako rito ngayon, na may sakit at nagdadalamhati, at kailangang lumiban mamayang gabi, hindi makakaparito, o makakapunta sa mga simbahan o sa mga dako kung saan sila nagkakatipon; idinadalangin kong pagalingin Mo sila. Ngayon po, Panginoon, sa pinakadakila sa lahat ng mga kagalingan! Iyo ngang napapagaling ang kanilang pisikal na katawan mula sa kanser, TB, pulmonya, anupaman, pero sila'y nagkakasakit uli, walang duda, kung mabubuhay pa sila nang matagal, dahil nasa ilalim pa rin ng kasalanan ang kanilang mga katawan, ng sumpa. Subalit itulot Mo pong matamo nila ang—ang tunay na Makalangit na kagalingan, ang kagalingan ng kaluluwa, na siyang magpapangyari sa kanila na maging bagong nilalang, na lumipat na mula kamatayan patungo sa Buhay, at pagkatapos sa matandang tabernakulo na ito'y makapaghihintay na sila para sa katubusan ng katawan pagkatapos na matubos na ang kaluluwa. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon.

190 Lisanin na nawa nila ang mga denominasyon at mga kredo. Diyos, doon po sa dakong 'yun ng mga kredo't denominasyon ay nakilala ko ang ilan sa pinaka maiinam na mga kapatid. At, Diyos, papaano ko po ito ipangungusap upang makita nila, at maipapakita sa kanila ang Salita? Naliligalig ako dahil dito. Pero batid ko po, muli, na Iyong sinabi, "Walang makalalapit," kahit gaano pa siyang kabait, kababang-loob, kaamo, "maliban na tawagin siya ng Aking Ama. At ang lahat nang ibinigay sa Akin ng Ama, ay magsisilapit." At, Panginoon, dama ko na ang nakaatang na tungkulin ko sa pagsasaysay ng Katotohanan.

At hindi magaya sa sinabi ni Pablo, "Nagsisigamit sa Salita ng Diyos na may daya," na may denominasyonal na dogmang inihahalo Rito, katulad ng isang punongkahoy na pinaghalong mabuti't kaalaman, mabuti't masama; kundi ay magkaroon ng bukas na puso't Espiritu Santo. Iyong ipagkaloob Ito, Diyos. Iyo pong iligtas ang bawat isa.

191 Ngayon habang nakayuko ang ating mga ulo't nakapikit ang ating mga mata. At hindi po 'yan para sa akin. . . Hindi ko masasabing, "Wala naman sa akin kung gawin n'yo man 'yan o hindi." Dahil mayroon po. Mahal ko kayo. At umaasa akong hindi n'yo isiping hindi naman dahil nga nakakapagsalita ako nang masakit. . . Gaya ng sabi ni Pablo, "Ibig kong makaharap ninyo ako, at baguhin ang pakikitungo ko." Hindi 'yun dahil sa hindi niya sila gusto; mahal nga niya sila. Hindi kesyo. . . Gaya nga nung pagsaway sa kanila ni Jesus, at pagkatapos namatay para sa kanila. Kita n'yo, "Ama, patawarin Mo sila; hindi nila nalalaman ang kanilang ginagawa." Ang isipin nga, na may isa riyan na nagnanais na maging tuwid, at nagsusumikap na maging tuwid, at pagkatapos makikita ang diyablong 'yun. . . Yan ang bagay na hindi ko gusto, na mabulag ang mga mata ng mga taong ito.

192 Ang dapat nga sana'y nag-aalab na ang bansang ito sa kaluwalhatian ng Diyos, sa pagkakita sa nagaganap sa bansa sa huling araw na ito, itong huli. Pero bakit hindi laganap ang mga ganitong rebaybal sa malalayong mga lalawigan? Heto nga ang West Coast, pinakamalayong kanluran na mapupuntahan n'yo. Ngayon dumadagundong na pababa sa ilalim ng lupa ang kaapawan ng kasalanan, at lumulubog na siya; ang mga dako, at ang Los Angeles at Hollywood, pulga-pulgada ang paglubog kada oras, wala nang paraan para mapigilan pa ito. Siyanga, humantong na tayo rito. Halos lahat ng oras ay maririnig na natin ang mga pagtawag. Kung batid n'yo na . . .

Ngayon, huwag n'yong tingnan ang iba. Ngunit kung batid n'yo na, mula sa puso n'yo. . . hinihiling ko po sa inyo. Hindi ko kayang mabatid ang nilalaman ng puso n'yo, liban na ihayag ito ng Diyos. Pero mula sa puso n'yo, kung nakikita n'yo nang wala kayo sa dakong dapat n'yong kalagyan sa Diyos, at sa Kanyang Salita, sa pananampalataya, maaari n'yo lamang ba na itaas sa Kanya ang inyong kamay, sabihin n'yo sa Kanya, "Panginoon, tulungan Mo ako." Oh Diyos! Dito sa simbahang ito, na siksikan, siksikan hanggang sa magkabilang dingding, sa loob at sa labas, literal na nasa daan-daang mga kamay nga, marahil nasa dawalang daang mga kamay ang tumaas. Salamat sa pagtatapat n'yo.

193 Minamahal naming Jesus, huwag Mo pong hayaan na ang isa man sa kanila'y mapahamak. Bilang Iyong lingkod, na nakatayo sa pagitan ng mga buhay at ng mga patay, itinuturo sila, nang daliri ko, sa Salita ng Diyos. Hindi ko sila kayang iligtas, Panginoon, subalit nais nilang maligtas. At, Ama, gaya ng maraming beses ko nang sinasabi, ang araw ay sumisikat sa umaga; at sa pagsikat nito sa ibabaw ng lupa, isinugo nga ito ng Diyos para pahinugin ang binhi, para makagawa ng natural na pagkain para sa pamumuhay na natural. Subalit, Oh Diyos, sinabi Mo, "Sa kanila na nangatatakot sa Kanyang Pangalan ay

sisikat ang Araw ng katuwiran na may kagalingan sa Kanyang mga pakpak.” Iyo pong itulot na ang Araw ng katuwiran, ang Salita ng Diyos, ay sumikat sa mga puso ng mga tao, at pagalingin ng mga sinag ng kagalingan ng pananampalataya sa Salitang ’yun ang bawat masuwayin sa Salita, at dalhin sila sa kapuspusan ng mga anak na lalaki at mga anak na babae ng Diyos.

Sila’y sa Iyo, Panginoon. Sa Pangalan ni Jesus Cristo, sa mga narito at maging sa mga naaabot ng pagsasahimpapawid, inihaharap ko sila na nagsipagtaas ng kanilang mga kamay sa Iyo para sa kaligtasan ng kanilang mga kaluluwa. Amen.

There my raptured soul shall find (Saan? Sa altar na ito.)
Rest beyond . . . (sa pamamagitan ng pananampalataya’y tumutunghay ako sa dakong ’yun kung saan ako patutungo)

Near the cross, (doon ibinayubay ang Salita) . . . the cross,
Be my glory ever;
Till my raptured soul shall find
Rest beyond the river.

Jesus, keep me . . . (Ang, maipako nga kasama Niya, na wala nang pagnanais ng kahit ano sa sanlibutan. “Iyong panatilihing nakapako ako sa krus.”)
There’s a precious fountain,
It’s free to all, a healing stream,
Flows from Calvary’s fountain.

In the cross, in the cross,
Be my glory (itaas natin ang mga kamay natin) ever;
Till my raptured soul shall find
Rest beyond the river.

194 [Nakikipag-usap si Kapatid na Branham sa mga sandaling ito sa mga manunugtog—Pat.] “I can hear my Saviour calling.”

Iabot n’yo ang inyong kamay at makipagkamay, at sabihin, “Pagpalain ka ng Diyos, Cristiano.”

[Nakikipag-usap muli si Kapatid na Branham sa mga manunugtog—Pat.] “I can hear my Saviour calling.”

Nadarama n’yo ba ang Kanyang Presensya? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.]

Diyan sa mga naaabot ngayon sa mga telepono, inyo ngang kamayan lahat ang bawat isa riyan, at sabihin, “Pagpalain ka ng Diyos, Cristiano.”

195 Alam n’yo, may tubig dito sa dakong bautismuhan. Siya nga’y kumukuha ng isang bayan na magdadala ng Kanyang

Pangalan. Kung hindi pa kayo nababautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo para sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan n'yo, may dako ngang bautismuhan dito, may mga pamalit na damit, may nakaantabay na tao para mabautismuhan kayo. Malugod kayong tatanggapin, kung tunay n'yong tinatanggap si Jesus bilang inyong Tagapagligtas at nananampalataya kayo na 'yun nga ang Katotohanan.

196 Tandaan, walang sinuman sa Biblia, o anumang panahon bago maorganisa ang iglesyang Katoliko, na nabautismuhan sa anumang ibang paraan maliban sa Pangalan ni Jesus Cristo. Walang kahit saan sa Kasulatan, o sa kasaysayan, na mayroong nabautismuhan, sa Iglesya ng buhay na Diyos, sa pangalan ng mga titulong "Ama, Anak, Espiritu Santo." Isa itong dogmang Katoliko, at hindi turo ng Biblia.

197 Noong kinapanayam nga ako ng isang pari noon, tinanong ko siya tungkol dun. Sabi niya, "Katotohanan namang talaga 'yan. Pero kami ang iglesya; maaari naming baguhin anuman ang nais namin. Nasa iglesya na ang seremonyang ganyan. Ang Diyos nga'y nasa Kanyang iglesya."

198 Sabi ko, "Ang Diyos ay nasa Kanyang Salita. At kung ang iglesyang 'yan ay. . . " Sabi ko, "Ang Diyos ang Salita. At kung taliwas ang iglesya sa Salita, aba'y hindi ko paniniwalaan ang iglesyang 'yan."

Sa akin nga'y ang bawat salita ng tao'y kasinungalingan, maski pari pa man 'yan, papa, anupaman siya, at ang Salita ng Diyos ang tapat.

At ibinunsod ni Pablo na ang bawat tao, anupaman 'yang pagkakabautismo sa kanya, basta't hindi siya sa Pangalan ni Jesus Cristo nabautismuhan, ay ibinunsod niyang magsilapit at mabautismuhan uli.

199 At matapos na mayroon na roong ilan na natanggap na ang Espiritu Santo, sabi ni Pedro, "Mangyari bagang hadlangan natin ang tubig, sa mga ito na nagsitanggap na ng Espiritu Santo," Mga Gawa 10:49, "sa mga ito na nagsitanggap na ng Espiritu Santo gaya rin naman natin sa. . . " At inutusan nga niya sila, "Bago ninyo lisanin ang dako, bagama't natanggap n'yo na ang Banal na Espiritu, halikayo at magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo."

Sapagkat, ibinigay nga kay Pedro ang susi sa Kaharian, na sinasabi, "Anuman ang iyong talian sa lupa, ay tatalian Ko sa Langit." At ano ang ginagawa ng isang susi? Binubuksan nito ang isang bagay, ang hiwaga.

200 At noong sabihin na ni Jesus, "Humayo kayo, bautismuhan ninyo sila sa Pangalan ng Ama, Anak, Espritu Santo," inilagay 'yun dun upang bulagin ang di mananampalataya.

Masdan! Bakit hindi 'yun isinagawa ni Pedro, nang letra por letra? Ang dapat nga sana'y ganoon.

Kung babautismuhan kasi ang isang tao sa mga titulong, "Ama, Anak, Espiritu Santo," ay di talaga siya nabautismuhan sa ganun; wala kasing Pangalan. Ang *Ama* ay hindi pangalan, ang *Anak* ay hindi pangalan, at ang *Espiritu Santo* ay hindi pangalan. Ang Espiritu Santo ay kung ano nga Ito; gaya ng, isa akong tao. Espiritu Santo Ito.

Ang *Ama* ay titulo; isa akong ama. Ang *Anak* ay titulo; isa akong anak. Ang *Tao* ay isang titulo; 'yun ako. Pero William Branham ang pangalan ko.

At ang Pangalan nga ng Ama, Anak, Espiritu Santo ay ang Pangalang "Jesus Cristo." Sinabi ni Jesus, "Naparito Ako sa Pangalan ng Aking Ama." Anong Pangalan ng Ama? Sino pa mang anak ay naparito sa pangalan ng kanyang ama. At ang Pangalan nga ng Ama ay Jesus Cristo. Kita n'yo? Nakita n'yo na ang ibig kong sabihin?

201 Kung sasabihin ko sa inyo na pumaroon kayo't ikuha ako ng isang bagay mula sa isang istante sa dako rito, sa pangalan ng alkalde ng lungsod. Ilan po rito ang nakakakilala kung sino ang alkalde ng lungsod? Ang butihin kong kaibigan, na si Rich Vissing. Buweno, hindi nga kayo pupunta dun at sasabihin "sa pangalan ng alkalde ng lungsod." Ang sasabihin n'yo, "Sa pangalan ni Richard Vissing." Kilala n'yo po kayong mga taga-rito sa Jeffersonville kung sino nga siya.

At 'yan nga ang dahilan kung bakit ang pagkakasabi Niya, "Ama, Anak, at Espiritu Santo." Sa Kanya'y nananahan ang pagka-Diyos, ang kapuspusan ng pagka-Diyos sa kahayagan ayon sa laman. Kaya ang sabi Niya, "Bautismuhan ninyo sila sa Pangalan ng Ama, Anak, Espiritu Santo."

202 Tumayo nga roon si Pedro taglay ang kapahayagan na 'yan kung saan ay itinayo ni Jesus ang Iglesya, sa kapahayagan kung Sino Siya, kaya ang sabi niya, "Mangagsisi kayo, bawat isa sa inyo, at magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo." At wala ni . . . Ang mga susi nga'y sinusian nang pabukas sa Langit at sa lupa. "Walang ibang Pangalan sa silong ng Langit na ibinigay sa mga tao na sukat ninyong ikaligtas."

203 Bakit kayo nagbabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo? Para nga sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan. "Sinumang inyong patawarin ng mga kasalanan, sa kanila'y ipapatawad." Kita n'yo? Subalit kung sa palagay n'yo ay di karapat-dapat at di husto ang isang tao para mabautismuhan, huwag n'yong gawin 'yun. Dahil, kung gagawin n'yo, 'yun na 'yun, kita n'yo. Nakukuha n'yo naman siguro ang ibig kong sabihin?

I can hear my Sav-. . .(ang Salita) calling, (tumatawag doon sa libingan)
I can. . . ("Maaari bang mamatay kang kasama Ko, upang magbangon kang kasama Ko?"). . .-iour calling,
I can hear my Saviour calling, (ano pang masasabi ng sanlibutan?)
"Take thy cross, and follow, follow . . ."

Ngayon, kung hindi pa n'yo nagagawa:

Where He (Siya ang Salita) leads me I. . . (nariyan nga ang dakong bautismuhan)
Where He leads me I will follow,
Where He leads me I will follow,
I'll go with Him, with Him all the way.

Iyuko natin ang ating mga ulo.

204 Minamahal naming Diyos, nakahanda na ang bautismuhan. Ngayon mangusap Ka sa mga puso, Panginoon. Dinggin nawa nila si Cristo, ang Salita, na tumatawag sa kanila, at sumama sa Kanya nang lubusan.

"Sasama ako sa Kanya sa halamanan. Sasama ako sa Kanya sa bautismuhan. Dadalhin ko ang Kanyang Pangalan. Nais kong maging isa sa mga tinawag Niya para sa Kanyang Pangalan. Sasampalatayanan ko ang Kanyang Salita. Susunod ako. Hindi ako makikipaglaro sa sanlibutan. Magiging tapat akong, ikakasal na Nobya. Hindi ako lilihis sa kahit isa mang katiting na bahagi ng Kanyang Salita. Anuman ang sabihin, magiging tunay akong, totoong Nobya. Anuman ang sabihin Niya sa akin na gawin, gagawin ko.

"Kung nais ng magiging Asawa ko na pahabain ko ang buhok ko, gagawin ko. Kung nais Niyang tanggalin kong lahat ang koloreteng ito sa mukha, gagawin ko. Kung nais Niya . . . Sabihin Niya sa akin na masamang espiritu nga ito, masamang espiritu ito na pinagbibigyan ko, dahil sa kahali-halinang mga damit na ito; gagawin ko, di ko na susuutin pa. Di ko alintana anuman ang sabihin ng iba, di ko na 'yun susuutin pa.

"Nais Niyang lumabas ako sa grupong 'yun na kinaaaniban ko, na mga di-mananampalataya, aking gagawin; kahit maging naiibang tinapay pa ako, o anupaman. Kanyang ipinangakong di Niya ako iiwan ni pababayaan man. Aking—aking gagawin nga. Sasama ako sa Kanya nang lubusan. Kung nais Niyang mabautismuhan ako sa Kanyang Pangalan, gagawin ko 'yun."

Panginoon, ipinangako Mo po ito sa Iyong Salita rito, 'yun nga ang nais Mo. Makita nawa ito ng bawat isa, Panginoon, at may katamisang, kilalanin Ito nang may pagpapakumbaba. Sa Pangalan ni Jesus dumadalangin ako. Amen.

205 Kayo'y sa Diyos na. Kunin nawa ng Diyos ang mumunting paputul-putol na mga salitang ito at gawing totoo ang mga ito sa inyo, 'yan nga ang taimtim kong dasal.

Ihahanda na ang bautismuhan. Sinumang nais pumarito, ihahanda na...May ministrong magpapabatid n'yan maya-maya. Sinuman diyan na nakapagsisi na't nais magpabautismo, gamit ang Pangalan ni Jesus Cristo, kayo nga'y malaya lang na pumarito. Nakahanda na ang lahat. "Nakahanda nang lahat." Anuman 'yang magagawa naming tulong para mamuhay kayo para sa Diyos, narito nga kami para gawin 'yan. Pagpalain nga kayo ng Diyos.

206 Ngayon magsitayo na tayo. Ngayon ang munting awitin natin, *I Love Him*. "Minamahal ko Siya sapagkat minahal Niya akong una." Awitin natin 'yan, bawat isa ngayon.

I love Him,...

Itaas natin ang mga kamay natin habang inaawit natin ito.

...I love Him
Because He first loved me
And purchased my salvation
On Calvary's tree.

Habang nakayuko ang ating mga ulo't mga puso ngayon, ihiging natin 'yun sa Kanya. [Nagsimulang ihiging ni Kapatid na Branham ang *I Love Him*—Pat.]

I love Him.

[Patuloy na hinihiging ni Kapatid na Branham ang *I Love Him*—Pat.]

Oh Diyos, aming Ama, mahabag Ka sa amin na abang mga nilalang, Panginoon. Palakasin Mo po kami para sa gawain na aming kakaharapin. Tulungan Mo po ako, Oh Diyos, tulungan ako! Dama ko na may bagay na naroong nagbabadya sa isang dako, Ama. Tulungan Mo po ako, Oh Diyos, na malaman ang Katotohanan. Pagpalain Mo ang mga taong ito, minamahal na Diyos. Pangunahan Mo sila, 'yan ang dalangin ko, sa Pangalan ni Jesus.

207 Ngayon habang nakayuko ang ating mga ulo, hinihiling ko sa pastor natin dito, Kapatid na Neville, ang minamahal nating kapatid, na pumarito po ngayon at sabihin ang mga bagay na sasabihin niya, tungkol sa kung...ito ngang pagbabautismo. Ako na sigurong magpapabatid nito. Sa palagay ko'y binuksan na ang bautismuhan, hayan nga.

*Ang Diyos Ng Masamang Kapanahunang Ito* TAG65-0801M
(The God Of This Evil Age)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng umaga, Agosto 1, 1965, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2017 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:



VOICE OF GOD RECORDINGS

P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.

www.branham.org